

Filipino sa Piling Larang Sining at Disenyo

Patnubay ng Guro

Ang aklat na ito ay magkatuwang na inihanda at sinuri ng mga edukador mula sa mga publiko at pribadong paaralan, kolehiyo, at/o unibersidad. Hinihikayat namin ang mga guro at ibang nasa larangan ng edukasyon na mag-email ng kanilang puna at mungkahi sa Kagawaran ng Edukasyon sa action@deped.gov.ph.

Mahalaga sa amin ang iyong mga puna at mungkahi.

**Kagawaran ng Edukasyon
Republika ng Pilipinas**

Filipino sa Piling Larang – Sining at Disenyo
Patnubay ng Guro
Unang Edisyon 2016

Paunawa hinggil sa karapatang-sipi. Isinasaad ng Seksiyon 176 ng Batas Pambansa Bilang 8293: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa ano mang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan kung saan ginawa ang isang akda upang magamit sa pagkakakitaan ang nasabing akda. Kabilang sa mga gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang patawan ng bayad na royalty bilang kondisyon.

Ang mga akda/materyales (mga kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand names, tatak o trademarks, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagtibay sa isang kasunduan ng Kagawaran ng Eduksyon at Filipinas Copyright Licensing Authority (FILCOLS), Inc. na ang FILCOLS ang kumakatawan sa paghiling ng pahintulot sa nagmamay-ari ng mga akdang hiniram at ginamit ditto. Hindi inaangkin ni kinakatawan ng tagapaglathala (publisher) at mga may-akda ang karapatang-aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Br. Armin A. Luistro FSC
Pangalawang Kalihim: Dina S. Ocampo, PhD

Mga Bumuo ng Patnubay ng Guro

Corazon L. Santos, PhD
Chuckberry J. Pascual, PhD

Tagasuri ng Sining ng Pagtuturo:	Genaro Gojo Cruz, MA
Tagasuri ng Wika:	Wilma B. Bitamor, MA
Pabalat:	Teresa Bernadette L. Santos

Tagapamahala ng Pagbuo ng Patnubay ng Guro

Bureau of Curriculum Development
Bureau of Learning Resources

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Bureau of Learning Resources (DepEd – BLR)

Office Address: Ground Floor Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City
Philippines 1600

Telefax: (02) 634 – 1072; 634 – 1054; 631 – 4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph

Talaan ng Nilalaman

KABANATA 1: MGA TEKSTO MULA SA KULTURANG POPULAR

ARALIN 1: Sipi mula sa Bata, Bata, Paano Ka Ginawa?	3
ARALIN 2: Sipi mula sa <i>Naglalayag</i>	8
ARALIN 3: Beep, Beep, Beep, Sabi ng Jeep	12
ARALIN 4: Mga tweets mula sa <i>#Pag-ibig</i>	18
.....	22
ARALIN 6: Mga sanaysay ukol sa kulturang	
.....	26

KABANATA 2: SINING PANTEATRO

ARALIN 7: Isang	31
.....	35
.....	39
.....	43
-	47

KABANATA 3: ANG MUNDO NG TULA, ANG MUNDO AY TULA

ARALIN 12: Mga Tula Ni Cura	52
ARALIN 13: Mga Tula Nina Rivera At Co.....	61
ARALIN 14: Mga Tula Mula Pinpin At Delos Reyes.....	70

KABANATA 4: NAGSASALITA AKONG PROSA!

ARALIN 15: <i>Ang Flash Fiction</i>	77
ARALIN 16: <i>Ang Facebook Status</i>	83
ARALIN 17: <i>Ang Blog</i>	90

KABANATA 5: SINING BISWAL, POPULAR NA LITERATURA

ARALIN 18: <i>Kiko Machine At Pugad Baboy</i>	99
---	----

KABANATA 6: DISENYO

ARALIN 19: <i>Nasyonalismo at Arkitekturang Filipino</i>	109
ARALIN 20: <i>Ang Pagsakay nina Juan Masolong at Flor Contemplacion sa MRT: Ang Diskurso ng Paglalakbay sa Panahon ng Kolonyalismo at Globalisasyon</i>	113

ANEKSO

.....	119
Ni: Rene Villanueva	
.....	141
Ni: Floy Quintos	

**K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM
SENIOR HIGH SCHOOL – APPLIED SUBJECT**

Titulo ng Kurso: Filipino sa Piling Larang (Sining)

Diskripsyon ng Kurso: Pagsulat ng iba't ibang anyo ng sulating ilinang sa mga kakayahang magpahayag tungo sa mabisa, mapanuri, at masinop na pagsusulat sa piniling larangan

Pamantayang Pangnilalaman: Nauunawaan ang kaikasan, layunin at paraan ng pagsulat ng iba't ibang anyo ng sulating ginagamit sa pag-aaral sa iba't ibang larangan (Sining at Disenyo)

Pamantayan sa Pagganap: Nakabubuo ng isang magasing pansining o pangdisenyo

Mga Tekstong Babasahin: Iba't ibang anyo ng sulatin sa mga piling larangan

Gramatika: Paggamit ng mga kasanayang komunikatibo (linggwistik, sosyolingwistik, diskorsal at istratediyik)

Paksa: Pagsulat ng mga Sulating sa mga Kurso sa Sining at Disenyo

NILALAMAN	PAMANTAYANG PANGNILALAMAN	PAMANTAYAN SA PAGGANAP	MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO	CODE
Kahulugan, kaikasan, at katangian ng pagsulat ng sulating Sining at Disenyo 1. Sining at Disenyo	Natutukoy ang kahulugan at kaikasan ng pagsulat ng iba't ibang anyo ng sulatin Napag-iiba-iba ang mga katangian ng iba't ibang anyo ng sulatin	Nasuri ang kahulugan at kaikasan ng pagsulat ng iba't ibang anyo ng sulatin	1. Nabibigyang-kahulugan ang mga anyo ng sulatin sa sining at disenyo 2. Nakikilala ang iba't ibang anyo ng sining at disenyo ayon sa : (a) Layunin (b) Gamit (c) Katangian (d) Anyo (e) Target na gagamit 3. Nakapagsasagawa ng panimulang pananaliksik kaugnay ng kahulugan, kaikasan, at katangian ng iba't ibang anyo ng sining at disenyo	CS_FSD11/12PB-0a-c-103 CS_FSD11/12PT-0a-c-91 CS_FSD11/12EP-0a-c-41

Bilang ng Sesyon: 40 sesyon bawat markahan/ apat na araw sa loob ng isang linggo

K to 12 Senior High School Applied Subject – Filipino sa Piling Larang (Sining) Disyembre 2013

**K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM
SENIOR HIGH SCHOOL – APPLIED SUBJECT**

NILALAMAN	PAMANTAYANG PANGNILALAMAN	PAMANTAYAN SA PAGGANAP	MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO	CODE
<p>Pagsulat ng iba't ibang sulatin sa sining at disenyo na makikita sa sumusunod:</p> <p>(a) Kulturang Popular</p> <ul style="list-style-type: none"> • Iskrip • Rebyu ng Teleserye • Novelty songs • Flash Fiction • Pick up lines • Textula • Fliptop • Tuiaa sa tren/ dtyip/ bus (MRT/LRT) • Rebyu ng pagkain • Fashion <p>(b) Social Media</p> <ul style="list-style-type: none"> • Blogging • Ask.fm at mga katulad na site • You tube, Tumblr, Wordpress <p>(c) Mass Media</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagsusuri sa isinaling teleserye/ anime • Isilogan <p>(d) Sining Panteatro</p>	<p>Nakapagpapaliwanag sa pasulat na anyo ng mga karanasan batay sa pinanood, isinagawa, binasa, at nirebyu</p> <p>Natitiyak ang angkop na proseso ng pagsulat ng piling sulatin sa sining at disenyo</p> <p>Nagagamit ang angkop na format at teknik ng pagsulat ng sulatin sa sining at disenyo</p>	<p>Nakasulat ng isa sa bawat nakalisting anyo ng sining o disenyo</p> <p>Naitatanghal ang output ng piling anyo ng sining at disenyo</p> <p>Nakapagkikritik nang pasulat sa piling anyo ng sining at disenyo</p> <p>Nakabubuo ng portfolio ng mga sinulat na piling anyo ng sulatin</p>	<p>1. Naipapaliwanag ang kahulugan ng pinakiningang halimbawa ng fliptop, novelty songs, pick-up lines, atbp.</p> <p>2. Nasusuri ang katangian ng mabisa at mahusay na sulatin batay sa binasang mga halimbawang gaya ng iskrip, textula, blog, at isilogan</p> <p>3. Nabibigyang-kahulugan ang mga terminong teknikal na may kaugnayan sa piling sulat</p> <p>4. Nakatutukoy ng mahahalagang elemento ng mahusay na sulating pansining ng pinanood na teleserye, dula, shadow play, puppet show, atbp</p> <p>5. Nakasulat ng sulating batay sa maingat, wasto, at angkop na paggamit ng wika</p>	<p align="center">CS_FSD11/12PN-0d-f-93</p> <p align="center">CS_FSD11/12PB-0g-i-104</p> <p align="center">CS_FSD11/12PT-0j-k-92</p> <p align="center">CS_FSD11/12PD-0l-n-89</p> <p align="center">CS_FSD11/12WG-0o-q-94</p>

Bilang ng Sesyon: 40 sesyon bawat markahan/ apat na araw sa loob ng isang linggo

K to 12 Senior High School Applied Subject – Filipino sa Piling Larang (Sining) Disyembre 2013

**K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM
SENIOR HIGH SCHOOL – APPLIED SUBJECT**

NILALAMAN	PAMANTAYANG PANGNILALAMAN	PAMANTAYAN SA PAGGANAP	MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO	CODE
<ul style="list-style-type: none"> • Rebyu ng dula • Iskit • One-act-play • Monologo • Cosplay • Improbisasyon • Disenyo ng kasuotan • Shadow play • Puppet show <p>(e) Sining Biswal</p> <ul style="list-style-type: none"> • Komik istrip • Graphic novel • Editorial cartoon <p>(f) Pagsusulat tungkol sa pagdidisenyo ng istruktura</p> <ul style="list-style-type: none"> • Bahay • Parke • Simbahan • Billboard <p>Final output</p>		<p>Nakabubuo ng isang magasing pangsining o pangdisenyo</p>	<p>6. Naisasaalang-alang ang etika sa binubuong sulatin sa sining at disenyo</p> <p>7. Nakabubuo ng isang magasing pangsining o pangdisenyo</p>	<p>CS_FSD11/12PU-0o-q-97</p> <p>CS_FSD11/12PU-Or-t-98</p>

Bilang ng Sesyon: 40 sesyon bawat markahan/ apat na araw sa loob ng isang linggo

K to 12 Senior High School Applied Subject – Filipino sa Piling Larang (Sining) Disyembre 2013

**K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM
SENIOR HIGH SCHOOL – APPLIED SUBJECT**

GLOSARYO

Anime – Produksiyong Hapon na binubuo ng mga dinrowing o kompyuterisadong animasyon na may makukulay na grafiks, buhay na buhay na karakter, at pantastikong tema na pinapalabas sa telebisyon at sinehan. May iba't-ibang uri o anyo ito, gaya ng science fiction, historikal, folklore, mahika, isports, digmaan, martial arts. Hal., Astro Boy, Soul Eater, Detective Conan

Blogging – Pagsulat ng mga entri na magdagdag ng, o magpanatili ng, website. Ang blog ay isang webside na binubuo ng sariling karanasan ng manunulat o grupo, mga obserbasyon, opinyon, at kadalasang may mga imahe at sa ibang webside

Disenyo – Likhang sining na may tiyak na mensahe, imahe, idea, o aksyon na ikinokomunika upang pakilusin, gamitin, bilhin, bisitahin, matutunan ang isang produkto, atbp. Hal., advertisement ng isang produkto sa mga tarpaulin na ipinupwesto sa EDSA.

Flash fiction – Istitlo o anyo ng fiksyon na may karakteristikong napakaikli, hindi maraming tauhan; karaniwang hindi hihigit sa 1000 salita. Tinatawag din itong nouvelle sa Pransiya, at sinlaki ng bulsang kuwento, micro-fiksyon, maikling-maikling istorya, isang-minutong istorya, sinlaki ng palad na istorya; hal., “Kuwentong Paspasan” ni Vicente Groyon; “Dadaanin”, eds. Alwin Aguirre at Nonon Carandang

Kakayahang Diskorsal – Kakayahang pangkomunikasyon na naipapakita sa kasanayan at pagpapahayag ng idea sa loob ng isang kontekstong pasulat, pasalita, biswal, at birtwal; hal., interbyu

Kakayahang Istratediyik – Kakayahang pangkomunikasyon na naipapakita sa kaalaman sa angkop, wasto, at mabisang istrateriya upang magpatuloy ang komunikasyon sa kabila ng problema o aberya (hal., nalimutang salita, paksa, di-alam na impormasyon, atbp.). Naisasagawa ito sa pammagitan ng mga cohesive device gaya ng ellipsis (.... sa pasulat na anyo), pag-uulit ng salita; pagbibigay ng sinonim, mga salitang gaya ng kuwan, ano, ah, atbp.)

Kakayahang Linggwistik – Kakayahan at kaalamang pangkomunikasyon na naipapakita sa kasanayan sa gramatikal o istruktural na paggamit ng wika; hal., paggamit ng angkop at wastong pangungusap

Kakayahang Sosyolinggwistik – Kakayahang pangkomunikasyon na naipapakita sa pamamagitan ng kaalaman sa angkop ng wika nang naayon sa *sitro* ang kausap, *ano* ang pinag-uusapan, *paano*, *kailan*, *saan*. Hal., ang paraan ng pakikipag-usap, gayundin ang mga salita, pahayag, atbp. na ginagamit ng isang mag-aaral sa kanyang guro (pormal, magalang, atbp.) ay iba kaysa sa ginagamit niya sa kabarkada (impormal, personal atbp.)

Kulturang Popular – Kulturang mula sa at naimpluwensyahan ng media, ng imahe, ng mamimili, at ng komersiyo, at may malaking epekto sa pang-araw-araw na pamumuhay ng mga tao sa lipunan; hal., mga programang pantelebisyon; mga Koreanobela (hal., *The Baker King*)

Mass media – Paraan ng publikong komunikasyon na nakaaabot sa malawak at maramihang audience; hal., diyaryo, magasin, radyo, telebisyon

Bilang ng Sesyon: 40 sesyon bawat markahan/ apat na araw sa loob ng isang linggo

K to 12 Senior High School Applied Subject – Filipino sa Piling Larang (Sining) Disyembre 2013

**K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM
SENIOR HIGH SCHOOL – APPLIED SUBJECT**

Pickup line - Pambungad na usapang binubuo ng 1-2 pangungusap na maaaring ang layunin'y magpatawa, mang-asar, manligaw, atbp. Kung minsa'y ipinapadala ito sa ceifon, blogs, o kaya'y nagagamit sa mga programa sa TV (sitcom, noontime show, atbp) at mga parti. Hal, (mga linya ni Sen. Santiago tulad ng: "Sana FB status ka na lang para pwede kitang i- Like.")

Sining – Ekspresyon o aplikasyon ng malikhaing gawain at imahinasyon ng tao sa iba't-ibang anyo , musika, sayaw, pintura, eskultura, na pinapahalagahn sa kagandahan o estetika at epektong emosyonal nito; hal., pintura ni Amorsolo

Social Media – Interaksyon ng mga tao gamit ang teknolohiyang web at mobile phone sa paglikha, pamamahagi, at/o pagpapalitan ng mga impormasyon at ideya sa mga komunidad at indibidwal; hal.,Internet, Facebook, Wiki, Twitter, Youtube, atbp.

Textula – Maiksing tula sa anyo ng tanaga, dalit, at diona, na pinapadala sa pamamagitan ng SMS o mobile phone sa isang kaibigan, kasamahan, atbp.; hal, "Nagunaw ang mundo ko, matapos na bumagyo---pero babangon ako!"

Bilang ng Sesyon: 40 sesyon bawat markahan/ apat na araw sa loob ng isang linggo

K to 12 Senior High School Applied Subject – Filipino sa Piling Larang (Sining)Disyembre 2013

**K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM
SENIOR HIGH SCHOOL – APPLIED SUBJECT**

Code Book Legend

Sample: **CS_FSD11/12PB-0a-c-103**

LEGEND		SAMPLE		DOMAIN/ COMPONENT	CODE
First Entry	Learning Area and Strand/ Subject or Specialization	Applied Subject_ Filipino Arts	CS-FSD11/12	Pag-unawa sa Napakindinggan	PN
	Grade Level	Grade 11/12		Pag-unawa sa Binasa	PB
Uppercase Letter/s	Domain/Content/ Component/ Topic	Pag-unawa sa Binasa	PB	Paglinang ng Talasalitaan	PT
			-	Panonood	PD
Roman Numeral <i>*Zero if no specific quarter</i>	Quarter	Any Quarter	0	Pagsasalita	PS
Lowercase Letter/s <i>*Put a hyphen (-) in between letters to indicate more than a specific week</i>	Week	Weeks one to three	a-c	Pagsulat	PU
			-	Wikang Filipino	WF
Arabic Number	Competency	Nabibigyang-kahulugan ang mga anyo ng sulatin sa sining at disenyo	103	Wikang Gramatika	WG
				Estratehiya sa Pag-aaral	EP

Bilang ng Sesyon: 40 sesyon bawat markahan/ apat na araw sa loob ng isang linggo

K to 12 Senior High School Applied Subject – Filipino sa Piling Larang (Sining) Disyembre 2013

KABANATA 1:

MGA TEKSTO MULA SA KULTURANG POPULAR

Ang kulturang popular ay bunga ng modernisasyon. Sa Kanluran, una itong iniugnay sa kulturang nabuo dahil sa media. Susi sa pag-unawa sa kulturang popular ang tunggalian. Sino ba ang mga may kapangyarihan sa paglikha ng mga produkto ng media? Sino ba ang tumatangkilik nito?

Sa kaso ng Pilipinas, ang pag-aaral sa kulturang popular ay maiuugat sa panitikan. Nauna sa larangang ito ang iskolar na si Soledad Reyes. Dahil sa kanya, hindi lamang nalimita sa pag-aaral pang-media ang pagsusuri sa kulturang popular. Nasakop rin ang mga teksto tungkol sa dyip, pagkain, pelikula, komiks, at nobela (Tolentino at Devilles, 2015).

Mayroong overlap ang kabanatang ito sa ilan pang kabanata, tulad ng kabanata sa tula, sining biswal, at sanaysay. Mayroon kasing mga tula na nalikha sa pamamagitan ng teknolohiya ng SMS (short message service) o texting, may mga sanaysay na lumabas bilang blog entry, at ang mga likha nina Pol Medina at Manix Abrera ay lumalabas na rin sa Internet (sa *Rappler* matatagpuan ang mga pinakahuling *Pugad Baboy* at sa website naman ng GMA News ang mga likha ni Manix). Kung tutuusin, bahagi pa rin ng kulturang popular ang mga ito. Pero pinili na ibukod sila pangunahin dahil sa anyo. Ang mga blog entry ay sanaysay, ang mga komik istrip ay sining biswal, at ang mga tula ay tula. Mas mahalagang salik sa pagsusuri sa kanila ang kanilang anyo, kaysa kanilang elektronikong produksiyon.

Sa kabanatang ito, ang mga tekstong pinili ay iyong mga anyong mas partikular sa kulturang popular. Narito ang screenplay, isang anyo na pekulyar sa pelikula (*Bata, bata...* at *Naglalayag*). Mayroon ding novelty song (*Beep, beep*), tweets (*#pag-ibig*), isang sanaysay tungkol sa pagkain (“Pilipino’y Maaaring Kilanlin sa Pamamagitan ng Kanyang Pagkain”), at isang sanaysay tungkol sa popular na “kalyeserye,” ang Aldub (“Ang Sinasabi ng Aldub”). Oo, maaaring isama sa kabanata tungkol sa sanaysay itong huling dalawa, pero ang kanilang pinapaksa ay mas pertinente sa kulturang popular.

Layon ng kabanata na ipakilala sa mga mag-aaral ang kulturang popular sa pamamagitan ng mga tekstong ito. Inaasahan na maiparating sa kanila na ang mga bagay na

kanilang dinaranas sa araw-araw, tulad ng panonood ng pelikula, pagtu-tweet, pakikinig sa mga awit, at panonood ng telebisyon. Nakakaaliw na gawain ang mga ito, pero sila ay nalikha batay sa masalimuot na proseso ng pagbibigay ng kahulugan. Pinag-isipan ng mga manunulat ang pagpili ng mga salita, ang tono, ang tatakbuhan ng kuwento. At dahil dito, mahalagang sipatin din sila sa kritikal na paraan. Mayroong sining sa paglikha ng mga tekstong mula sa kulturang popular.

ARALIN 1: Sipi mula sa Bata, Bata, Paano Ka Ginawa?

Linggo 1

Deskripsiyon

Ang screenplay ng Bata, Bata... ay adaptasyon ng popular na nobela ni Lualhati Bautista. Ang nobelang ito ay unang nailimbag noong 1983. Nagwagi rin ito ng Grand Prize sa Nobela sa Palanca Memorial Awards. Popular ang nobelang Bata, bata... Patunay sa popularidad nito ang ilang dekada nang pagpapabasa sa mga estudyante sa high school. Ginawa itong pelikula noong 1998.

Sa araling ito, maaaring makita ang kasalimuotan ng relasyon sa pamilya. Kadalasan, hindi natin napapansin ang kompleksidad ng mga relasyon sa loob ng bahay, dahil tinatanggap na lang natin ito bilang bahagi ng araw-araw na pamumuhay. Pero sa siping ito mula sa screenplay ni Bautista, lumilitaw na hindi lamang ganoon kasimple ang mga bagay-bagay.

I. Tuklasin

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>1) Magsimula sa paglilinaw ng pagkakatulad at pagkakaiba ng nobela at screenplay. Maaaring banggitin sa mga estudyante ang mga sumusunod na paliwanag:</p> <p>a) Ang mga ito ay kapwa produkto ng teknolohiya. Ang nobela ay produkto ng palimbagan (printing press). Isa lamang ang kinikilalang manlilikha nito, ang nobelista. Ang paglikha ng pelikula ay mas komplikado. Produkto ito ng kolaborasyon sa pagitan ng scriptwriter, direktor, aktor, at iba pang mga kasapi ng produksiyon tulad ng film editor, musical scorer, costume designer, set designer, at iba pa. Iba't ibang teknolohiya rin ang kinakailangan para mabuo ito, tulad ng camera, computer, ilaw, at iba pa.</p> <p>b) Maaaring suriin ang pelikula bilang bukod na teksto. Nariyan ang mga pag-aaral tungkol sa pelikula (<i>film studies</i>). Pero para</p>	<p>1) Pansinin ang mga sluglines sa sipi. Ilang lokasyon ang ginamit? Mayroon bang pagpapalit ng panahon? Paano nakatulong ang mga lokasyon upang ipakilala sa atin ang mga tauhan?</p> <p>2) Tingnan ang Sequence 1-4. Ang pelikula ay nagsisimula sa graduation ni Maya. Ang lokasyon nito ay ang paaralan (school grounds). Ano ang mapapansin natin sa pamilya ni Maya? Anong masasabi natin sa pagturing nila sa isa't isa? Pansinin kung paano mag-usap sina Lea, Ojie, at Ding. Pansinin ang kasabay nilang mag-ina. Iyong may batang may damit na mamahalin. Paanong inilalarawan ng pelikula ang ritwal ng pagtatapos sa paaralan?</p>	<p>1) Ibigay ang pre-test.</p>

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>sa klaseng ito, ang susuriin natin ay isang bahagi lamang ng pelikula: ang screenplay.</p> <p>2) Itanong sa mga estudyante kung alam nila ang pagkakaiba ng dula sa screenplay. Maaaring sabihin ang mga sumusunod na paliwanag:</p> <p>a) Ang screenplay at dula ay kapwa kilala sa mas popular na terminong “script.” Sa unang sipat, maaaring isipin na pareho ang dalawang ito. Lalo na, pareho silang nakadepende sa mga dayalogo, at parehong performatibo. Ang ibig sabihin ng performatibo ay kinakailangang itanghal. Hindi “malulubos” ang kanilang pagka-dula o pagka-screenplay, kung hindi sila dadaan sa proseso ng pagtatanghal.</p> <p>b) Ang pagkakaiba lamang, ang dula ay parating itinatanghal sa harap ng isang madla. Lagi itong “live,” wika nga. Itong elemento ng pagiging “live” ang nagtatakda rin ng limitasyon sa dula. Ang espasyo lamang ng entablado ang magagamit para sa mga eksena. Habang ang screenplay naman ay maaaring gumamit ng iba’t ibang lokasyon para sa lunan ng pelikula, at maaari ding magpalit-palit ng panahon. Maaari din itong hindi sumunod sa kronolohikal na pagtatanghal ng mga eksena. Sa pamamagitan ng estilong intercut, halimbawa, maaaring ipakita nang salita ang dalawang eksena, na maaaring nasa magkaibang lugar, pero sabay na nagaganap.</p>		

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>c) Mas malawak ang mga posibilidad ng pagsulat ng screenplay, dahil sa elemento ng teknolohiya. Maaaring magkaroon ng mga taong lumilipad, mga hayop na nagsasalita, mga lugar na pantastiko sa pamamagitan ng computer-generated effects. Maaari rin itong gawin sa dula, pero mas higit na “reyalistiko” ang maging representasyon nito sa pelikula.</p>		

II. Linangin

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>1) Talakayin ang mga bahagi ng screenplay. Maaaring gamitin ang mga sumusunod na paliwanag:</p> <p>a) Seq. 1: School Ground. Day. -- Ito ang SLUGLINES, ang bahagi na may kinalaman sa lokasyon at panahon. Ito ang iisipin ng mambabasa na lugar at panahon kung saan at kailan nagaganap ang eksena.</p> <p>b) “Isang batang lalaki ang nagdadadamba sa upuan...” -- Ito ang ACTION BLOCKS. Dito makikita ang mga kilos ng mga tauhan sa eksena.</p> <p>c) OJIE -- Ito ang PANGALAN ng tauhan. Sa istandard na format ng pagsulat ng screenplay, laging</p>	<p>1) Maaaring itanong sa mga estudyante, ano ang posibleng kinalaman ng pagtatapos ni Maya sa titulo? Tingnan ang kanyang pagtula sa Sequence 3. Ano ang kinalaman ng tula ni Maya sa titulo? Paano nitong sinasagot ang tanong?</p> <p>2) Sa Sequence 3 din natin malalaman na si Lea ang nagturo ng tula kay Maya. Batay sa detalyeng ito, paano mailalarawan si Lea bilang magulang? Batay naman sa kanyang naging reaksiyon sa tula ni Maya (Pambihira ka! Hindi mananalo iyon!), paano mailalarawan si Ding bilang magulang? Ano ba ang ikinakatakot niya sa tula? Sinabi rin niyang “pangit ang tula.” Mayroon bang nakakatakot o “pangit” na usapin sa tula ni Maya? Sa pagtatapos ng Sequence 4, nagwagi si Maya, sa kabila ng duda at takot ni Ding. Ano ang maaaring isipin na dahilan ng</p>	<p>1) Maaaring itanong sa mga estudyante: sino ba ang inaasahang magbasa ng screenplay? Kung may pelikula naman na panonoorin, bakit pa babasahin ang screenplay? Maaaring gamiting basehan ng sagot ang mga sumusunod:</p> <p>a) Ang praktikal na sagot: isinulat naman talaga ito para sa direktor, sa mga aktor, at iba pang miyembro ng produksiyon.</p> <p>b) Isa pang posibleng sagot: para sa mga mag-aaral ng pelikula. Mas higit na mauunawaan ang isang pelikula kung makikita ang pinagdaanang proseso nito, at mahalagang elemento ang screenplay. Dito nakabatay ang kuwento ng pelikula. Maaaring balik-balikan ang mga pahina upang suriin.</p>

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>nakasulat sa malaking titik ang pangalan ng mga tauhan.</p> <p>d) “Nanay, eto ang toga.” --- Ito ang DAYALOGO. Ito ang mga linya na binibigkas ng mga tauhan sa screenplay. Napakahalaga ng mga dayalogo dahil ito ang pinakamalaking salik kung paanong nakikilala ng mambabasa ang isang tauhan. Nabubunyag ang kanyang pag-iisip, mga paniniwala, at motibasyon batay sa mga salitang binibitiwan.</p>	<p>pagwawagi niya?</p> <p>3) Sa Sequence 5-8, makikita natin ang pag-uusap nina Miss Gatmaitan at Lea. Ano ang pagkakaiba ng pananaw nila tungkol sa beauty contest ng mga bata? Bakit nagalit si Lea sa dulo? Maaari bang maintindihan kung bakit siya bigla na lamang sumigaw upang mapatahimik si Miss Gatmaitan?</p> <p>4) Tingnan ang Sequence 6-9. Paanong mailalarawan si Maya? Ano ang pagkakaiba niya sa kausap na batang babae sa Sequence 6? Sa Sequence 8, pinagalitan siya ni Ding. Ano ang mga pagkakaiba ng kanilang pananaw tungkol sa ugnayan ng lalaki at babae?</p> <p>5) Tingnan ang Sequence 10. Paano mailalarawan si Ding batay sa eksenang ito? Ano ang ipinahihiwatig ng kanyang pag-uwi sa kanyang ina? Paano naman mailalarawan si Lea sa eksenang ito?</p> <p>6) Tingnan ang Sequence 11. Paano ipinaliwanag sa eksenang ito ang kasalimuotan ng pag-aasawa? Ito ang huling bahagi ng sipi, at maaaring makabuo na ang mambabasa ng malinaw na ideya kung sino si Lea bilang ina, at kung paano siya nakikipag-ugnayan sa kanyang mga anak at sa mga lalaki sa kanyang buhay (si Ding, at ang binanggit pa lamang na tatay ni Ojie), kaya maaari nang itanong ito: anong klaseng babae si Lea?</p>	<p>c) Isa pang posibleng sagot: para sa mag-aaral ng panitikan. Ang screenplay isa pa ring bukod na genre ng panitikan. Maraming mahuhusay na screenplay na maaaring pag-aralan, at kinakailangan na lamang ng tamang mga indibidwal upang maisapelikula ang mga ito. Maaaring tingnan ang mga nagwagi sa Carlos Palanca Memorial Awards, halimbawa.</p>

III. Pagnilayan at Unawain

Pamantayang Pagnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>1) Kung maaari, ipalabas sa klase ang mga eksenang nasa sipi.</p> <p>2) Pansinin kung nakita ba sa pelikula ang inaasahan o hindi. Pansinin din kung paanong “umaangat” o nagiging “lubos” ang isang screenplay kapag ito ay isinasapelikula.</p>	<p>1) Maaaring itanong sa mga estudyante ang mga sumusunod:</p> <p>a) Ano ang maaaring isipin na pahiwatig ng screenplay tungkol sa usapin ng beauty pageants?</p> <p>b) Ano ang kinalaman ng beauty pageants sa pagiging magulang? Sa bata mismo? Sa kababaihan?</p> <p>c) Ano ang pananaw ng screenplay tungkol sa pagiging babae? Pansinin ang mga tauhang babae sa screenplay---sina Lea, Maya, Miss Gatmaitan, ang nanay ng batang babaeng naka-gold, kahit ang nanay ni Ding. Ihambing sila. Ano ang sinasalamin nilang uri ng pagkababae?</p>	<p>1) Maaaring pasulatin ang mga mag-aaral ng isang repleksiyon tungkol sa usapin ng kasal o beauty pageants. Maaaring itanong tungkol sa usapin ng kasal: Ano ang kanilang pananaw tungkol dito? Gaano ito kahalaga sa pagpapalaki ng bata? Sa ugnayan ng lalaki at babae? Para sa usapin ng beauty pageants: Ano ang kanilang pananaw tungkol dito? Paano nito nahuhubog ang lipunan sa pagtanaw sa kababaihan? Paanong nahuhubog ng beauty pageants ang kababaihan?</p> <p>2) Maaaring magkaroon ng mock debate sa klase tungkol sa diborsiyo sa Pilipinas. Ang isang panig ay sang-ayon sa legalisasyon ng diborsiyo, ang kabila naman ay tutol dito.</p>

IV. Ilapat

Pamantayang Pagnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>1) Ipabasa nang malakas sa mga mag-aaral ang ilang bahagi ng screenplay.</p>	<p>1) Itanong sa mag-aaral kung maaari bang makita ang pamilya tulad ng kay Lea sa kasalukuyang lipunan. Kung oo, paano nakakulong ang pagkakaroon ng isang pelikula tungkol sa kanila? O, bakit kailangang magkaroon ng pelikula tungkol sa kanila?</p>	<p>1) Bigyan ng panahon ang mga mag-aaral na isapelikula ang ilang sequence mula sa napiling screenplay. Maaaring i-upload ang mga video na ito sa YouTube o sa Facebook.</p>

ARALIN 2: Sipi mula sa Naglalayag

Linggo 2

Deskripsiyon

Isinapelikula ang Naglalayag noong 2004, at inilimbag ng UP Press ang screenplay noong 2006. Para sa screenplay na ito, nagwagi ng samu't saring parangal ang manunulat na si Irma Dimaranan.

Mapaghawan ang Naglalayag dahil tinalakay nito sa reyalistiko at simpatetikong paraan ang isang paksa na bibihirang itampok sa pelikula o kahit sa panitikan: ang pagkakaroon ng romantikong relasyon ng isang may edad na babae at mas batang lalaki. Maaaring makita sa araling ito ang pananaw ng lipunan tungkol sa ugnayan ng kasarian, pag-ibig, at uri.

I. Tuklasin

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>1) Magsimula sa paglilinaw ng pagkakatulad at pagkakaiba ng nobela at screenplay. Maaaring banggitin sa mga estudyante ang mga sumusunod na paliwanag:</p> <p>a) Ang mga ito ay kapwa produkto ng teknolohiya. Ang nobela ay produkto ng palimbagan (printing press). Isa lamang ang kinikilalang manlilikha nito, ang nobelista. Ang paglikha ng pelikula ay mas komplikado. Produkto ito ng kolaborasyon sa pagitan ng scriptwriter, direktor, aktor, at iba pang mga kasapi ng produksiyon tulad ng film editor, musical scorer, costume designer, set designer, at iba pa. Iba't ibang teknolohiya rin ang kinakailangan para mabuo ito, tulad ng camera, computer, ilaw, at iba pa.</p> <p>b) Maaaring suriin ang pelikula bilang bukod na teksto. Nariyan ang mga pag-aaral tungkol sa pelikula (<i>film studies</i>). Pero para sa klaseng ito, ang susuriin natin ay isang bahagi lamang ng pelikula: ang screenplay.</p> <p>2) Itanong sa mga estudyante kung</p>	<p>1) Pansinin ang mga sluglines sa sipi. Ilang lokasyon ang ginamit? Mayroon bang pagpapalit ng panahon? Paano nakatulong ang mga lokasyon upang ipakilala sa atin ang mga tauhan?</p> <p>2) Tingnan ang Sequence 37. Ano ang maaaring malaman ng mambabasa tungkol kay Dorinda sa eksenang ito? Bakit siya naiilang sa paggamit ng po ni Noah? Ano ang ibig sabihin ng bakla/beautician sa pagsasabi na “over lang po ang paggamit ng salitang ‘po’ ng kabataan”?</p> <p>3) Tingnan ang Sequence 38-39. Paano mailalarawan ang pamilya ni Noah? Maaari bang maintindihan ang naging reaksiyon ng ni Lorena nang itapon niya ang kahon ng beads?</p> <p>4) Tingnan ang Sequence 40. Ano ang karagdagang</p>	

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>alam nila ang pagkakaiba ng dula sa screenplay. Maaaring sabihin ang mga sumusunod na paliwanag:</p> <p>a) Ang screenplay at dula ay kapwa kilala sa mas popular na terminong “script.” Sa unang sipat, maaaring isipin na pareho ang dalawang ito. Lalo na, pareho silang nakadepende sa mga dayalogo, at parehong performatibo. Ang ibig sabihin ng performatibo ay kinakailangang itanghal. Hindi “malulubos” ang kanilang pagka-dula o pagka-screenplay, kung hindi sila dadaan sa proseso ng pagtatanghal.</p> <p>b) Ang pagkakaiba lamang, ang dula ay parating itinatanghal sa harap ng isang madla. Lagi itong “live,” wika nga. Itong elemento ng pagiging “live” ang nagtatakda rin ng limitasyon sa dula. Ang espasyo lamang ng entablado ang magagamit para sa mga eksena. Habang ang screenplay naman ay maaaring gumamit ng iba’t ibang lokasyon para sa lunan ng pelikula, at maaari ding magpalit-palit ng panahon. Maaari din itong hindi sumunod sa kronolohikal na pagtatanghal ng mga eksena. Sa pamamagitan ng estilong intercut, halimbawa, maaaring ipakita nang salitan ang dalawang eksena, na maaaring nasa magkaibang lugar, pero sabay na nagaganap.</p> <p>c) Mas malawak ang mga posibilidad ng pagsulat ng screenplay, dahil sa elemento ng teknolohiya. Maaaring magkaroon ng mga taong lumilipad, mga hayop na nagsasalita, mga lugar na pantastiko sa pamamagitan ng computer-generated effects. Maaari rin itong gawin sa dula, pero mas higit na “reyalistiko” ang maging representasyon nito sa pelikula</p> <p>.</p>	<p>impormasyon na malalaman natin tungkol kay Dorinda rito? Tungkol kay Noah?</p>	

II. Linangin

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>1) Talakayin ang mga bahagi ng screenplay. Maaaring gamitin ang mga sumusunod na paliwanag:</p> <p>a) Seq. 37: Int. Beauty Parlor. Hapon. -- Ito ang SLUGLINES, ang bahagi na may kinalaman sa lokasyon at panahon. Ito ang iisipin ng mambabasa na lugar at panahon kung saan at kailan nagaganap ang eksena.</p> <p>b) “Iaabot ng beautician kay Maita...” -- Ito ang ACTION BLOCKS. Dito makikita ang mga kilos ng mga tauhan sa eksena.</p> <p>c) DORINDA -- Ito ang PANGALAN ng tauhan. Sa istandard na format ng pagsulat ng screenplay, laging nakasulat sa malaking titik ang pangalan ng mga tauhan.</p> <p>c) “Baka emergency yan?” – Ito ang DAYALOGO. Ito ang mga linya na binibigkas ng mga tauhan sa screenplay. Napakahalaga ng mga dayalogo dahil ito ang pinakamalaking salik kung paanong nakikilala ng mambabasa ang isang tauhan. Nabubunyag ang kanyang pag-iisip, mga paniniwala, at motibasyon batay sa mga salitang binibitiwan.</p>	<p>1) Tingnan ang Sequence 41-44. Paano ilalarawan ang kanilang pag-uusap?</p> <p>2) Ano ang pagkakaiba ng pananaw nina Dorinda at Noah tungkol sa lipunan? Ano ang ipinahihiwatig ng pagnanais ni Noah na magkaroon ng pera ang mahihirap? Ano naman ang ibig sabihin ng sagot ni Dorinda na “hindi ganoon ang sistema”?</p> <p>3) Bakit naiilang si Dorinda na tumawa siya nang malakas? Ano ba ang ibig sabihin ng pagtawa nang malakas? Ano ang posibleng dahilan ng pagpigil ni Dorinda na bumili ng bulaklak si Noah? Ano ang sinasabi ng mga aksiyon na ito tungkol kay Dorinda?</p>	<p>1) Maaaring itanong sa mga estudyante: sino ba ang inaasahang magbasa ng screenplay? Kung may pelikula naman na panonoorin, bakit pa babasahin ang screenplay? Maaaring gamiting basehan ng sagot ang mga sumusunod:</p> <p>a) Ang praktikal na sagot: isinulat naman talaga ito para sa direktor, sa mga aktor, at iba pang miyembro ng produksiyon.</p> <p>b) Isa pang posibleng sagot: para sa mga mag-aaral ng pelikula. Mas higit na mauunawaan ang isang pelikula kung makikita ang pinagdaanang proseso nito, at mahalagang elemento ang screenplay. Dito nakabatay ang kuwento ng pelikula. Maaaring balik-balikan ang mga pahina upang suriin.</p> <p>c) Isa pang posibleng sagot: para sa mag-aaral ng panitikan. Ang screenplay isa pa ring bukod na genre ng panitikan. Maraming mahuhusay na screenplay na maaaring pag-aralan, at kinakailangan na lamang ng tamang mga indibidwal upang maisapelikula ang mga ito. Maaaring tingnan ang mga nagwagi sa Carlos Palanca Memorial Awards, halimbawa.</p>

III. Pagnilayan at Unawain

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>1) Kung maaari, ipalabas sa klase ang mga eksenang nasa sipi.</p> <p>2) Pansinin kung nakita ba sa pelikula ang inaasahan o hindi. Pansinin din kung paanong “umaangat” o nagiging “lubos” ang isang screenplay kapag ito ay isinasapelikula.</p>	<p>1) Maaaring tanungin ang mga estudyante: kung sakaling magkapareho ang edad ng dalawang tauhan, magbabago ba ang reaksiyon sa pagbasa ng screenplay?</p> <p>2) Gayundin, kung babaguhin ang kanilang uri, e.g. pareho silang mayaman o mahirap, magbabago ba?</p>	<p>1) Maaaring pasulatin ang mga mag-aaral ng isang repleksiyon tungkol sa usapin ng edad, uri at pag-ibig. Paanong nakakaapekto ang uring panlipunan sa mga romantikong relasyon? Paano naman nakakaapekto ang edad? Dapat ba itong bigyan ng konsiderasyon sa pagpili ng magiging karelasyon o kasama sa buhay?</p> <p>2) Maaaring magkaroon ng mock debate sa klase tungkol sa epekto ng uring panlipunan sa romantikong relasyon. Ang isang panig ay sang-ayon na dapat ang magkapareho lamang ng uring kinabibilangan ang magsama, ang kabila naman ay tutol dito.</p> <p>3) Maaaring magpasulat ng kritisismo o maikling panunuring papel tungkol sa isang nobelang ginawan ng screenplay at isinapelikula. Dapat isaalang-alang ang mga input ukol dito sa Tuklasin.</p>

IV. Ilapat

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>1) Ipabasa nang malakas sa mga mag-aaral ang ilang bahagi ng screenplay.</p>	<p>1) Itanong sa mag-aaral kung maaari bang makita ang relasyon na tulad ng kina Dorinda at Noah sa kasalukuyang lipunan. Paano nakakatulong ang pagkakaroon ng isang pelikula tungkol sa kanila? Bakit kailangang magkaroon ng pelikula tungkol sa kanila?</p>	<p>1) Bigyan ng panahon ang mga mag-aaral na isapelikula ang ilang sequence mula sa napiling screenplay. Maaaring i-upload ang mga video na ito sa Youtube o sa Facebook.</p>

ARALIN 3: Beep, Beep, Beep, Sabi ng Jeep

Linggo 3

Deskripsiyon

Ang “Beep, Beep..” ay inawit ni Willie Revillame, isang popular na host sa telebisyon. Mabuting halimbawa ang kantang ito, dahil tumatagos ito sa iba’t ibang larangan: inawit na ito ni Revillame sa telebisyon, pinapatugtog ito sa mga istasyon ng radyo, at ang paksain nito ay ang jeep, isang importanteng imahen sa kulturang popular sa Pilipinas.

I. Tuklasin

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>1) Magsimula sa pagpapaliwanag na ang tekstong ito ay isang halimbawa ng novelty song. Maaaring ibigay ang mga sumusunod na paliwanag sa mga estudyante tungkol sa anyong ito:</p> <p>a) Ang novelty song ay isang awitin na may layong maging parodiko. Ang ugat ng parodiko ay parodiya. Ang parodiya ay isang uri ng eksaheradong panggagaya. Ginagawa ito upang makapagpatawa at makapagbigay ng komentaryo.</p> <p>b) Ang tanong ngayon ay kung ano ba ang ginagaya ng novelty song? Ang ginagaya nito ay ang kumbensiyonal na awiting popular (pop song). Ang istruktura ng isang kumbensiyonal na awiting popular ay berso-koro-berso. Matatagpuan din ang istrukturang ito sa novelty songs.</p> <p>c) Ang mga novelty song ay bunga ng partikular ng panahon. Ibig sabihin, nalilikha sila bilang mga tugon sa kung ano ang dominanteng isyu o kalakaran sa isang panahon. Halimbawa, ang isa sa pinakasikat na manunulat at mang-aawit ng novelty songs ay si Yoyoy Villame.</p>	<p>1) Ang novelty song ay maaari ding basahin na parang tula. Kaya ang mga tanong na nasa ibaba ay kadalasang maiuugnay sa mga pagsusuri sa tula. Maaaring itanong ang mga ito sa mga mag-aaral:</p> <p>a) Sa pag-aaral ng tula, mahalaga ang persona. Ito ang tawag sa nagsasalita sa tula. Ngayon, sino ang maituturing na persona sa kanta? Ano ang sinasabi niya tungkol sa kanyang sarili sa unang berso?</p> <p>b) Dahil ang parodiya ay may layon na magbigay ng komentaryo, may mahahanap ba tayong komentaryo sa unang berso ng kanta?</p> <p>c) Tingnan ang ikalawang berso. Ano naman ang sinasabi ng persona rito tungkol sa kanyang sarili? Ano ang kanyang komentaryo o aral na inihahatid sa mga tagapakinig?</p> <p>c) Tingnan ang ikaapat na berso. Ano ang epekto ng</p>	

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>Naging tanyag siya dahil sa kanyang novelty song na “Mag-exercise Tayo.” Unang beses itong sumikat noong dekada ‘70. Bahagi ng dahilan kung bakit sumikat ito ay dahil sa gawain noon na pag-eehersisyo ng mga publikong paaralan tuwing flag ceremony.</p> <p>d) Ang katangian na ito--ang pagtugon sa isang partikular na panahon--ang pinagmumulan ng salitang “novelty” sa novelty song. Ang ibig sabihin kasi ng salitang ito sa Ingles ay “bago at kakaiba.” Pero maaari rin itong maging patungkol sa mga bagay na “mumurahin at madaling idispatsa.” Madaling idispatsa dahil mayroon lamang silbi sa isang partikular na panahon, e.g. mga bagay na isinasabit sa bintana tuwing Pasko, mga banderitas tuwing pista. Matatagpuan din ang mga katangiang ito sa isang novelty song. Maraming novelty song na sumisikat dahil sa kanilang taglay na novelty: bago sila sa pandinig, at kakaiba ang tunog, tono, liriko. Pero tulad ng mga “novelty” na mumurahin at madaling idispatsa, mabilis din silang nalalaos kapag wala na ang bisa ng kanilang nilalaman. Maaaring ibigay na halimbawa rito ang “Sa-sa-Saddam” ni Lady Diane. Sumikat ito noong unang bahagi ng dekada ‘90, dahil sa pagputok ng Gulf War. Noong panahon na iyon, naging bukambibig ang pangalan ng dating Presidente ng Iraq, si Saddam Hussein.</p>	<p>paggamit ng unang panauhan na pangmaramihan? Ano naman ang komentaryo o aral na inihahatid ng bersong ito sa mga tagapakinig?</p> <p>2) Ipatukoy sa mga mag-aaral ang mga tayutay na ginamit sa kanta. Nasa ibaba ang listahan ng mga tayutay na maaaring asahan na isasagot ng mga mag-aaral:</p> <p>a) Unang berso: personipikasyon (aso at pusa); simili (parang Tito, Vic, and Joey)</p> <p>b) Koro: onomatopiya (beep, beep) at personipikasyon (sabi ng jeep)</p> <p>c) Ikalawang berso: personipikasyon (lumipad ang lobo)</p> <p>d) Ikaapat na berso: Simili (parang gulong ng jeepney).</p>	

II. Linangin

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>1) Nabanggit na sa itaas na ang novelty song ay parodiya ng kumbensiyonal na awiting popular. Pero maaari ding kakitaan ang mga ito ng impluwensiya mula sa bayan (folk). Maaaring ibahagi sa mga estudyante ang mga sumusunod na paliwanag tungkol sa popularidad ng novelty songs:</p> <p>a) Bahagi ng buhay ng mga ninuno natin ang mga awitin. Mahilig talagang kumanta ang mga sinaunang Tagalog. Bago pa dumating ang mga Kastila, mayroon na tayong iba't ibang awitin para sa iba't ibang gawain at okasyon. Batay sa listahan ng mga awitin sa <i>Vocabulario dela Lengua Tagala</i>, mayroong labing-anim (16) na halimbawa: ang diona, talindao, at auit ay kinakanta sa loob ng bahay; ang indolanin at dolayanin ay kinakanta sa kalye; ang hila, soliranin, manigpasin, at balicongeong ay kinakanta habang namamangka; ang holohorlo at oyayi ay kinakanta para magpatulog ng bata; ang ombayi ay isang malungkot na awitin; ang omiguing ay puno ng matimyas na damdamin; ang tagumpay ay kinakanta upang magdiwang ng pagwawagi; at ang hiliriao ay kinakanta tuwing mayroong inuman. (Lumbera 1987)</p> <p>b) Ang isa sa mga unang “bestseller” o tekstong popular sa Pilipinas ay ang <i>Florante at Laura</i> ni Francisco Balagtas (Jurilla 2008). Ang anyo nito ay awit, at siyempre pa, napakadali</p>	<p>1) Bahagi ng birtud ng novelty song ang makaugnay sa mambabasa. Maaaring maisagawa ito sa pamamagitan ng pagbanggit ng mga bagay na pamilyar sa tagapakinig. Tingnan ang listahan sa ibaba ng mga bagay bagay na pamilyar sa mga estudyante.</p> <p>a) Ang paggamit sa mga imahen ng aso at pusa ay isang taktika upang maging “relatable.” Pamilyar ang mga hayop na ito sa mga tagapakinig. Pero may pagtatangka rin ang kanta na gawin itong di-pamilyar, dahil sa halip na inaasahang pag-aaway ng dalawang hayop, ikinumpara sila sa isang grupo ng magkakaibigang matalik.</p> <p>b) Estratehiko din ang pagbanggit ng kanta kina Tito, Vic, at Joey. Hindi na kailangang banggitin na malapit silang magkakaibigan. Bahagi na ng kulturang popular at ng popular na kamalayan ang tatlong indibidwal na ito.</p> <p>c) Nasa ikalawang berso naman ang isa pang bersiyon ng popular na kantahing kalye, ang “ako ay may lobo.” Nagbibigay ito ng aral tungkol sa pag-iwas sa mga bagay na panandalian lamang ang naidudulot na saya. Gayundin ang ginamit na estilo sa bersong ito, pero dinagdagan pa: “Sa susunod, tatandaan ko na/ ang tama at mali nang hindi nadidisgrasya.” Ginawa pang mas lantad ang pagbibigay ng aral. Pero sa dulo, mayroon pa</p>	<p>1) Ang kantang ito ay novelty, at hindi naman seryosong love song. Sino ang mga inaasahang tagapakinig ng kantang ito?</p> <p>2) Maghanap ng iba pang mga kanta na may kinalaman sa jeep. Ikumpara ito sa kanta ni Willie Revillame.</p>

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>nitong lapatan ng tono at musika. Maaari din itong ituring na tagapanguna ng “novelty” song dahil bago ito at kakaiba--may mga tauhang Muslim na hindi kontrabida. Bunga rin ito ng historikal na sitwasyon: ang sikat na anyo noon ay mga tulang tungkol sa mga nag-iibigang prinsipe at prinsesa o “courtly love” (Lumbera 1987). Hindi man ito istriktong parodiya, taglay pa rin ng awit ni Balagtas ang panggagaya, dahil ginagagad ng <i>Florante at Laura</i> ang mga naratibong galing sa Kanluran.</p>	<p>ring kabig. Kahit pinagalitan ang sarili para sa pagkakamali, binibigyang-katwiran pa rin ang pagkakamali: “Hindi tayo perpekto.”</p> <p>d) Nasa ikaapat na berso naman ang pinakalantad na pagbibigay ng aral. Inihalintulad ang buhay sa isang gulong ng jeepney. Narito muli ang paggamit ng depamilyarisasyon. Ang paghahalintulad sa buhay sa isang gulong ay dati nang ginagamit, pero ang paghahalintulad dito sa espesipikong gulong ng jeepney ay bago.</p> <p>e) Gayundin ang paggamit sa jeep bilang sentral na imahen ng tula ay maaaring tingnan bilang isang pagtatangka sa depamilyarisasyon. Ang buhay ay dati nang inilalarawan bilang isang paglalakbay, pero sa kanta, inilululan ito sa imahen ng jeepney.</p>	

III. Pagnilayan at Unawain

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>1) Kung maaari, patugtugin sa klase ang awit. Pansinin ang musika. Masigla ito at nakakaindak. Maaaring itanong sa mga mag-aaral:</p> <p>a) Anong emosyon ang ginigising ng musika sa tagapakinig?</p> <p>b) Ano ang dating ng boses ng</p>	<p>1) Ang paggamit sa imahen ng jeepney, isang ikonikong imahen sa kulturang popular, ay maaaring tingnan bilang pagtatangka ng kanta na ilarawan ang espisipikong buhay ng Pilipino. Dagdag pa, nagmumukha rin itong alingawngaw ng kasabihan na “tabi tabi po.” Ang persona sa kanta ay nagbibigay ng aral,</p>	<p>1) Pagtanghalin ng isang maigsing skit ang mga estudyante tungkol sa iba’t ibang senaryo sa jeep. Talakayin kumbaga ang “ethics” o “do’s and dont’s” kapag namamasahe sa jeep.</p>

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>mang-aawit? Hindi talaga siya ganoon kahusay kumanta, pero bakit siya ang umaawit? Ang katangiang ito ay bahagi ng pagiging parodiya ng novelty song. Ginagagad lamang ni Revillame ang pag-awit ng mga “tunay” na mang-aawit.</p> <p>c) Batay sa mga katangian ng awit na nabanggit sa itaas, maaaring mahinuha sa itaas na bahagi ng panghalina (appeal) ng novelty song ay ang pagiging “relatable” nito sa mga nakikinig. Nagbibigay ng impresyon ang awitin na isa lamang din ordinaryong tao ang kumakanta. Madali ring kantahin at sabayan ang tono ng kanta, at isa rin ito sa mga dahilan ng appeal nito sa mga tagapakinig.</p>	<p>nagbibigay ng komentaryo sa mga berso, pero sa koro, paulit-ulit ang pagsasabi ng jeep ng “beep beep.” Maaaring basahin ito bilang katumbas ng pagsasabi ng “tabi-tabi po” o ng “bato-bato sa langit, ang tamaan ay huwag magagalit.”</p> <p>Nagpapasintabi ang jeep sa mga posibleng “masagasaan” ng mga aral na binabanggit sa kanta.</p> <p>2) Maaaring ituring ang imahen ng jeepney bilang balintunang imahen. Naging popular ito pagkatapos ng digmaan, dahil dito sumasakay ang mga sundalo noon, pero dahil sa pagiging malikhain at maparaan ng mga Pilipino, nagawa itong behikulo para sa pampublikong transportasyon. Sa kabila nito, sa kasalukuyang panahon, ang pagsakay sa jeepney ay maaaring tingnan bilang simbolo ng kahirapan. Ang kahirapan ay patungkol sa ekonomikong kahirapan (nagtitipid, kaya nagji-jeep o walang pambayad sa taxi, o walang pambili ng kotse), at maaari ding patungkol sa pisikal na kahirapan: pilit pinagkakasya ang mga pasahero sa loob ng isang jeepney, at kapag nangyayari ito, hindi komportable ang pagbibiyaha.</p>	

IV. Ilapat

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>1) Maaaring tanungin ang mga mag-aaral at paglistahin ng mga kantahing bayan na alam nila. Maaaring ibigay na halimbawa ang mga kanta ng mga bata sa kalye, tulad ng “langit-lupa,” “chippy-chippy bang-bang,” “ako ay may lobo” at iba pa. Itong huling halimbawa ay nasa mismong kanta pa nga na <i>Beep, Beep...</i></p>	<p>1) Tingnan ang ikaapat na berso: anong uri ng karanasan sa pagbibiyaha ang inilalarawan dito? Tanungin ang mga estudyante ng kanilang mga karanasan sa pamamasaha. Ano ba ang kanilang hindi malilimutang karanasan sa pagsakay ng jeep? Mayroon na ba silang natutunan sa kanilang pakikipag-ugnayan sa mga kapwa pasahero, gaano man kaikli ang mga engkuwentrong ito?</p>	<p>1) Hatiin ang klase sa walong grupo. Bawat isang grupo ay kinakailangang may kapanayaming jeepney driver. Alamin ang buhay ng isang driver: kung paano siya nagtatrabaho, kung paano nakikitungo sa mga pasahero at pulis, at iba pa. Iulat sa klase.</p>

ARALIN 4: Mga tweets mula sa #Pag-ibig

Linggo 4

Deskripsiyon

Wala pang ibang nagtitipon ng kanilang mga tweet upang maging isang buong libro, tulad ng ginawa ni Rolando Tolentino sa kanyang #Pag-ibig. Ang tweets sa aklat ay pawang nagmula sa kanyang personal na Twitter account. Inilimbag ito ng Ateneo de Naga University Press, isang akademikong palimbagan.

Kilala si Tolentino bilang isa sa mga pangunahing kritiko na may tuon ang panulat sa kulturang popular, kaya ang #Pag-ibig ay maaaring tingnan bilang bahagi ng kanyang proyekto ng pag-aaral at pagbibigay ng komentaryo ukol sa kulturang popular.

I. Tuklasin

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>1) Magsimula sa paliwanag na ang pick up lines ay ginagamit para makuha ang atensiyon ng isang tao. Maaari itong ituring bilang unang hakbang sa panliligaw. Pero nang maglaon, naging popular at palasak ito, at hindi na lamang nalimita sa panliligaw. Ginamit na ito sa pagpapatawa, at sa ngayon, bilang komentaryong panlipunan. Pero nananatili pa rin itong nakaugat sa pag-ibig. Ibig sabihin, laging pag-ibig pa rin ang pinapaksa, pero hindi nalilimita rito ang kahulugan at implikasyon.</p> <p>2) Nitong huling dekada, sumikat si Boy Pick Up sa Bubble Gang. Ginagawa niyang katatawanan ang konsepto ng pick up lines, dahil madalas, wala nang koneksiyon ang mga sinasabi. Nagkaroon din ng Facebook Page na may titulong “Parang Pag-ibig.” Inihahalintulad nito ang lahat ng bagay, karanasan, at pangyayari sa pag-ibig, e.g. Masarap talaga ang kape, parang pag-ibig.</p> <p>3) Ang maaaring ituring na</p>	<p>1) Tingnan ang pagkakasulat ng tweets. Ang lahat ay inihahambing sa pag-ibig, pero ano-ano ang sakop ng mga bagay na inihahambing sa pag-ibig?</p> <p>2) Tingnan halimbawa ang “Ang simula ng pasukan, parang pag-ibig: commitment ito, may anxiety; kahit ilang ulit na, parang bago pa rin.” Tungkol ito sa pag-aaral, sa karanasan ng pagiging estudyante. Espisipiko ito, pero maaari ding tumawid sa karanasan ng isang taong nagsisimula sa bagong trabaho, o sa bagong estado sa kanyang buhay, e.g. pag-aasawa, pagiging magulang, pagiging kuya o ate, pagiging atleta. Tingnan ang iba pang tweets at suriin kung paanong mapapalawak pa ang saklaw ng mga ito, kahit nakatutok sa isang partikular na sitwasyon ang mga salita.</p>	
<p>3) Ang maaaring ituring na</p>	<p>2) Pansinin ang paggamit ng</p>	

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>pinakahuling manipestayon ng popularidad ng pick up lines ay ang “hugot.” Halos kapareho ng Parang Pag-ibig ang proyekto nito, pero mas may diin sa paghihinagpis sa kabiguan sa pag-ibig, e.g. Napakahaba na naman ng pila sa MRT. Lagi na lang ba akong maghihintay? Lahat na lang ba ng bagay hihintayin ko? Walang direktang pagtukoy ito sa romantikong sitwasyon, pero maaaring unawain bilang hugot kung ikukumpara ang paghihintay sa tren sa paghihintay sa pagdating ng pag-ibig.</p>	<p>mga hashtag. Ang silbi ng hashtags ay bilang tagapag-ugnay: kapag ito ay kinlik, lilitaw ang iba pang tweets na gumagamit ng naturang hashtag. Maaaring unawain ito bilang paraan ni Tolentino ng pag-uugnay ng kanyang tweet na tungkol sa pag-ibig sa iba pang paksain, tulad halimbawa ng #Kinaray-a. May malinaw na proyekto ito na ipasok sa kamalayan ng mga gumagamit ng Twitter ang usapin ng wika. Na maaari ring gamiting ang rehiyonal na wika upang ipahayag ang iba’t ibang kaisipan tungkol sa pag-ibig.</p>	

II. Linangin

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>1) Ang Twitter ay pamoso sa pagpapakalat ng impormasyon sa loob lamang ng 140 characters. Ang ibig sabihin nito, kasama na sa bilang ang titik, espasyo, at bantas na gagamitin sa buong tweet. Limitadong-limitado ito, pero maraming gumagamit ng Twitter.</p> <p>2) Ang ilan sa maaaring ituring na implikasyon nito ay ang mas epektibong paggamit ng wika. Ibig sabihin, kinakailangang maiparating ang gustong sabihin, sa kabila ng kaigsian ng pahayag. Maaaring iugnay ito sa bisa ng ating mga kasabihan. Maiigsing pahayag lamang ang mga ito,</p>	<p>1) Suriin ang mga tweet na nagtatangkang bigyan ng kahulugan ang pag-ibig. Tingnan halimbawa ang “Ang pag-ibig parang masayang pagbabalik: idea pa lang, exciting na. Kaya kelangang umalis para makabalik.” Inihahalintulad nito ang pag-ibig sa isang aksiyon at sa kakambal nitong karanasan at damdamin (masayang pagbabalik). Ikumpara ito sa “Ang pag-ibig parang Boracay, isang malaking imahen ng pagnanasa.” Ikinukumpara naman nito ang pag-ibig sa isang lugar. Maraming konotasyon ang lugar na ito: ang Boracay ay isang lugar na walang trabahong gagawin, pero para marating ito, kinakailangan ng perang gagastusin--- kailangan ng pamasaha, pambayad sa hotel, pambili ng pagkain, damit, souvenir, at iba pa. Paano nagkakatulad at nagkakaiba</p>	<p>1) Paglistahin ang mga estudyante ng iba’t ibang mga kasabihan. Igrupo ang mga ito batay sa paksa.</p>

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>pero mayroong malinaw na mensaheng naipaparating. Nariyan bilang halimbawa ang “Kapag nagtiyaga, may nilaga.”</p> <p>2) Talakayin ang mga kasabihan. Baka maaaring makita rito ang transpormasyon na ginagawa ni Tolentino sa tweets: nagiging kasabihan na itong mga hugot lamang dati.</p>	<p>ang mga depinisyon na ito ng pag-ibig?</p> <p>2) Tingnan ang iba pang tweet, iyong tungkol sa pagbibigay ng leksiyon sa pag-ibig. Tingnan halimbawa ang “Ang leksiyon sa pag-ibig parang pagkatalo ni Jessica Sanchez: wag hanapin ang sarili sa iba.” Malinaw rito na alam ni Tolentino ang kalikasan ng kanyang medium: ang mga gumagamit ng Twitter ay malamang kaysa hindi, kilala kung sino si Jessica Sanchez. Para maiparating ang “leksiyon” tungkol sa pag-ibig ginamit ang sitwasyon ni Sanchez, isang kalahok sa American Idol. Maaaring basahin ito bilang babala na huwag isiping lahat ng gusto ng umiibig ay makikita sa kanyang tinatangi. Dahil kung parehong-pareho sila ng gusto, iisang tao lang sila. At hindi naman ganoon ang sitwasyon. Pero sa kaso ni Jessica Sanchez, bumubukas ang diskurso sa usapin ng lahi. Si Sanchez ay may dugong Pilipino, kaya maraming Pilipino ang sumusuporta sa kanya. Nang matalo siya, maraming nalungkot, dahil parang sila na rin ang natalo. Dito makikita ang “huwag hanapin sa sarili ang iba.” Ang tagumpay at pagkatalo ni Jessica Sanchez ay sa kanya lamang, at hindi sa manonood. May sariling buhay ang manonood, at ito ang dapat na kanyang asikasuhin. Maaari pa itong dagdagan ng usapin ng nasyonalidad: American Idol ang palabas, at hindi Philippine Idol. Kahit may dugong Pilipino si Sanchez, isa pa rin siyang American citizen. Ang anumang tagumpay niya ay simbolo ng tagumpay ng Amerika, at hindi ng Pilipinas.</p>	

III. Pagnilayan at Unawain

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>1) Bakit ginagamit ni Tolentino ang mga wikang rehiyonal sa kanyang tweets? Posibleng tingnan ito bilang bahagi ng kritikal na proyekto na ipalaganap ang mga wikang rehiyonal sa pamamagitan ng Internet. Maaari ding itong tingnan bilang paraan upang ipasok ang wikang rehiyonal sa usapin ng wikang pambansa, dahil itong wikang pambansa, ang Filipino, ay dapat din namang kumatawan hindi lamang sa Tagalog, kundi sa iba pang wikang ginagamit sa buong Pilipinas.</p> <p>2) Puwede ring isa itong anyo ng popularisasyon sa mga wikang rehiyonal. Na itong wikang rehiyonal, tulad halimbawa ng Cebuano, ay maaari ding gamitin sa Twitter, dahil mayron pa rin namang malaking bilang ng mga gumagamit nito sa Internet.</p>	<p>1) Ano ang maaring epekto ng kulturang tweeting sa usapin ng pag-ibig? Ano ang maaaring isipin na kritikal na proyekto ng mga tweets ni Tolentino tungkol sa pag-ibig?</p> <p>2) Suriin ang boses na gamit ng mga tweets. Ano ba ang attitude nito tungkol sa pag-ibig? Tunog paham ba ito ng pag-ibig? O tunog ng isang nakatatanda na at marami nang pinagdaanan sa pag-ibig, i.e. may karunungan natamo dahil sa karanasan? Maaaring ikumpara ito sa boses ng mga nakatatanda sa lipunan.</p>	<p>1) Mag-isip ng mga sariling pormulasyon ng pagbibigay ng kahulugan sa pag-ibig. Ikumpara ang mga ito, tingnan kung may bago pa bang paraan ng paglalarawan kung ano ang pag-ibig.</p>

IV. Ilapat

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>1) Maglista ng mga paboritong hugot o pick up lines. Tanungin ang mga estudyante kung bakit nila nagustuhan ang mga ito.</p>	<p>1) Alin sa mga tweet ang may personal na kabuluhan sa mga estudyante? Tanungin sila. Kung mayroong makapagbibigay ng personal na karanasan, mas maigi.</p>	<p>1) Gumawa ng isang showdown ng pick up lines. Parang balagtasang ito, pero ang ibinabato ay iba't ibang pagpapakahulugan sa pag-ibig. Ang magwawagi ay ang hindi mauubusan ng pagpapakahulugan.</p>

ARALIN 5: Mga sanaysay ukol sa kulturang popular: “Ang Sinasabi ng Aldub”

Linggo 5

Deskripsiyon

Ang Aldub ay isang kakatwang penomenon. Sinupling ito ng mga anyo ng kulturang popular: bahagi ito ng isang noontime variety show, nakapadron ang kuwento sa mga teleserye, at nakaangkas ang isang tauhan, si Yaya Dub, sa app na Dubsplash. Tinatawag itong kalyeserye dahil parang teleserye, pero sa kalye nagaganap. Para din itong teleserye dahil kinakailangang subaybayan at tungkol sa pag-iibigan ng dalawang indibidwal.

I. Tuklasin

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>1) Itanong sa mga estudyante kung ano ang pagkakaiba ng kalyeserye at teleserye. Maaaring gamitin ang paliwanag sa ibaba.</p> <p>a) Ang teleserye ay isang dramatikong programa na ipinapalabas sa telebisyon. Karaniwan, hinahati ito sa 30 minuto hanggang 1 oras kada isang araw, mula Lunes hanggang Biyernes. Ang sinundan nitong anyo ay ang soap opera. Pero ang soap opera ay mayroon ding ugat sa radyo. Dramatikong programa muna ito sa radyo bago nailipat sa telebisyon.</p> <p>b) Ang kalyeserye naman ay pekulyar sa Aldub. Isa itong mala-teleseryeng kuwento ng pag-iibigan pero sa kalye ginaganap. Nahahati rin ito sa 30 hanggang 1 oras ang kada palabas, pero anim na beses o araw sa loob ng isang linggo. Anim na beses, dahil hanggang Sabado ipinalabas ang Eat Bulaga. Kakaiba rin sa teleserye, ang kalyeserye ay bunga ng samu't saring improbisasyon. Ang kuwento ng pag-iibigan ng dalawang pangunahing tauhan, sina Yaya Dub at Alden, ay biglaan lamang. Ang terminong kalyeserye ay nilikha lamang ng isa sa mga host ng telebisyon, si Joey de Leon. Ang mga pangyayari sa kanilang dalawa ay nakasingit lang din sa loob ng isa pang programa sa loob ng Eat Bulaga, ang Juan for All, All for Juan.</p>	<p>1) Maaaring itanong sa mga estudyante ang mga sumusunod:</p> <p>a) Ano ang maaaring isiping layunin ng sanaysay? Bakit kinakailangang pag-aralan kung ano ang “sinasabi ng Aldub”?</p>	

II. Linangin

<p>1) Linawin ang ilang teknikal na terminong ginamit ni Sanchez sa kanyang sanaysay. Nariyan ang pusong masa, at interbensiyon. Mahalaga ang mga termino/konseptong ito sa diskusyon. Maaaring gamitin ang paliwanag sa ibaba.</p> <p>a) Ang pusong ay isang pigura sa panitikan. Kinakatawan ng pusong ang ordinaryong tao na nagagawang paglalangan ang mga pigura na kumakatawan naman sa awtoridad, katulad ng hari at iba pang makapangyarihang indibidwal. Maaaring halimbawa ng pusong si Pilandok.</p> <p>b) Iniuugnay ni Sanchez ang Aldub sa pusong. Sabi niya, “Likas na mapaglaro ang Aldub, parang pusong, naghuhunos araw-araw, dala na rin ng inobatibong katangian ng mga magulang na genre nito na noontime show at Teleserye.” Maaaring unawain ang pahayag na ito bilang pagkilala sa improbisasyonal na katangian ng Aldub (hindi naman sinasadya, reaksiyon lamang sa iba’t ibang nagbunsod na pangyayari). Maaari din itong unawain bilang pagkilala sa kapangyarihan ng masa na itakda ang gusto nilang palabas. Maituturing na mala-pusong ang masa--itong terminong ginagamit patungkol sa hindi mapangalanang grupo ng mga indibidwal na kumokonsumo ng kulturang popular--dahil karaniwan silang tinitingnan bilang pasibo sa kulturang popular. Tinatanggap lamang nila kung ano ang mga produktong inilalabas ng mga tagalikha nito, tulad halimbawa ng TV networks. Pero sa Aldub, maaaring makita na nabaligtad kahit pansumandali ang relasyong pangkapangyarihan dahil ang masa ang nagtakda kung ano ang ibibigay sa kanila ng mga tagalikha.</p> <p>c) Kaugnay nito, ang tinutukoy ni Sanchez na interbensiyon ay isang paraan din ng subersiyon. Hindi naman maikakaila na</p>	<p>1) Bakit pusong ang masa? Bakit mahalaga ang masa sa pag-unawa sa Aldub?</p>	<p>1) Maglista ng mga kuwento ng pusong, e.g. Pilandok, Juan Tamad. Ibahagi ang mga ito sa klase.</p>
---	---	---

<p>ang kulturang popular ay may layong kumita, pero ang naging desisyon ng programang Eat Bulaga upang itaguyod ang edukasyon (nais magtayo ng aklatan) ay maaaring ituring na “pakikisangkot” ng kalyeserye na hindi lamang pagkita ng pera ang maging bunga ng tagumpay nito.</p>		
---	--	--

III. Pagnilayan at Unawain

<p>Pamantayang Pangnilalaman</p>	<p>Pamantayan sa Pagganap</p>	<p>Mga Kasanayang Pampagkatuto</p>
<p>1) May ilang mga termino mula sa kritikal na teorya na ginamit si Sanchez. Maaaring linawin ang mga ito upang makatulong sa pag-unawa ng mga mag-aaral. Pero tandaan na ang mga terminong ito ay masalimuot, at kinakailangan pa rin ng karagdagang pananaliksik at pagbabasa upang maunawaan ang mga ito nang mas maigi. Ang mga paliwanag na narito ay pinasimpleng bersiyon, at hindi nahuhuli ng mga ito ang kasalimuotan ng kahulugan ng mga terminong ito.</p> <p>a) Post-istruktural -- galing ito sa post-istrukturalismo. Sa kapakanan lamang ng pag-unawa sa talakayan, maaari itong ipakahulugan bilang kilusan sa pilosopiya na sumunod sa istrukturalismo. Para sa post-istrukturalismo, ang lahat ng bagay bilang mga teksto. Ibig sabihin, ang lahat ng bagay ay maaaring “basahin.” Wala nang pagkakaiba ang mga “dakilang akda” tulad halimbawa ng Noli Me Tangere at Aldub. Ang dalawang ito ay maaaring basahin at pag-aralan. Kaya nga isinulat ni Sanchez ang sanaysay, at kaya nga mayroong kursong “The Philippine Teleserye.” Ang teleserye, ang kalyeserye, at ang Noli Me Tangere ay may sinasabi tungkol sa kultura, sa iba’t ibang puwersang nakapaghubog ng mga relasyon sa lipunan.</p> <p>b) Ang postmoderno ay maaaring ipakahulugan bilang yugto sa kasaysayan pagkatapos ng modernismo. Sang-ayon sa</p>	<p>1) Paano binago ng Aldub ang pag-unawa sa kuwento ng pag-iibigan sa telebisyon? Kung ang tingin sa mga tauhan ay representasyon lamang ng mga ideya, ano ang sinasabi nito sa mga manonood?</p> <p>Posibleng sagot: matagumpay ang Aldub sa kabila ng pagiging representasyon lang ng mga tauhan ng ideya, dahil patunay ito ng postmodernong sitwasyon. May taglay na self-reflexivity ang mga manonood: alam nila na imbento lang ang pinapanood nila, pero pinipili nilang “maniwala” at maaliw pa rin.</p>	<p>1) Maglista ng mga bagong bersiyon ng pamumusong, e.g. si Inday sa serye ng mga text messages, ang Pilipino sa mga biruang Pilipino, Amerikano, Hapon.</p>

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>postmodernismo, wala nang maaaring malikhang bago sa kultura. Ang mayroon na lamang tayo ay ang bakas ng nakaraan, tira-tira ng kasaysayan. Sa konteksto ng Aldub, maaari itong makita sa tauhang si Lola Nidora. Para kay Sanchez, si Lola Nidora ay “sagisag ng luma, makalumang panahon...ng nostalgia.” Maaaring isipin na alam ito ng mga tagapanood ng Aldub. Alam nilang hindi naman totoong tao ang kinakatawan ni Lola Nidora, kundi kinakatawan lamang niya ang ideya ng nakaraan. Gayundin, alam ng mga manonood na sina Yaya Dub at Alden ay kumakatawan lamang sa mga ideya ng dalawang nagmamahalan na may kinakaharap na mga pagsubok.</p>		

IV. Ilapat

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>1) Papanoorin ang mga estudyante ng video ng Aldub, dubsplash ni Maine Mendoza.</p>	<p>1) Ano ang nagustuhan o hindi nagustuhan ng mga mag-aaral sa Aldub?</p>	<p>1) Magkaroon ng debate tungkol sa uri ng pag-ibig na nililikha ng media. Masama ba ito o mabuti?</p>

ARALIN 6: Mga sanaysay ukol sa kulturang popular: “Pilipino’y Maaaring Kilanlin sa Pamamagitan ng Kanyang Pagkain”

Linggo 6

Deskripsiyon

Ang pagkain ay bahagi ng kulturang popular. Isa ito sa mga lunduyan ng ating identidad bilang mga tao. Sa sanaysay na ito, tinatalakay ng iskolar na si Doreen Fernandez kung paanong maaaring basahin ang pagkain bilang tekstong kultural.

I. Tuklasin

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>1) Itanong sa mga estudyante kung sino si Doreen Fernandez. Ano ang kanyang ambag bilang iskolar sa Pilipinas? Ipakilala si Doreen Fernandez sa mga mag-aaral. Isa siya sa mga tagapangunang iskolar sa Pilipinas na itinuring ang pagkain bilang lehitimong obheto ng pag-aaral. Ang sanaysay na ito ay ilan lamang sa marami niyang sulatin tungkol sa pagkain.</p> <p>2) Itinuturing ng sanaysay ang pagkain bilang isang tekstong ng kulturang popular. Popular ito dahil ayon nga kay Fernandez, “ang pagkain ay mahigpit na kaakibat ng buhay ng tao.”</p>	<p>1) Paano pinatunayan ni Fernandez na bahagi ng popular na kamalayan ang pagkain? Ipasuri sa mga mag-aaral ang kanyang mga pahayag na sumusunod:</p> <p>a) “Sinasabi niya ang oras sa pamamagitan niyon--- ‘pagkakain,’ ‘pagkatapos ng pananghalian.’” Maaaring makita rito kung paanong binibigyang kahulugan ng Pilipino ang oras sa pamamagitan ng kaugnayan nito sa pagkain. Maaari itong ituring na patunay kung gaano kasentral ang akto ng pagkain sa kamalayan ng mga Pilipino. Hinahati niya ang isang araw batay sa tanghalian: ang mga pangyayari ay naganap “pagkakain” o “pagkatapos ng pananghalian” o kahit pa “pagkatapos ng hapunan,” “pagkatapos ng agahan.”</p> <p>b) “...[N]ag-eesperimento rin siya sa pamamagitan ng panlasang sinanay sa lahat ng klase ng mga lasa: maaskad, malabo, mapakla, manamisnamis, malinamnam, atbp., kabilang na, halimbawa, ang mga walang-taguring antas ng kaasiman.” Makikita rito ang kaugnayan ng pagkain at wika. Kinakailangan ng mga salitang huhuli sa iba’t ibang lasa ng pagkain. Mahalaga ang ugnayang ito dahil napapayaman ang wika. Maaaring ituring na patunay ng yaman at galing ng isang wika ang pagkakaroon ng samu’t saring salita patungkol sa mga espesipikong karanasan o konsepto, at maaaring makita ito sa wikang Filipino, na sagana sa iba’t ibang salitang naglalarawan sa mga partikular na lasa.</p>	

II. Linangin

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>1) Tinukoy ng sanaysay kung gaano kahalaga ang pagkain bilang isang tekstong kultural: makikita sa pag-aaral sa pagkain ang ilang katangian ng pag-iisip ng grupo ng mga tao (kamalayan), ang kanilang pagkilala sa sarili (“Pilipino”), at mababanaag din ang kanilang kasaysayan (ang iba’t ibang impluwensiya mula sa ibang kultura sa labas ng Pilipinas).</p>	<p>1) Bigyang-diin sa mga mag-aaral na ang pagkain, ang pagluluto nito, at ang konsumpsiyon nito ay nahuhubog ng materyal na kondisyon, i.e. ang materyal na kapaligiran. Maaaring pagmulan ng talakay ang mga sumusunod na pahayag:</p> <p>a) “Marahil, ang dalawang pinakamahalagang biyaya sa Pilipino ng nakapaligid na kaluntian ay ang palay at niyog.” Bakit itinuturing na biyaya ang palay at niyog? Ano-ano ang mga silbi nito para sa iba’t ibang pagkaing Pilipino? Tingnan ang mga patunay na isinulat ni Fernandez sa kanyang sanaysay.</p> <p>b) “Sa pananaliksik niya sa kalikasan, mangyari pang hindi nakaligtaan ng Pilipino ang mga hayop sa kanyang paligid. Ni hindi rin niya nililimitahan ang sarili sa mga baboy at manok na kanyang inaalagaan kundi pinag-uukulan din niya ng pansin ang lahat ng hayop na gumagala...” Paano nahuhubog ng pisikal na kapaligiran ang panlasa ng Pilipino? Pansinin ang iba’t ibang popular na pagkain sa mga lugar (ang mga <i>specialty</i>) at kung paano nahubog ang mga ito ng kapaligiran na nagbunga ng pagkalikha ng mga putaheng ito.</p>	<p>1) Pagdalahin ang mga estudyante ng mga larawan ng pagkain. Tukuyin ang mga posibleng impluwensiya ng mga pagkain na nasa larawan. Halimbawa, larawan ng spaghetti. Saang kultura galing ito? Paano nagawang “angkinin” o gawing Pilipino?</p>

III. Pagnilayan at Unawain

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>1) Ano ba ang ibig sabihin ng identidad? Bakit mahalaga itong hanapin sa ating kultura, at sa pagkain? Pagmuniin ang mga estudyante tungkol sa kahalagahan ng pagkakaroon ng</p>	<p>1) Ipaliwanag kung paanong ang identidad o sarili ay lumilitaw bilang produkto ng pakikipag-ugnayan ng sarili sa labas--ang pisikal na kapaligiran at ang iba’t ibang indibidwal na nakakasalamuha. Maaaring gamitin ang sumusunod na pahayag bilang lunsaran ng talakayan:</p>	<p>1) Papanoorin ang mga estudyante ng mga dokumentaryo tungkol sa pagkain, o kaya naman ay mga cooking show sa telebisyon. Pag-usapan kung paanong nahuhubog</p>

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>identidad.</p>	<p>“Walang alinlangang ang Tsino at ang Espanyol ang dalawang malalakas na impluwensiya sa lutuing Pilipino, bagamat ang Indian, ang Malayo at ang Arabo ay nag-iwan din ng kanilang mga bakas, lalo na sa lutuing Muslim.”</p> <p>Ano ang sinasabi ng pahayag na ito tungkol sa ating pagkain, sa ating panlasa? Bigyang-diin kung paanong ang pagkain ay bunga rin ng kasaysayan: nahuhubog ito hindi lamang ng kapaligiran, kundi pati ng ating politikal na ugnayan hindi lamang sa isa’t isa, kundi maging sa mga indibidwal mula sa ibang bansa, mga indibidwal mula sa ibang politikal na pormasyon, i.e. estado. Ipaliwanag ang mga pahayag ni Fernandez tungkol sa mga impluwensiyang ito, at kung paano silang dumaraan sa proseso ng pag-angkin. Kumbaga, ang mga impluwensiya ay tinatanggap pero ginagamit upang pagyamanin ang nabuo nang identidad ng mga Pilipino batay sa pagkain.</p>	<p>ng media ang persepsiyon tungkol sa pagkain.</p>

IV. Ilapat

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>1) Paglistahin ang mga mag-aaral ng mga paborito nilang pagkain.</p>	<p>1) Paglistahin ang mga mag-aaral ng mga pagkain na popular sa kanilang lugar na kinalakhan o kahit iyong sa kanilang probinsiya. Halimbawa, ano ang <i>specialty</i> sa Malabon? Sa Iloilo? Sa Davao?</p>	<p>1) Pagsulatin ang mga mag-aaral ng sanaysay tungkol sa halaga ng pagkain sa kultura. Maaaring magsimula sila sa kanilang sariling karanasan: ano ang paborito nilang pagkain, at kung ano ang sinasabi nito tungkol sa kanilang sarili.</p> <p>2) Ibigay ang post test.</p>

KABANATA 2:

SINING PANTEATRO

Ang teatro ay nahubog ng kasaysayan. Sa ating bansa, ang mga unang teatrikong pagtatanghal ay nakahabi sa pang-araw-araw na mga gawain at ritwal. Ibig sabihin, itinatanghal ang mga ito hindi upang panoorin lamang bilang ispektakulo, kundi dahil sa kanilang kultural na halaga. Halimbawa, ang mga sayaw ng mga katutubo noon para sa pamumulot ng kahel o panghuhuli ng baboy ramo ay maituturing bilang mga maagang halimbawa ng dramatikong pagtatanghal. Dramatiko sila dahil may elemento ng panggagagad (panggagaya). Replektibo rin sila ng kultura ng mga nagtatanghal at nanonood sa pagtatanghal/pagsasayaw: bahagi ito ng kanilang pamumuhay at nahubog ng kanilang kapaligiran. Wala rin malinaw na paghihiwalay sa manonood at tagapagtanghal, dahil ang mga nanonood ay maaari ring maging tagapagtanghal sa ibang pagkakataon (Fernandez 1996).

Nang maglaon, nagkaroon ng distinksiyon ang manonood at tagapagtanghal. Pumasok na rin ang espasyo ng entablado, at siyempre pa, ang konsepto ng pagbabayad para makapanood. Dulot na ito ng impluwensiya ng Kanluran. Ang impluwensiyang ito ay maimamapa mula sa impluwensiya ng mga Kastila hanggang sa mga Amerikano. Sa kasalukuyan, ang dulang Pilipino ay mayroon nang sarili at partikular na mga katangian. Maaaring makita ito sa pananatiling matatag ng mga grupong pandulaan tulad ng PETA (Philippine Educational Theater Association) at Tanghalang Pilipino. Malaki rin ang ambag ng mga grupong panteatro na nakabase sa iba't ibang akademikong institusyon tulad ng Dulaang UP, Tanghalang Ateneo at iba pa.

Matatagpuan sa kabanatang ito ang iba't ibang teksto na may kinalaman sa sining panteatro. Mayroon ditong iskit (*Eyeball*), mga monologo (*Puring* at *Tonyo*) mga dulang may isang yugto (*Suor Clara* at *Ang Unang Aswang*). Mayroon ding rebyu ng mga dula (“Lukso ng Dugo” at “Kung Totoo ang Larong Killer-killer”) at isang sanaysay na tumatalakay sa kasaysayan ng dulaang papet sa Pilipinas (“Dulaang Papet: Pangkabataan at Pangmatanda).

Layon ng kabanatang ito na ipakilala ang sining panteatro sa mga mag-aaral, kung paanong ang sining na ito ay importanteng bahagi ng ating kultura, at kung paanong ang mga

dula sa ngayon ay maituturing bilang mga malikhaing tugon ng mga mandudulang Pilipino sa ating kasalukuyang historikal na sitwasyon. Sa pagsipat sa kanila bilang mga tugon, maaaring lumitaw na hindi pa rin naman lubos na nahiwalay ang sining ng teatro sa ating lipunan, kahit na nahubog na rin ito ng impluwensiya mula sa labas. Maaaring makita sa mga dula, halimbawa, ang pagbibigay ng puna sa namamayaning kalakaran sa ekonomiya, sa kasaysayan, sa mitolohiya, at kahit pa sa konsepto ng romantikong relasyon.

Matatagpuan sa Aneko ng Patnubay ng Guro ang mga akdang Tonyo ni Rene Villanueva at Suor Clara ni Floy Quintos sa halip na sa Kagamitan ng Mag-aaral. Pasya ito na nagsasaalang-alang sa pananaw ng iba kaugnay ng ilang salitang ginamit sa mga akdang nabanggit na maaaring ituring na sensitibo.

Naniniwala ang may-akda ng Patnubay ng Guro na ang pagtalakay sa mga akdang ito ay makapagpapayabong ng karunungan at makapaghahasa sa kasanayan ng mga mag-aaral. Ganito pa man, nasa guro ang huling pasya sa pagtalakay sa mga akdang ito.

ARALIN 7: Isang halimbawa ng iskit: “Eyeball”

Linggo 7

Deskripsiyon

Ang iskit ay isang maigsing pagtatanghal na kadalasan ay mayroong layon na magpatawa. Ang “Eyeball” ay isang halimbawa ng “dulang iglap,” isang dula na maigsi. Maaari itong ituring na iskit una dahil sa kaigsian, at ikalawa, dahil mayroon din itong elemento ng pagpapatawa. Maaari din itong ituring na isang yugtong dula, pero inihiwalay dahil sa haba: 10 minuto lamang ang tagal ng pagtatanghal nito. Ang mga dulang may isang yugto na kasama ay hindi hamak na mas mahaba ang oras na kakailanganin sa pagtatanghal.

Mahalagang tandaan na ang “Eyeball” ay hindi lamang simpleng nagpapatawa, kundi nagbibigay din ng komentaryo sa pagkabuo ng mga romantikong relasyon sa kasalukuyang panahon, kung paanong ito ay dumaraan sa mediasyon ng teknolohiya, na sa kasong ito ay kinakatawan ng Internet chat.

I. Tuklasin

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>1) Magsimula sa pagbibigay ng mga depinisyon. Maaaring ibigay ang mga sumusunod sa mga mag-aaral:</p> <p>a) Ang dula ay isang anyo ng panitikan na binubuo ng mga tauhan, dayalogo, at isa o higit pang tagpuan. Isinulat ito upang itanghal.</p> <p>b) Ang iskit ay isang anyo ng pagtatanghal. Ito ay maaaring improbisasyonal o hindi. Madalas, ito ay maigsi lamang, at mayroong layon na magpatawa. Maaaring matagpuan ang mga halimbawa ng iskit sa telebisyon. Nariyan ang mga iskit sa mga comedy at gag shows, kung saan may ilang minuto ng pagtatanghal, at madalas ay para lamang mai-deliver ang isang biro.</p>	<p>1) Suriin ang mga elemento ng dula. Magsimula sa kahalagahan ng tagpuan.</p> <p>a) Ang tagpuan ang unang bumubungad sa mga manonood pagbukas ng ilaw sa tanghalan. Ibig sabihin, may ipinaparating na kaagad itong mensahe sa mga manonood, kung ano ang kanilang aasahan sa dula.</p> <p>b) Pansinin na ang “Eyeball” ay sa isang “Starbucks-type na coffeehouse” magaganap. Ano ang ipinararating nito sa mga mambabasa/manonood? Anong uri ang kinabibilangan ng mga nagpupunta sa ganitong lugar? Ano rin ang mga inaasahang kalikasan ng mga pagkikitang nagaganap sa mga ganitong coffeehouse? Naipakita ba ito sa dula? Paaano?</p>	<p>1) Ibigay ang pre-test.</p>

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
c) Ang “Eyeball” ay isang dulang iglap. Ibig sabihin, sadyang isinulat nang maigsi. Maaari itong ituring na maigsing bersiyon ng dulang may isang yugto, at maaari ding ituring na isang mahaba-haba kaysa karaniwang iskit. Ang pagturing dito bilang isang iskit ay isa ring pagpapalawak sa depinisyon ng iskit.		

II. Linangin

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>1) Ibigay sa mga estudyante ang mga bahagi ng dula.</p> <p>a) Tagpuan: ang “Eyeball” ay ginawa sa isang coffee shop.</p> <p>b) Patrick, Eileen, Rosemary, Wilson: sila ang mga tauhan sa dula. Malinaw na makikita natin na tatlong pareha ang mabubuo nila. Ang una ay pareha ng magkaibigan (Eileen at Wilson). Ang ikalawa ay pareha ng magpinsan (Patrick at Rosemary). Ang ikatlong pareha ay romantiko (Patrick at Eileen).</p> <p>c) “Papasok sina Eileen at Wilson.” -- Ito ang stage direction. Dito makikita ang mga kilos ng mga tauhan sa dula.</p> <p>d) “Sigurado ka bang okey lang sa kanya na may kasama ka?” Ito ay dayalogo. Napakahalaga ng</p>	<p>1) Ipagpatuloy ang pagtalakay sa mga elemento. Talakayin ang dinamiko ng relasyon ng mga tauhan.</p> <p>a) Pansinin ang ugnayan ng mga tauhan. Malaking bahagi ng dula ang pagtalakay sa ugnayan ng mga kasarian. Ano ang dinamiko ng relasyon nina Eileen at Wilson? Bakit kailangang samahan ni Wilson si Eileen? Gayundin, ano ang dinamiko ng relasyon nin Patrick at Rosemary? Bakit nagalit si Rosemary nang malaman niyang hindi katanggap-tanggap kay Patrick ang hitsura ni Eileen?</p> <p>b) Ano ang maidaragdag na impormasyon ng mga gamit (e.g. pocketbook) at dayalogo upang makilala natin ang mga tauhan? Ipaliwanag kung paanong nakakatulong ang mga ito sa pag-unawa ng mambabasa sa dula.</p>	<p>1) Maaaring itanong sa mga estudyante: sino ba ang inaasahang magbasa ng dula? Kung may dula naman na panonoorin, bakit pa babasahin ang teksto ng dula? Maaaring gamiting basehan ng sagot ang mga sumusunod:</p> <p>a) Ang praktikal na sagot: isinulat naman talaga ito para sa direktor, sa mga aktor, at iba pang miyembro ng produksiyon.</p> <p>b) Isa pang posibleng sagot: para sa mga mag-aaral ng teatro. Mas higit na mauunawaan ang isang dula kung makikita ang pinagdaanang proseso nito, at mahalagang elemento ang dula. Dito nakabatay ang kuwento ng pelikula. Maaaring balik-balikan ang mga pahina upang suriin.</p> <p>c) Isa pang posibleng sagot: para sa mag-aaral ng panitikan. Ang dula ay isa pa</p>

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>mga dayalogo dahil ito ang pinakamalaking salik kung paanong nakikilala ng mambabasa ang isang tauhan. Nabubunyag ang kanyang pag-iisip, mga paniniwala, at motibasyon batay sa mga salitang binibitiwan.</p> <p>2) Ipaalala sa mga mag-aaral na ang dula, tulad ng screenplay, kilala sa mas popular na terminong “script.” Sa unang sipat, maaaring isipin na pareho ang dalawang ito. Lalo na, pareho silang nakadepende sa mga dayalogo, at parehong performatibo. Ang ibig sabihin ng performatibo ay kinakailangang itanghal. Hindi “malulubos” ang kanilang pagka-dula o pagka-screenplay, kung hindi sila dadaan sa proseso ng pagtatanghal.</p> <p>Ang pagkakaiba lamang, ang dula ay parating itinatanghal sa harap ng isang madla. Lagi itong “live,” wika nga. Itong elemento ng pagiging “live” ang nagtatakda rin ng limitasyon sa dula. Ang espasyo lamang ng entablado ang magagamit para sa mga eksena. Habang ang screenplay naman ay maaaring gumamit ng iba’t ibang lokasyon para sa lunan ng pelikula, at maaari ding magpalit-palit ng panahon. Maaari din itong hindi sumunod sa kronolohikal na pagtatanghal ng mga eksena.</p>		<p>ring bukod na genre ng panitikan. Maraming mahuhusay na dula na maaaring pag-aralan, at kinakailangan na lamang ng tamang mga indibidwal upang maitanghal ang mga ito. Maaaring tingnan ang mga nagwagi sa Carlos Palanca Memorial Awards, halimbawa.</p>

III. Pagnilayan at Unawain

Pamantayang Pagnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>1) Tanungin ang mga mag-aaral kung paanong nakakaapekto ang teknolohiya sa mga personal na relasyon. Nandiyang mga ito upang pabilisin ang komunikasyon. Maliban pa rito, ano pa ang ibang epekto ng teknolohiya sa mga personal na relasyon? Magbigay ng mga maituturing na mabuti at masama, kung mayroon man.</p>	<p>1) Ano ang ibinibigay na komentaryo ng dula tungkol sa “eyeballing”? Ano ang implikasyon nito sa pananaw ng dula tungkol sa mga relasyong romantiko ng babae at lalaki? May sinasabi ba ang dula tungkol sa usapin ng kasarian? Halimbawa, pansinin na sinabi ni Eileen, “Noong nakilala ko siya, pwede palang may magkagusto sa akin, kahit hindi pa nakikita ang itsura ko.” Ano ang maaari nating malaman kay Eileen sa pahayag na ito? Gayundin, ano ang maaaring isipin na epekto ng teknolohiya sa pagliligawan o pagkikilanlan ng mga tao?</p>	<p>1) Maaaring pasulatin ang mga mag-aaral ng isang repleksiyon tungkol sa usapin ng panliligaw. Ano ang kanilang pananaw tungkol dito? Gaano ito kahalaga sa pagkahubog ng romantikong relasyon? Ano ang mga epekto nito sa pagkilala sa isa’t isa ng lalaki at babae? Maaari ba itong gawin sa pamamagitan ng Internet chat, at kung oo, ano ang epekto nito, kumpara sa mas tradisyonal na paraan ng panliligaw?</p>

IV. Ilapat

Pamantayang Pagnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>1) Ipabasa nang malakas sa ilang miyembro ng klase ang dula. Pansinin kung gaano kahalaga ang iba pang mga elemento ng dula sa aktwal na pagtatanghal.</p>	<p>1) Itanong sa mag-aaral kung bakit mahalaga na pag-aralan ang dula na pumapaksa sa usapin ng panliligaw, partikular iyong ginagamit ang Internet?</p>	<p>1) Bigyan ng panahon ang mga mag-aaral na mag-ensayo at itanghal ang “Eyeball” o anumang dulang iglap na nais nilang itanghal sa klase. Maaaring magbigay ng isang araw para sa kanilang mga pagtatanghal.</p>

ARALIN 8: Mga monologo: “Puring” at “Tonyo”

Linggo 8

Deskripsiyon

Nasa aralin na ito ang dalawang monologo, ang “Puring” at “Tonyo.” Ang una ay monologo ng isang babaeng nagtitinda sa isang karinderya. Ang ikalawa naman ay monologo mula sa imahinaryong bersiyon ng bayaning si Antonio Luna.

I. Tuklasin

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
1) Magsimula sa paglilinaw na ang monologo ay isang mahabang pahayag ng isang tauhan. Sa pamamagitan ng dayalogo na may imahinaryong kausap (puwedeng ang mga manonood, iba pang tauhan), naipaparating ng monologo ang damdamin at pag-iisip ng tauhan.	1) Tukuyin kung paanong binuo ng monologo ang mga tauhang sina Puring at Tonyo. a) Puring: batay sa kanyang okupasyon, anong uri ang kinabibilangan niya? Ano ang sinasabi ng kanyang wika, paraan ng pananalita sa kanyang pagkatao? b) Tonyo: batay sa kanyang pananalita, ano ang kanyang posisyon at papel sa Digmaang Pilipino-Amerikano? Ano ang pananaw niya tungkol sa mga kapwa rebolusyonaryo? Sino ang mga tinatawag niyang taksil at traydor?	

II. Linangin

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>1) Maigsi lamang ang monologo, pero maaari pa rin ditong makita ang mga elemento ng isang dula.</p> <p>a) Tagpuan: ang “Puring” ay naganap sa isang “puwesto ng karinderya sa Balic-balic, Sampaloc, Maynila.” Wala namang nakalagay sa monologong “Tonyo.” Maaaring isipin na ang entablado para sa “Tonyo” bilang walang laman at disenyo. Maaaring magkaroon na lamang ito ng disenyo, depende sa pipiliin ng direktor na paraan ng pagsasadula nito.</p> <p>b) Puring at Tonyo: sila ang mga tanging tauhan sa kani-kanilang monologo.</p> <p>c) “Mga duwag! Mga mamamatay-tao!” at “Ang daming langaw!”: ito ay dayalogo. Napakahalaga ng mga dayalogo---lalo na sa monologo!--- dahil ito ang pinakamalaking salik kung paanong nakikilala ng mambabasa ang isang tauhan. Nabubunyag ang kanyang pag-iisip, mga paniniwala, at motibasyon batay sa mga salitang binibitiwan.</p> <p>2) Ipaalala sa mga mag-aaral na ang monologo, tulad ng dula at screenplay, ay nakadepende sa mga dayalogo, at pare-parehong performatibo. Ang ibig sabihin ng performatibo ay kinakailangang itanghal. Hindi “malulubos” ang kanilang pagka-dula o pagka-screenplay, kung hindi sila dadaan sa proseso ng pagtatanghal.</p>	<p>1) Maaaring itanong ang mga sumusunod sa mga mag-aaral:</p> <p>a) Puring: ano ang silbi ng pagbanggit ni Puring sa kanyang mga paninda? Bakit kinakailangan niyang manatiling buhay ang mga ito? Ano ang posibleng halaga ng paggamit ng lugar na Balic-balic bilang tagpuan?</p> <p>b) Tonyo: Kung tutuusin, alam na natin ang kasaysayan ng Digmaang Pilipino- Amerikano. Kailangan lamang bumuklat ng aklat ng kasaysayan. Ano ang kaibhan ng dramatikong monologong bersiyon ng mga pangyayari mula sa isang tauhan na kumakatawan kay Antonio Luna? Bakit hindi tinawag na “Antonio Luna” ang dula, at sa halip ay sa kanyang palayaw na “Tonyo”? Paano nitong naapektuhan ang pag-unawa ng mambabasa sa kasaysayan?</p>	<p>1) Maaaring itanong sa mga estudyante: sino ba ang inaasahang magbasa ng monologo? Kung may monologo naman na panonoorin, bakit pa babasahin ang teksto ng dula? Maaaring gamiting basehan ng sagot ang mga sumusunod:</p> <p>a) Ang praktikal na sagot: isinulat naman talaga ito para sa direktor, sa pangunahing aktor, at iba pang miyembro ng produksiyon.</p> <p>b) Isa pang posibleng sagot: para sa mga mag-aaral ng teatro. Mas higit na mauunawaan ang isang monolog kung makikita ang pinagdaanang proseso nito, at mahalagang elemento ang monologo. Dito nakabatay ang kuwento ng pelikula. Maaaring balik-balikan ang mga pahina upang suriin.</p> <p>c) Isa pang posibleng sagot: para sa mag-aaral ng panitikan. Ang monologo, bilang isang uri ng dula, ay isa pa ring bukod na genre ng panitikan. Maraming mahuhusay na dula na maaaring pag-aralan, at kinakailangan na lamang ng tamang mga</p>

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>Ang pagkakaiba lamang, ang monologo at dula ay parating itinatanghal sa harap ng isang madla. Lagi itong “live,” wika nga. Itong elemento ng pagiging “live” ang nagtatakda rin ng limitasyon sa dula. Ang espasyo lamang ng entablado ang magagamit para sa mga eksena.</p> <p>Gayundin, ang monologo ay nagtatampok sa isang tauhan lamang. Ang lahat ng mga pangyayaring inilalahad niya ay nasisipat sang-ayon sa kamalayan ng tauhan na ito.</p>		<p>indibidwal upang maitanghal ang mga ito.</p>

III. Pagnilayan at Unawain

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>1) Tanungin ang mag-aaral kung paanong naaapektuhan ang kasaysayan ng ating pag-unawa sa papel ng mga indibidwal. Halimbawa, anong uri ba ng kasaysayan ang alam natin sa kasalukuyan? Iyong kuwento na pulos mga bayani ang kumikilos? Paano itong binabago ng monologong “Tonyo”? Paano naman ang representasyon ng kasaysayan sa mga ordinaryong tao na tulad ni Puring? Ano ang papel nila sa kasaysayan?</p>	<p>1) Bigyang-diin sa mga mag-aaral na mayroon ding papel ang “masa” sa kasaysayan at kung wala sila, hindi magtatagumpay ang mga bayani sa anumang plano nila. Ang mga monologong tulad ng Puring ay isang paraan ng pagbibigay-tinig sa mga indibidwal na kadalasang hindi napapansin, pero sa kabila nito, ay mahalagang bahagi pa rin ng lipunan.</p> <p>2) Ang paggamit naman ng personal na tinig ni Tonyo ay maaaring unawain bilang isang pamamaraan na gawing “tao” ang isang bayani. May tendensiya kasi na maging hindi makatotohahanan o abstrakto na lamang ang persepsiyon sa mga bayani, mga simpleng pangalan sa mga libro tungkol sa kasaysayan. Sa</p>	<p>1) Maaaring pasulatin ang mga mag-aaral ng isang repleksiyon tungkol sa usapin ng kasaysayan. Bakit mahalaga itong pag-aralan? Gayundin, bilang mga pangkasalukuyang miyembro ng lipunan, at bilang mga subheto ng kasaysayan, may ginagawa ba sila para mabago ang kasaysayan ng bansa? O, ano ang kanilang kontribusyon sa pagbuo ng naratibo ng ating bansa?</p>

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
	pamamagitan ng monologong Tonyo, naipaparating sa mambabasa/manonood na tao pa rin si Antonio Luna. Mayroon siyang masidhing damdamin, at bahagi ito ng dahilan kung bakit niya ginawa ang mga desisyon na na siyang nagpa-bayani sa kanya matapos siyang mamatay.	

IV. Ilapat

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
1) Ipabasa nang malakas sa ilang miyembro ng klase ang dalawang monologo.	1) Itanong sa mag-aaral kung bakit mahalaga na pag-aralan ang monologo na pumapaksa sa buhay ng isang bayani. Gayundin, kung bakit mahalaga na magkaroon ng monologo na tungkol sa buhay ng isang ordinaryong tindera sa isang karinderya?	1) Bigyan ng panahon ang mga mag-aaral na mag-ensayo at itanghal ang “Tonyo” o “Puring” o anumang monologo na nais nilang itanghal sa klase. Maaaring magbigay ng isang araw para sa kanilang mga pagtatanghal.

ARALIN 9: Mga dulang may isang yugto: “Suor Clara”

Linggo 9

Deskripsiyon

Ang “Suor Clara,” ang dulang may isang yugto na isinulat ni Floy Quintos, ay isang dramatikong ispekulasyon sa kung ano ang posibleng nangyari sa mga tauhan ni Jose Rizal. Inilalarawan dito sina Maria Clara at Padre Salvi sa ibang paraan.

I. Tuklasin

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>1) Magsimula sa pagbibigay ng mga depinisyon. Maaaring ibigay ang mga sumusunod sa mga mag-aaral:</p> <p>a) Ang dula ay isang anyo ng panitikan na binubuo ng mga tauhan, dayalogo, at isa o higit pang tagpuan. Isinulat ito upang itanghal.</p> <p>b) Ang “Suor Clara” ay halimbawa ng isang dulang may isang yugto. Ang dulang may isang yugto ay karaniwang nagtatampok ng iilang tauhan lamang. Kadalasan, umaabot lamang ng dalawa hanggang apat ang mga tauhan. Ang tagpuan ay kadalasang isa lang. Mayroon ding kaisahan ng panahon at espasyo ang (tradisyonal na) dulang may isang yugto. Ibig sabihin, sa pagbukas at pagsara ng ilaw ng tanghalan, iyon lamang ang panahon at tagpuan na nasasakop ng buong dula.</p>	<p>1) Ipaliwanag sa mga mag-aaral ang konteksto ng dula. Maaaring gamitin ang mga paliwanag na nasa ibaba.</p> <p>a) Ang dula ay isang reimahinasyon ng mga tauhan ni Jose Rizal. Sina Maria Clara at Padre Salvi ay mula sa mga nobelang <i>Noli Me Tangere</i> at <i>El Filibusterismo</i>. Nagsisimula ang dula 25 taon matapos ang <i>Fili</i>. Nagbago na ang kanilang mga estado sa buhay. Makikita na isa nang madre superyora ng kumbento ni Santa Clara si Maria Clara, kaya nga ang tawag na sa kanya ay Suor Clara. Si Padre Salvi naman ay umangat na rin ang posisyon sa simbahan at naging isang obispo na. Kaya ang tawag sa kanya ay Obispo Salvi.</p> <p>b) Tukuyin ang mga maaaring mahinuha tungkol sa relasyon nina Suor Clara at Obispo Salvi. Batay sa kanilang mga usapan narito ang mga bagong detalye: una, matagal na pala silang magkarelasyon. Nang maikulong pala siya sa kumbento ay nagkaroon na sila ng relasyon. Pero ang relasyon na ito ay lihim. Ikalawa, nagkita sa huling pagkakataon dahil nasa kainitan ng himagsikan sa</p>	

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
	<p>Pilipinas. Malapit nang paalisin ang mga prayle na tulad ni Obispo Salvi. Nais isama ni Salvi si Clara para tumakas. Pero hindi sumama si Clara. Ikatlo, si Suor Clara ay napakalayo na sa kanyang batang sarili. Ang batang Maria Clara, iyong inilarawan ni Rizal sa <i>Noli</i> ay napakalayo na kay Suor Clara. Malawak na ang kanyang pag-iisip, at may sarili nang disposisyon. Hindi na siya nagsisilbi lamang na obheto ng mga lalaki. Siya na ang nagtatakda ng pamamalakad sa sariling buhay, at makikita ito sa kanyang pamamalakad sa sariling monasteryo.</p>	

II. Linangin

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>1) Ibigay sa mga estudyante ang mga bahagi ng dula.</p> <p>a) Tagpuan: ang “Suor Clara” ay naganap sa loob ng isang pribadong silid sa monasteryo ni Santa Clara sa Intramuros.”</p> <p>b) Suor Clara at Obispo Salvi: sila ang mga tauhan sa dula.</p> <p>c) “Bahagyang mapapatigil si Suor Clara. Ngunit paglaon ay magpapatuloy sa kanyang pagbabasa.” -- Ito ang stage direction. Dito makikita ang mga kilos ng mga tauhan sa dula.</p> <p>d) “Kung gayon, bakit ka napunta rito, Reverencia?”: ito ay dayalogo. Napakahalaga ng mga dayalogo dahil ito ang pinakamalaking salik kung</p>	<p>1) Suriing maigi kung paanong inilarawan sina Suor Clara at Obispo Salvi.</p> <p>a) Bagaman maaaring sabihin na iregular ang ganitong pag-uugali ng madre at pari, kailangang alalahanin na sa <i>Noli</i> at <i>Fili</i> pa lamang, ganito na ang paglalarawan ni Rizal sa mga taong relihiyoso.</p> <p>b) Ang karakterisasyon kay Suor Clara sa dulang ito ay isang mahalagang hakbang upang bigyan siya ng positibong katangian: may sariling gulugod, at bagaman kinikilala ang kanyang pagiging tao, ay</p>	<p>1) Maaaring itanong sa mga estudyante: sino ba ang inaasahang magbasa ng dula? Kung may dula naman na panonoorin, bakit pa babasahin ang teksto ng dula? Maaaring gamiting basehan ng sagot ang mga sumusunod:</p> <p>a) Ang praktikal na sagot: isinulat naman talaga ito para sa direktor, sa mga aktor, at iba pang miyembro ng produksiyon.</p> <p>b) Isa pang posibleng sagot: para sa mga mag-aaral ng teatro. Mas higit na mauunawaan ang isang dula kung</p>

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>paanong nakikilala ng mambabasa ang isang tauhan. Nabubunyag ang kanyang pag-iisip, mga paniniwala, at motibasyon batay sa mga salitang binibitiwan.</p> <p>2) Ipaalala sa mga mag-aaral na ang dulang may isang yugto, tulad ng screenplay, kilala sa mas popular na terminong “script.” Sa unang sipat, maaaring isipin na pareho ang dalawang ito. Lalo na, pareho silang nakadepende sa mga dayalogo, at parehong performatibo. Ang ibig sabihin ng performatibo ay kinakailangang itanghal. Hindi “malulubos” ang kanilang pagka-dula o pagka-screenplay, kung hindi sila dadaan sa proseso ng pagtatanghal.</p> <p>Ang pagkakaiba lamang, ang dula ay parating itinatanghal sa harap ng isang madla. Lagi itong “live,” wika nga. Itong elemento ng pagiging “live” ang nagtatakda rin ng limitasyon sa dula. Ang espasyo lamang ng entablado ang magagamit para sa mga eksena. Habang ang screenplay naman ay maaaring gumamit ng iba’t ibang lokasyon para sa lunan ng pelikula, at maaari ding magpalit-palit ng panahon. Maaari din itong hindi sumunod sa kronolohikal na pagtatanghal ng mga eksena.</p>	<p>nananatiling naniniwala sa Diyos. Winawasak ng dula ang makalumang paniniwala na ang katawan at ang mga bagay na may kinalaman dito ay masama at dapat itakwil.</p> <p>c) Si Obispo Salvi naman ay makikita na nananatili sa kanyang makalumang pananaw tungkol kay Suor Clara. Naeeskandalo siya na kinikilala ni Suor Clara ang kanyang pagkababae. Maaaring ihambing ang pagtatalo nila tungkol sa pagtatalik sa naging pag-uusap nina Leah at Ding sa <i>Bata, Bata...</i></p>	<p>makikita ang pinagdaanang proseso nito, at mahalagang elemento ang dula. Dito nakabatay ang kuwento ng pelikula. Maaaring balik-balikan ang mga pahina upang suriin.</p> <p>c) Isa pang posibleng sagot: para sa mag-aaral ng panitikan. Ang dula ay isa pa ring bukod na genre ng panitikan. Maraming mahuhusay na dula na maaaring pag-aralan, at kinakailangan na lamang ng tamang mga indibidwal upang maitanghal ang mga ito. Maaaring tingnan ang mga nagwagi sa Carlos Palanca Memorial Awards, halimbawa.</p>

III. Pagnilayan at Unawain

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
1) Tanungin ang mga mag-aaral tungkol sa kanilang personal na	1) Ano ang ibinibigay na komentaryo ng dula tungkol sa ugnayan ng lalaki at babae? Sa pagitan nina Suor Clara at	1) Maaaring pasulatin ang mga mag-aaral ng isang

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>karanasan sa pagbabasa ng <i>Noli at Fili</i>. Paano nilang maihahambing ang tauhan na sina Maria Clara at Padre Salvi sa mga tauhan sa dula ni Quintos? Paano naging makatwiran ang naging transpormasyon ng mga tauhan?</p>	<p>Obispo Salvi, malinaw na noong sa simula, si Salvi ang nakapangyayari. Ano ang naganap sa dula? Ano ang ipinahihiwatig ng pagtanggap ni Clara na sumamang tumakas kasama ni Salvi?</p> <p>2) Ano ang ipinahihiwatig ng dula tungkol sa relihiyon? Tingnan halimbawa ang reaksiyon nilang dalawa sa “Awit ni Solomon.” Gayundin, sa paboritong linya ni Suor Clara mula kay San Agustin. Maaaring isipin na isinusulong ng dula na ang kahulugan ng mga salita sa Bibliya ay nakadepende sa bumabasa. Ibig sabihin, ang mga bagay na itinuturing na masama o bastos ay maaari namang hindi pala. Lalo na, mahirap kontrahin dahil ang “Awit ni Solomon” ay nasa Bibliya naman talaga. Gayundin, si San Agustin, na nagdasal nang gayon--- “Turuan mo akong labanan ang kamunduhan...pero huwag muna ngayon”---ay isa sa mga Ama ng Simbahang Katoliko.</p>	<p>repleksiyon tungkol sa usapin ng relihiyon. Ano ba ang epekto nito sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay? Nagbabasa ba sila ng Bibliya nang mag-isa, tulad ni Suor Clara? Ano ang maaaring maging ambag nito (ang pagbabasa ng Bibliya) sa pagkahubog ng isang indibidwal?</p>

IV. Ilapat

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>1) Ipabasa nang malakas sa ilang miyembro ng klase ang dula. Pansinin kung gaano kahalaga ang iba pang mga elemento ng dula sa aktwal na pagtatanghal.</p>	<p>1) Itanong sa mag-aaral kung bakit mahalaga na pag-aralan ang dula na pumapaksa sa kung ano ang maaaring nangyari sa mga tauhan ni Rizal? Bigyang-diin na ang bawat likhang-sining ay bunga ng impluwensiya ng mga naunang likhang-sining. Kaya ang pagsulat ni Quintos sa dulang ito ay pagkilala sa impluwensiya ni Rizal sa kanyang panulat. Gayundin, isa itong patunay ng husay ng mga akda ni Rizal, dahil nagagawa pa rin nilang maging makabuluhan sa kasalukuyang lipunan.</p>	<p>1) Bigyan ng panahon ang mga mag-aaral na mag-ensayo at itanghal ang “Suor Clara.” Maaaring magbigay ng isang araw para sa kanilang mga pagtatanghal.</p>

ARALIN 10: Mga dulang may isang yugto: “Ang Unang Aswang”

Linggo 10

Deskripsiyon

Ang dulang may isang yugtong “Ang Unang Aswang,” isinulat ni Rody Vera, ay isang dramatikong ispekulasyon sa kung ano ang posibleng pinagmulan ng unang aswang. Mahusay ang paggamit ng dula sa katutubong mitolohiya, dahil sa kabila ng supernatural na kalikasan ng akda, nagagawa pa rin nitong magbigay ng komentaryo sa kasalukuyang lipunan.

I. Tuklasin

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>1) Magsimula sa pagbibigay ng mga depinisyon. Maaaring ibigay ang mga sumusunod sa mga mag-aaral:</p> <p>a) Ang dula ay isang anyo ng panitikan na binubuo ng mga tauhan, dayalogo, at isa o higit pang tagpuan. Isinulat ito upang itanghal.</p> <p>b) Ang “Unang Aswang” ay halimbawa ng isang dulang may isang yugto. Ang dulang may isang yugto ay karaniwang nagtatampok ng iilang tauhan lamang. Kadalasan, umaabot lamang ng dalawa hanggang apat ang mga tauhan. Ang tagpuan ay kadalasang isa lang. Mayroon ding kaisahan ng panahon at espasyo ang (tradisyonal na) dulang may isang yugto. Ibig sabihin, sa pagbukas at pagsara ng ilaw ng tanghalan, iyon lamang ang panahon at tagpuan na nasasakop ng buong dula.</p>	<p>1) Ipaliwanag sa mga mag-aaral ang konteksto ng dula. Maaaring gamitin ang mga paliwanag na nasa ibaba.</p> <p>a) Ang dula ay isang reimahinasyon ng mitolohiya ng aswang. Tinatangka ng dula na ikuwento ang posibleng mito ng pinagmulan ng aswang. Isa itong dula na humuhugot sa mga mitolohiya, i.e. <i>origin myth</i>.</p> <p>b) Pansinin ang mga nilalang na may kinalaman sa aswang. Pag-isipan kung bakit pulos hayop ang ibang tauhan. Gayundin, pansinin ang halaga ng tagpuan. Bakit sa kagubatan nagmula ang unang aswang? Ano ba ang mga konotasyon ng gubat bilang isang lugar?</p> <p>c) Pansinin din kung paanong nahubog ang unang aswang. Bakit gayon siya makitungo sa tao? Bakit ayaw niyang manganak? Maaari bang maunawaan kung bakit siya nagkaganoon?</p>	

II. Linangin

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>1) Ibigay sa mga estudyante ang mga bahagi ng dula.</p> <p>a) Tagpuan: ang dulang “Ang Unang Aswang” ay naganap sa “kagubatan, subalit may ilang eksenang magaganap sa kabayanan/kabihasnan.”</p> <p>b) Aswang, Aso/Koro, Pusa/Koro: sila ang mga tauhan sa dula.</p> <p>c) “Makikita ng ASO ang kuwintas sa leeg ng babae.” -- Ito ang stage direction. Dito makikita ang mga kilos ng mga tauhan sa dula.</p> <p>d) “Ang unang aswang ay naulilang sanggol na sumuso sa dugo ng bangkay niyang ina.”: ito ay dayalogo. Napakahalaga ng mga dayalogo dahil ito ang pinakamalaking salik kung paanong nakikilala ng mambabasa ang isang tauhan. Nabubunyag ang kanyang pag-iisip, mga paniniwala, at motibasyon batay sa mga salitang binibitiwan.</p> <p>2) Ipaalala sa mga mag-aaral na ang dulang may isang yugto, tulad ng screenplay, kilala sa mas popular na terminong “script.” Sa unang sipat, maaaring isipin na pareho ang dalawang ito. Lalo na, pareho silang nakadepende sa mga dayalogo, at parehong performatibo. Ang ibig sabihin ng performatibo ay kinakailangang itanghal. Hindi “malulubos” ang kanilang pagka-dula o pagka-screenplay,</p>	<p>1) Ipaliwanag ang mga bahagi ng dula na iba sa naunang dulang may isang yugto na “Suor Clara,” na mas tradisyonal na halimbawa ng dulang may isang yugto.</p> <p>a) Dahil sa pagpapalit ng tagpuan, maaaring sabihin na hindi tradisyonal ang istruktura ng dulang may isang yugto na ito.</p> <p>b) Malinaw sa panimula ng dula na ang mga tauhang ito ay maaaring gampanan ng isang aktor o isang grupo ng mga aktor. Dito makikita kung paanong ang dula ay kinakailangang itanghal bago lubusang “mabuhay.” Bahagi ng pagpapakahulugan sa dula ang paggamit sa mga aktor. At parati, ang may huling desisyon dito ay ang direktor. Ang mandudula, sa kasong ito ay si Rody Vera, ang siyang nagbibigay lamang ng suhestiyon sa kanyang akda. Alam niya na maaari pa itong baguhin ng direktor kapag itinanghal na.</p>	<p>1) Maaaring itanong sa mga estudyante: sino ba ang inaasahang magbasa ng dula? Kung may dula naman na panonoorin, bakit pa babasahin ang teksto ng dula? Maaaring gamiting basehan ng sagot ang mga sumusunod:</p> <p>a) Ang praktikal na sagot: isinulat naman talaga ito para sa direktor, sa mga aktor, at iba pang miyembro ng produksiyon.</p> <p>b) Isa pang posibleng sagot: para sa mga mag-aaral ng teatro. Mas higit na mauunawaan ang isang dula kung makikita ang pinagdaanang proseso nito, at mahalagang elemento ang dula. Dito nakabatay ang kuwento ng pelikula. Maaaring balik-balikan ang mga pahina upang suriin.</p> <p>c) Isa pang posibleng sagot: para sa mag-aaral ng panitikan. Ang dula ay isa pa ring bukod na genre ng panitikan. Maraming mahuhusay na dula na maaaring pag-aralan, at kinakailangan na lamang ng tamang mga indibidwal upang maitanghal ang mga ito. Maaaring tingnan ang mga nagwagi sa Carlos Palanca Memorial Awards, halimbawa.</p>

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>kung hindi sila dadaan sa proseso ng pagtatanghal.</p> <p>Ang pagkakaiba lamang, ang dula ay parating itinatanghal sa harap ng isang madla. Lagi itong “live,” wika nga. Itong elemento ng pagiging “live” ang nagtatakda rin ng limitasyon sa dula. Ang espasyo lamang ng entablado ang magagamit para sa mga eksena. Habang ang screenplay naman ay maaaring gumamit ng iba’t ibang lokasyon para sa lunan ng pelikula, at maaari ding magpalit-palit ng panahon. Maaari din itong hindi sumunod sa kronolohikal na pagtatanghal ng mga eksena.</p>		

III. Pagnilayan at Unawain

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>1) Tanungin ang mga mag-aaral tungkol sa kanilang personal na karanasan sa mga aswang. Nakuwentuhan na ba sila tungkol sa mga ito? Ano ang mga kuwentong narinig nila tungkol sa mga aswang?</p>	<p>1) Ano ang ibinibigay na komentaryo ng dula tungkol sa lipunan? Kailangang bigyang-diin ang paglalarawan sa aswang sa dula bilang isang produkto rin ng lipunan. Ang mga aswang sa dula ay kumakatawan sa lahat ng mga bagay na itinuturing na hindi katanggap- tanggap. Pero kung tutuusin, itong mga hindi katanggap-tanggap ay kinakailangan pa rin talaga upang malaman natin kung ano ang katanggap- tanggap. Kung gayon, mahalagang linawin sa mga mag-aaral na ang dulang may isang yugto na ito ay naglalayon na maging mas maunawain ang mga mag-aaral sa mga bagay o tao na iba sa kanilang kinasanayan. Sa pamamagitan nito, maiiwasan ang madalian at lansakang demonisasyon sa mga bagay at pangyayari na hindi lang talaga agad-agad naiintindihan.</p>	<p>1) Maaaring pasulatin ang mga mag-aaral ng isang repleksiyon tungkol sa usapin ng pagiging iba o hindi katanggap-tanggap. Ano-ano ang mga bersiyon ng “aswang” sa kasalukuyan?</p>

III. Pagnilayan at Unawain

Pamantayang Pagnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>1) Ipabasa nang malakas sa ilang miyembro ng klase ang dula. Pansinin kung gaano kahalaga ang iba pang mga elemento ng dula sa aktwal na pagtatanghal.</p>	<p>1) Itanong sa mag-aaral kung bakit mahalaga na pag-aralan ang dula na pumapaksa sa mga mitohikal na mga tauhan? Bigyang-diin na ang bawat likhang-sining ay bunga ng impluwensiya ng mga naunang likhang-sining. Kaya ang pagsulat ni Vera sa dulang ito ay pagkilala sa impluwensiya ng panitikang bayan sa kanyang panulat. Gayundin, isa itong patunay ng husay ng panitikang bayan, dahil nagagawa pa ring maging makabuluhan sa kasalukuyang lipunan.</p>	<p>1) Bigyan ng panahon ang mga mag-aaral na mag-ensayo at itanghal ang “Ang Unang Aswang.” Maaaring magbigay ng isang araw para sa kanilang mga pagtatanghal.</p> <p>2) Bigyan ng panahon ang mga mag-aaral na mag-ensayo at itanghal ang isang maikling dula ng isa sa mga bersiyon ng aswang (pagiging ibao hindi katanggap-tanggap) sa panahong ito na kanilang ginawa. Maaaring gawin itong pangkatang gawain.</p>

ARALIN 11: Mga rebyu ng dula: “Lukso ng Dugo” at “Kung Totoo ang Larong Killer-killer”

Linggo 11

Deskripsiyon

Ang “Lukso ng Dugo” ay isang sanaysay na nagsusuri sa isang pagtatanghal ng dulang “Ang Nawawalang Kapatid,” isang adaptasyon ng epiko mula sa India na Mahabharata. Unang lumabas ang sanaysay na ito sa Philippine Collegian.

Ang “Kung Totoo ang Larong Killer-killer” ay isang sanaysay na nagsusuri sa isang pagtatanghal ng dulang “Battalia Royale,” isang adaptasyon ng nobelang “Battle Royale” ni Kouhun Takami. Unang lumabas ang sanaysay na ito sa Philippine Collegian.

I. Tuklasin

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>1) Itanong sa mga estudyante kung ano ang rebyu. Ipaliwanag na ang rebyu ay isang sanaysay na nagsusuri sa isang teksto (sa kaso ng dula, maaaring sabihin na pagtatanghal, bagaman ang pagtatanghal ay isa ring teksto). Ang pagsusuring ito ay gumagamit ng kritikal na perspektibo, at inuunawa ang mismong teksto bago magbigay ng hatol sa dulo (kung mayroon mang hatol na ibinibigay ang manunulat). Kung minsan, ang hatol--mahusay, hindi mahusay, nagtagumpay o hindi nagtagumpay, may kulang pa, at iba pa--ay hindi tahasang ibinibigay ng manunulat. Maaari lamang itong mahinuha sa pangkalahatang pagkakasulat at pagkakalatag ng mga ideya sa rebyu. Mayroon</p>	<p>1) Ipaliwanag sa mag-aaral ang kahulugan ng adaptasyon. Maaaring gamiting lunsaran ang talakay dito nina Capistrano at Valdez.</p> <p>a) Capistrano: “Ang adaptasyon ay isang pagsasalin hindi lamang ng wika kundi ng ideolohiya at kultura. Sa akto ng adaptasyon, may tiyak na pagsasaalang-alang sa orihinal na akda at sa pagsasalin ang wika at lipunan. Mahalaga ring konsiderasyon sa anumang adaptasyon ang milieu, kasaysayan, at ekonomiyang pampolitika ng orihinal na akda at pagsasalinang lipunan.” --- Ipaliwanag sa mga mag-aaral na ang bawat isang teksto ay naglalaman ng ideolohiya at kultura ng indibidwal o grupo ng mga indibidwal na lumikha rito. Gayundin, ang indibidwal o grupo ng mga indibidwal na gagawa ng adaptasyon ay mayroon ding sariling ideolohiya at kulturang pinagmumulan. Kinakailangan ng pagsasalubong ng dalawang ito sa bawat adaptasyon. Tila tumatawid sa alambre ang gumagawa ng adaptasyon dahil kinakailangan na iayon sa bagong kultura at mga manonood ang teksto, pero sa kabila nito, mahalagang panatilihin pa rin ang paggalang sa</p>	

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>din naman na sadyang may format na nagbibigay ng hatol ang manunulat. Sa mga ganoong pagkakataon, tahasang sinasabi kung nagtagumpay o hindi ang pagtatanghal.</p>	<p>orihinal na layunin ng teksto.</p> <p>b) Valdez: “Puro mga Pilipinong aktor ang nagtanghal sa produksiyon ng SLE (Sipat Lawin Ensemble). Inamin pa ng mga Australianong manunulat na angkop ang dula sa konteksto ng Pilipinas---lalo na ng urban nitong sentro---dahil halos pang-araw-araw na realidad dito ang karahasan. Pamilyar sa mga Pilipinong manonood ang bigat at pait ng totoong karahasan sa antas na hindi mapapantayan ng mga manonood ng Japan o Australia kung saan maaaring magsilbing spectacle lamang ang pagtatanghal. Sa ganitong gawi, masasabing Pilipino nga ang dulang ito.” --- Maaaring makita sa paliwanag na ito ni Valdez ang saysay ng pagpapakahulugan ni Capistrano sa itaas. Ang Battalia Royale. Isa itong marahas na teksto, at ayon sa paliwanag ni Valdez, ang karahasan na itinatanghal sa dula ay hindi lamang nagiging ispektakulo. Ibig sabihin, hindi lamang ito naitatanghal bilang isang pangyayari na masarap panoorin. Mayroong pang-akit kahit ang karahasan. Pero dahil sa konteksto ng ating bansa, ang panonood ng walang humpay na karahasan ay kumakalabit sa ating pang-araw-araw na buhay. Kinakailangan lamang na manood ng balita upang makita ang maraming patunay na nagkalat ang mararahas na pangyayari sa ating bansa. Nariyan ang mga balita tungkol sa mga hinoldap, mga nakidnap, mga taong napatay sa mga hindi mawaring dahilan. Dulot ng kalikasang ito ng pag-iral sa Pilipinas, ang karahasan sa Battalia Royale ay nagkakaroon ng epekto sa damdamin at mas kumikintal sa isip ng mga manonood. Dahil kung tutuusin, ang dulang ito ay isa namang kritika ng kultura ng karahasan, at hindi pag-eendorso ng pandarahas.</p>	

II. Linangin

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>1) Linawin sa mga mag-aaral kung ano ang dapat lamanin ng mga rebyu. Maaaring gamitin ang mga pahayag sa ibaba.</p> <p>a) Ang mga detalye ng produksiyon. Kasama rito ang kumpletong titulo ng dula, ang pinagmulang teksto (kung adaptasyon, tulad ng dalawang halimbawa na nasa araling ito), ang petsa at oras kung kailan idinaos ang pagtatanghal.</p> <p>b) Kailangang mayroong pagbuod sa simula. Mahalaga ito upang maintindihan ng mambabasa ang konteksto ng rebyu.</p> <p>c) Ang mismong rebyu o kritika (<i>critique</i>) ay kinakailangang nasusuportahan ng mga detalye. Halimbawa, kung sasabihin na kulang sa aspekto ng pag-arte ang mga aktor, kinakailangang bigyan ng konteksto ang pahayag na ito kaysa basta bitiwang lamang at asahan ang mambabasa na maniwala. Sa kaso ng dalawang rebyu na nasa araling ito, mapapansin na ang pagkikritika nina Valdez at Capistrano ay nakatukoy sa nilalaman ng mga dula. Ibig sabihin, sa ipinaparating nitong mensahe, sa taglay nitong kahulugan at ideolohiya.</p>	<p>1) Ano-ano ang mga bahagi ng dula na pinansin ni Capistrano? Pansinin ang kanyang pagtutok sa usapin ng pamilya. Bigyang-diin ang kritikal na pananaw ng manunulat sa pamilya. Maaaring ipaliwanag sa klase kung bakit “pang-ekonomiya at pampolitikang mekanismo” ang pamilya. Pang-ekonomiya ito dahil ang bawat isang miyembro ng pamilya ay inaasahan na magkaroon ng trabaho, at mag-ambag sa ekonomiya ng bansa. Pampolitikang mekanismo naman ito dahil ang pag-iisip ng bawat indibidwal sa lipunan ay nahuhubog sa loob ng pamilya. Ang pamilyang kinalakhan ng isang tao ay malaking salik sa pagkabuo ng kanyang politika, kahit pa salungatin niya kapag umabot na siya tamang edad.</p> <p>2) Ano-ano ang mga bahagi ng dula na pinansin ni Valdez? Pansinin ang naging talakay niya sa paraan ng pagtatanghal ng “Battalia Royale.” Ang ibig sabihin ng site-specific ay isang pagtatanghal na nakaayon sa espasyong pinagtatanghalan. Hindi ito tradisyonal na pagtatanghal, dahil hindi entablado ang ginagamit. Sa kaso ng “Battalia Royale,” ginawa ito sa paligid ng Museong Pambata. Para kay Valdez, ano ang naging epekto ng pagiging site specific sa danas ng</p>	<p>1) Kung maaari, manood ng isang pelikula na nang maglaon ay naging dula. Maaaring halimbawa ang “Minsa’y Isang Gamu-gamo.”</p>

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
	<p>panonood ng dula? Sa puntong ito, kailangang bigyang-diin sa mga mag-aaral na ang panonood ng dula ay isang akto na nagsasangkot sa pinakamaraming pandama: paningin, pandinig, at pandama. Sa “Batallia Royale,” maaari ding isama ang panlasa, dahil maaaring tikman ng mga manonood ang tumalsik na dugo sa kanila. Mahalagang banggitin ito dahil mabibigyang-diin ang kahalagahan ng pagtatanghal sa dula. Upang lubos na maunawaan ito, upang lubos na maramdaman ang nais nitong iparating, kinakailangan ng pisikal na danas ng panonood.</p>	

III. Pagnilayan at Unawain

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>1) Tanungin ang mga mag-aaral tungkol sa kanilang huling napanood na dula. Ano-anong bahagi ng pagtatanghal ang kanilang napansin? Sa palagay ba nila, binanggit din ang mga ito sa binasang rebyu?</p>	<p>Tanungin ang mga mag-aaral kung ano ang kahalagahan ng panonood ng mga tekstong adaptasyon ng mga banyagang teksto? Halimbawa, mayroon naman tayong sariling mga epiko. Ano ang maitutulong sa atin ng panonood ng mga akda na adaptasyon ng epiko mula sa India? Gayundin, tanungin ang mga mag-aaral kung ano ang kahalagahan ng panonood ng dula na nagbibigay ng komentaryo sa kultura ng karahasan? Ano ang posibleng maitulong nito sa mga manonood?</p>	<p>1) Manood ng isang dula. Puwedeng sa loob ng kampus, sa ibang lugar, o isang naka-videotape na dula.</p>

IV. Ilapat

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>1) Tanungin ang mga mag-aaral kung ano sa palagay nila ang silbi ng pagsusulat ng mga rebyu? Sino ba ang nakikinabang rito? Ano ba ang pakinabang na makukuha ng mga mambabasa at ng mga taong kasangkot sa mismong produksiyon sa pagbasa ng mga rebyu ng kanilang mga gawa?</p>	<p>1) Tanungin ang mga mag-aaral kung bakit mahalaga na magkaroon ng kultura ng panonood ng dula. Bigyang-diin sa kanila na ang panonood ng dula ay isang mahalagang gawaing kultural, dahil marami itong naibibigay sa manonood na hindi kaya ng ibang genre.</p>	<p>1) Pagsulatin ang mga mag-aaral ng rebyu ng dula o ng pelikulang adaptasyon ng isang dula.</p> <p>2) Ibigay ang post test pagkatapos ng limang aralin sa kabanatang ito.</p>

KABANATA 3:

ANG MUNDO NG TULA, ANG MUNDO AY TULA

Ang tula ang isa sa pinakamatandang anyo ng panitikan. Magpasahanggang ngayon ay ginagamit pa rin ito ng mga makata at manunulat para isiwalat ang kanilang mga nararamdaman at opinyon tungkol sa buhay at sa mundo.

Sa kasalukuyan, maaaring makita sa mga tula ang pakikipagsapalaran ng mga makata para sa kani-kanilang prinsipyo. Sa pagtaas ng antas ng teknolohiya, ang mga bagong gadget at organismo ay kailangang harapin ng manunulat. Nauugnay ang mga tula sa sarili, pamilya, bansa, at mundo.

Ibig sabihin, ang pagsulat ng tula ay pulitikal na gawain, gayundin ang pagbabasa nito. Sa kabanatang ito, tuturuan ang estudyanteng makipagtalastasan at palitang kuro-kuro gamit ang mga tula. Tuturuan din ang mga estudyante kung paano magbasa ng tula, at makilatis ang iba't ibang elemento nito.

ARALIN 12: Mga Tula ni Cura

Linggo 12

Deskripsiyon

Pag-aaralan sa linggong ito ang mga tula ni Faye Cura, na tumatalakay sa mga panlipunang paksa, tulad ng trapiko, pagiging banidoso, at kasalanan. Ang mga tula ay "Tirik," "Heterotopia," at "Guho."

I. Tuklasin

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
1) Unang talakayin ang "Tirik." Ipabasa ito nang malakas sa klase. 2) Itanong sa mga estudyante kung alam ba nila ang kahulugan ng salitang "tirik." Ipaliwanag na iba ito sa "tirik" sa "tirik ang mata," na iba ang pagbigkas. Pagkatapos, ipakwento sa mga estudyante ang kanilang mga karanasan nang tumirik ang sinasakyang jeepney, kotse, o bus. Ipa-isa-isa sa kanila ang kanilang mga ginawa para magpalipas ng oras kung sakaling hinintay na maaayos ang sasakyan, at kung hindi naman, ano ang kanilang naging solusyon para makarating sa nais patunguhan. Mabilis ba silang nakahanap ng lilipatan na jeepney? Umuwi na lang ba sila?		1) Ibigay ang pre-test.

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>3) Ipakwento sa mga estudyante ang kanilang mga karanasan sa pagsakay ng bus. Magtanong kung may naengkwentro silang nagbebenta ng mani, o nagesermon, o kung nakapanood sila ng pelikula sa bidyo. Itanong kung bakit sila sumakay ng bus. Sila ba ay pauwi sa probinsya, para magbakasyon? O di kaya'y bus ang kanilang sinasakyan sa pang-araw-araw na byahe papuntang eskwelahan at pauwi.</p> <p>4) Ipaliwanag sa mga estudyante ang ibig sabihin ng daang krus (<i>crossroads</i>). Itanong sa kanila kung may alam silang pamahiin tungkol sa daang krus.</p> <p>5) Itanong sa mga estudyante kung pamilyar sila sa imahen ng nakapakong Hesus. Ipakwento sa kanila nang maikli kung ano ang alam nila sa kwentong ito. Itanong sa kanila kung mayroon na silang nakitang nakapakong Hesus, sa bahay man o sa balita, halimbawa, tungkol sa mga prusisyon.</p>		

II. Linangin

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
	<p>1) Ipalista sa mga estudyante ang mga paghihirap na pinagdaanan ni Hesus. Pagkatapos, magpalista ng mga pinagdadaanan ng mga Filipino sa kanilang pagsakay sa iba't ibang behikulo. Ipaliwanag sa mga estudyante kung paano nagiging magkahalintulad ang mga nakasulat sa dalawang listahan. Gayundin, maaaring magpasok ng ibang pangyayari mula sa mga gawang pampanitikan na maaari ding ikumpara sa hirap sa trapiko (halimbawa, ang paulit-ulit na pagkain ng buwitre sa atay ng buhay pang si Prometheus).</p> <p>2) Magpagawa ng skit sa mga estudyante na pumapaksa sa kanilang buhay-eskwela, kung saan ang kanilang pinagdadaanan at nararanasan ay kahalintulad o maaaring ikumpara sa malaking pagsubok na kinaharap ng isang tauhan sa Bibliya (halimbawa, si David laban kay Goliath) o di kaya'y sa mito.</p>	

III. Pagnilayan at Unawain

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
	<p>1) Talakayin sa klase ang sa tinging ng mga estudyante na sanhi ng problema sa trapiko sa Pilipinas. Itanong: kung ikaw ang Presidente, ano ang gagawin mo para solusyonan ang problemang ito? Isalang sa debate iyong mga mungkahing solusyon na may potensyal na maging praktikal. Himayin ang bawat suhestiyon, ipasulat ang mga <i>pros</i> at <i>cons</i>. Gabayan ang mga estudyante na dapat itulak ang mga sinasabing solusyon sa kanilang lohikal na solusyon. Halimbawa, kung may magsabing ang kanyang solusyon ay pagbabawal ng pribadong sasakyan, gabayan ang diskusyon para mabanggit ang maaaring maging problema pag may aksidente sa bahay ang isang tao, at kailangan niyang umasa sa pampublikong sasakyan para makarating sa ospital.</p>	

IV. Ilapat

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
		<p>1) Hatiin sa apat na grupo ang klase. Pagawin ang bawat grupo ng tig-isang balangkas ng skit na nag-uugnay sa isang kuwento mula sa Bibliya o mitolohiya at sa pang-araw-araw na problema ng mga Filipino. Hindi na lang ito nakabase dapat sa buhay ng estudyante, kundi sa iba't ibang sektor ng lipunan sa Pilipinas, halimbawa, OFW, <i>salesperson</i>, barista, janitor, konduktor.</p> <p>2) Ipaulat ang mga balangkas sa harap ng buong klase. Pagbotohin ang mga estudyante kung alin ang kanilang paboritong likha. Hindi maaaring iboto ng isang grupo ang sarili nilang kuwento.</p> <p>3) Kapag nagkaroon na ng panalo sa botohan, ang balangkas na ito ang magiging basehan ng gagawing skit ng buong klase. Hindi tulad ng mga naunang pagtalakay, kailangan nang isama sa kuwento ang solusyon, hindi lang ang problema. Bigyang-diin sa klase na hindi tumitigil ang pag-iisip tungkol sa panitikan sa kung ano ang meron na, kundi umiigpaw ito sa kung ano ang posible pa.</p>

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
		<p>4) Pagawin ang bawat isang estudyante bilang takdang-aralin ng "Liham sa Presidente." Maglalaman ito ng tatlong pangunahing paksa. Una, ipakuwento sa estudyante ang kanilang mga karanasan sa trapiko sa Pilipinas. Ipaalalang bigyang-diin hindi lamang ang paghihirap, kundi ang mga inobatibong solusyon sa pagkabagot at pagiging huli. Pangalawa, ipasulat sa estudyante ang naisip nilang mga sanhi ng problema sa trapiko. Maaaring sarili nilang opinyon, at maaari ding ibuod ang mga natutunan nila mula sa guro at mga kaklase Pangatlo, ipakuwento sa estudyante sa kanyang "Liham sa Presidente" ang mga naisip niyang solusyon sa problema sa trapiko. Bilang pagtatapos sa proyekto, maaari itong <i>i-post</i> ng estudyante sa kanyang <i>blog</i> sa Internet, o di kaya nama'y ipadala talaga sa Malacañang.</p>

I. Tuklasin

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>Ikalawang tatalakayin ang tulang "Heterotopia."</p> <p>1) Ipaliwanag muna ang pamagat. Ang "hetero" ay sinaunang Griyego para sa "iba," at ang "topia" naman ay lugar. Kung gayon, maaaring tingnan ang heterotopia bilang kakaibang lugar, o di kaya naman lugar na iba sa kung ano ang mayroon. Maaari din itong mangahulugang lugar ng mga kakaiba. Lahat ng mga kahulugang ito'y maaaring mahinuha sa tula.</p> <p>2) Paglaruan ang tatlong kahulugan. Ipalista sa mga estudyante ang mga napuntahan na nilang kakaibang lugar. Maaari itong probinsya, o di kaya naman ay ibang bansa. Ipalarawan sa kanila kung paano naging iba ang lugar na iyon sa kasalukuyan. Dahil ba sa mga tao? Iba ang hitsura ng ibang lahi. O di kaya naman ay dahil sa mga gawi. Minsan ay nakakagulat na mahirahan sa isang bayan na iba ang kultura. Ano ang pakiramdam nila, halimbawa, nang magpunta sila sa Cebu at tila ba lahat ng nasa paligid nila ay nagsasalita lamang sa Bisaya? Ipaunawa: ganoon din kaya ang nararamdaman ng mga Cebuano kapag purong Tagalog ang sinasalita ng mga tao sa Manila? Babalikan ang ehersisyong ito sa</p>		

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>ibang punto ng talakayan.</p> <p>3) Sumunod, magpakita ng larawan ng isang magandang sasakyan (maaaring Mini Cooper, Lamborghini, atbp). Itanong sa mga estudyante kung mayroon silang pangarap na uri ng kotse, halimbawa, BMW, o di kaya'y Ferrari. Bakit ito ang gusto nilang kotse? Ano ang nararamdaman nila kapag nakakakita ng ibang taong nakasakay sa mga magarang sasakyan? Sila ba ay nakakramdam ng inggit, o nagsisilbi ba itong inspirasyon na isang araw ay maaari nilang maabot ang naabot ng iba? Ipalista ang sa tingin nila'y magbabago sa kanilang buhay pag nagkaroon na sila ng kotse. Halimbawa, kung tumirik ang isang jeep o di kaya'y ma-<i>flat</i> ang gulong, maaari nila itong iwan at lumipat sa ibang sasakyan. Pero kapag pagmamay-ari nila ang kotse, hindi na ito opsyon.</p>		

II. Linangin

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
	<p>1) Balikan ang naunang diskusyon tungkol sa "lugar ng iba." Magpalarawan sa mga estudyante ng isang elemento ng buhay sa Pilipinas na sa tingin nila ay dapat magbago. Hindi kailangan maging realistiko. Ang mahalaga, isipin nila ang mga maaari nitong maging epekto sa kanilang buhay. Halimbawa, sakaling magkaroon ng mga robot para gawin ang mga mabigat at di-kanais-nais na trabaho, ano ang mga mangyayari sa trabahador na mawawalan ng hanapbuhay? Maaari din namang maglarawan sila ng mga fantasya. Kunwari, may mga <i>dinosaur</i> na ulit, o di kaya'y may dumating na <i>alien</i>. Ano ang magbabago sa Pilipinas kung may mga dragon sa langit? O di kaya'y magkaroon ng malalim na batis ng langis sa gitna ng Manila. Kung maging <i>oil-producing</i> at <i>oil-exporting</i> na bansa ang Pilipinas, sa tingin kaya nila'y matutulungan na para umahon ang mga mahirap na Filipino?</p> <p>2) Mula sa makrong lebel, pasukin naman ang mikrolebel. Anong isang aspekto ng kanilang buhay ang gusto nilang baguhin, at bakit? Sa tula, naiingit ang persona dahil hanggang salamin lang ang paggamit niya sa Cadillac. Malagim itong paalala sa</p>	

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
	<p>kaniya na siya ay, kung hindi man mahirap, hindi rin gaanong kayaman. Itanong sa mga estudyante, kung babaguhin nila ang kanilang antas sa buhay, kung magiging mayaman sila, ano ang una nilang bibilhin? Sa tingin kaya nila, magiging mas masaya sila pag mas marami silang pera? Paano naman iyong mga estudyante na gustong maging mas matangkad, o di kaya'y mas matanda na agad? Kailangang ipapaliwanag sa estudyante, bakit iyon ang kanilang babaguhin sa kanilang sarili, sa lahat ng pwedeng baguhin?</p> <p>3) Pagkatapos, baligtarin ang sitwasyon. Ano ang pinakaaayawan nilang magbago sa kanilang buhay? Halimbawa, kailangan nilang lumipat ng titirhan. O di kaya naman ay magbabago sila ng eskwelahan. Gaano katindi ang kanilang gagawin para pigilan ang pagbabagong ito? Ano iyong imposible na magbago para sa kanila?</p>	

III. Pagnilayan at Unawain

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
	<p>1) Hatiin ang klase sa apat na grupo. Atasan silang maglarawan ng kani-kaniyang bersyon ng Pilipinas. Walang elemento na bawal. Kung gusto nila na nasa ilalim na lang ng karagatan ng bayan, pwede ito. Kung gusto nila na hatiin ang bansa sa dalawang espasyo, isa para sa mga lalake at isa para sa mga babae, pwede rin ito. Ang kailangan lamang ay maipagtanggol nila sa lohikal na paraan kung bakit ito mas makakabuti sa mga Filipino. Halimbawa, kung nasa ilalim na ng karagatan ang Pilipinas, pwedeng sabihin na mas madali ang paghuli ng isda at iba pang buhay-dagat. Kung halimbawa naman ay gawing <i>required</i> sa lahat ng may-ari ng lote na may tanim silang puno, maaaring sabihin na ito ay makakatulong laban sa polusyon sa hangin.</p> <p>2) Ipepresenta ng mga pinuno ng grupo ang kanilang nalikhang Pilipinas, at magkakaroon ng botohan kung alin sa apat ang pinakanakakaakit na tirhang bersyon. Bawal bumoto para sa sariling grupo.</p>	

IV. Ilapat

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
		<p>1) Mag-organisa ng isang skit kung saan itatanghal ang pang-araw-araw na buhay ng mga Filipino sa "kakaibang Pilipinas" na inilarawan ng grupong nanalo sa botohan. Muli, balikan dito ang lohikal na <i>consequences</i> ng mga pagbabagong kanilang ginusto. Halimbawa, kung may pumili na ilagay sa ilalim ng karagatan ang Pilipinas, wala nang Filipinong makakaramdam ng dampi ng araw sa kaniyang mukha. Kung mayroon namang pumili na bawal nang kumain ng hayop at kailangang maging <i>vegetarian</i> na ang lahat, anong uri ng palengke mayroon sa bersyong ito ng Pilipinas?</p> <p>2) Bilang huling bahagi ng diskusyon, magbigay ng takdang-aralin. Pagawin ng personal na sanaysay ang bawat estudyante kung saan ilalarawan niya ang kanyang sariling pribadong heterotopia. Kailangan, totoo ang lugar na ito. Halimbawa, maaaring mayroon silang hardin sa bahay, at bawat hapon dito siya nagtatanim at nagdidilig para magkaroon ng maikling katahimikan sa buhay. O di kaya naman ay paborito niyang tambayan ang silid-aklatan dahil pag napapaligiran lamang ng libro siya tunay na masaya. Ipaalala sa mga estudyante na hindi kailangang permanenteng lugar ang heterotopia--baka mayroong nakakaramdam ng kapayapaan tuwing nakasakay sa bisikleta!</p>

I. Tuklasin

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>1) Huling tatalakayin ang "Guho," ang pangatlong tula ni Faye Cura. Ipaalala sa mga estudyante ang kahulugan ng "gumuho." Ipalarawan sa kanila kung nakakita na sila ng gusaling gumuho, dahil sa natural na dahilan, o di kaya nama'y dahil sinadya wasakin ng mga tao. Halimbawa, nakakita na ba sila ng demolisyon ng mga bahay dahil papatayuan ang lote ng bagong <i>mall</i>? Mula rito, magtanong naman tungkol sa mga nakita na nilang nasira dahil sa bagyo o iba pang sakuna. Halimbawa, sino na ang nakakita ng nabuwal na puno? Maaaring palawakin ang kahulugan ng "gumuho." Itanong sa mga estudyante kung ano ang reaksiyon nila pag nakakita ng polusyon sa hangin</p>		

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>o di kaya nama'y basura sa ilog.</p> <p>2) Galugaring sunod ang salitang "luhuran." Itanong sa mga estudyante kung ano-ano ang maaaring konteksto kaya lumuluhod ang isang tao? Bukod sa pagdarasal, sa bahay man o simbahan, ipaalala sa kanila na lumuluhod din ang mga nais humingi ng tawad o nagmamakaawa sa kapwa tao. Iarawan sa kanila na noong maagang bahagi ng ika-20 siglo, katanggap-tanggap bilang pagpaparusa ng magulang ang pagpapaluhod sa kanyang anak sa mga munggo.</p> <p>3) Pangatlong talakayin ang "kumpisal." Sa labas ng simbahan, saan pa ba nagkukumpisal? Ano ang pagkakaiba ng pagkukumpisal ng mga kasalanan sa pagkukumpisal ng mga sikreto? Maaaring magtanong kung sino ang nanonood ng mga panayam sa mga artista: anong mga "pasabog" ang narinig na nilang naikumpisal ng kani-kanilang idolo?</p>		

II. Linangin

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
	<p>1) Ipalista sa mga estudyante ang iba't ibang paraan ng pagkukumpisal ng isang tao. Bukod, halimbawa, sa pakikipag-usap sa pari, nariyan ang pagsusulat sa anonimong <i>blog</i>, o di kaya naman ay pagkakaroon ng nakatagong <i>diary</i>. Mayroon din namang mga tao na isinisiwalat ang kanilang mga sikreto sa pader ng mga banyo. Itanong sa kanila: bakit nagkukumpisal ang mga tao? Ano ang mga bagay na dapat ilihim, at ano ang mga bagay na dapat ibinibunyag. Ipabasa sa kanila ang linya mula sa <i>Bata, Bata, Paano Ka Ginawa?</i>: "Ang totoo, hindi dapat ikinakahiya. Ang nakakahiya, hindi dapat ginagawa."</p> <p>2) Ipalista sa mga estudyante ang mga maaaring naikumpisal para magkaroon ng lindol sa simbahan, tulad ng inilarawan sa tula. Pagkatapos, ipalista naman sa kanila ang mga sikretong pag nabunyag ay maaaring magdulot ng lindol sa iba't ibang institusyon sa lipunan. Ano ang maaaring ikumpisal para magkaroon ng lindol sa eskwelahan? Ano naman sa Senado? Ano naman sa loob ng isang pamilya?</p>	

III. Pagnilayan at Unawain

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
	<p>1) Ngayon naman ay tumuon sa personal na lebel ng estudyante. Itanong sa klase: anong impormasyon ang kapag nalaman nilang totoo pala ay magpapalindol o magbabago sa kanilang buhay? Bilang halimbawa, magpakwento sa kanila tungkol sa paniniwala nila kay Santa Claus. Anong edad nila natuklasang wala palang Santa Claus? Ano ang naging reaksyon nila? Mabuti ba o hindi sa kanilang opinyon na matagal bago nila natuklasan ang katotohanan? Kung sila ay magkaanak, paniniwalain ba nila ito na mayroong Santa Claus? Maaari ding gamiting halimbawa ang mga multo.</p> <p>2) Sumunod na ehersisyo: anong mga lihim ang nais nilang mabunyag? Tungkol kanino? Halimbawa, ano ang gusto nilang malaman tungkol sa paborito nilang artista? Maaari ding itanong, ano ang mga bagay na gugustuhin nilang manatiling misteryo na lamang? Halimbawa, ipaalam sa kanila na sikreto ang pormula para sa Coke, pati na rin ang <i>spices</i> sa manok ng KFC <i>fastfood restaurant</i>. Mababawasan ba ng sarap ang mga ito pag natuklasan nila kung paano gawin sa sarili nilang kusina?</p>	

IV. Ilapat

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
		<p>1) Magpasulat ng isang sanaysay ng pagmumuni na maaaring sumagot sa tanong na: anong uri ng lipunan ang magkakaroon kung walang sikreto? Halimbawa, kung nagkaroon ng paraan para mabasa ng bawat isang tao ang utak ng iba. Mabuti bang uri ng lipunan ang madudulot ng pagbabagong ito? Anong mga problema ang masosolusyonan nito, halimbawa, sa trabaho ng mga pulis at imbestigador? Sa anong paraan ito maaaring gamitin na mapanganib sa kalayaan.</p> <p>2) Itanong sa mga estudyante: tama ba na isinisiwalat nila ang kanilang mga sikreto, pati ang kanilang pang-araw-araw na buhay sa <i>social media</i> tulad ng Twitter, Facebook, Instagram, at Tumblr? Ano ang maaaring maging panganib ng ganitong atitud sa personal na buhay ng bawat isa. Itanong: anong uri ng buhay mayroon ang mga sanggol ngayon na mula pa pagkapanganak ay mayroon nang larawan sa Internet?</p>

ARALIN 13: Mga Tula Nina Rivera At Co

Linggo 13

Deskripsiyon

Tatalakayin dito ang "Pamaskong Tanaga sa Taon ng Tandang" at "Bagong yunit ng telepono" ni Frank Rivera, at "Matapos Matanggap ang Mensahe ng isang Kaibigang Makata" ni Mikael Co.

I. Tuklasin

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>Unang tatalakayin ang "Pamaskong Tanaga sa Taon ng Tandang" ni Frank Rivera. Ipabasa ito sa klase.</p> <p>1) Itanong sa mga estudyante kung alam nila ang pagkakaiba ng tandang at inahen. Pagkatapos, magtanong-tanong kung may nag-aalaga ng manok. Ano ang pakiramdam ng ginigising araw-araw ng tilaok ng tandang? Ano ang pakiramdam ng pagkain ng itlog ng manok sa agahan?</p> <p>2) Ipaliwanag nang pahapyaw ang sistemang <i>zodiac</i> sa mga estudyante. Kasama sa mga Taon ng Tandang ang 1921, 1933, 1945, 1957, 1969, 1981, 1993, 2005, 2017, at 2029. Itanong sa mga estudyante kung alam nila kung anong hayop ang simbolo ng taon kung kailan sila ipinanganak. Itanong na rin kung may nakakalam ng kanilang personal na <i>zodiac sign</i>, base sa eksaktong petsa ng kanilang kapanganakan, kung sila ay Aries, Virgo, Scorpio, atbp. Magkaroon ng pangkalahatang diskusyon sa dulot ng pamahiin sa isang kultura. Ang mga paniniwalang ganito ba ay nakakabuti o hindi sa Pilipinas?</p> <p>3) Ipaliwanag sa mga estudyante kung ano ang <i>bird flu</i>. Itanong sa kanila kung may alam pa silang ibang sakit ng hayop na mapanganib din para sa mga tao, tulad ng <i>foot and mouth disease</i>.</p> <p>4) Ipaliwanag sa mga estudyante kung ano ang <i>virus</i>. Marahil ay alam na nila ang konsepto ng <i>computer virus</i>, gamitin ito para mas lalo nilang maintindihan kung ano ang <i>virus</i> na kumakalat sa mga biyolohikal na organismo. Itanong kung may nakakaalam tungkol sa mga lubos na mapanganib na <i>virus</i>, tulad ng HIV (<i>human immunodeficiency virus</i>). Talakayin</p>		

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
ang papel ng agham sa pagharap ng sangkatauhan sa mga sakit. Hayaang magkaroon ng maikling debate sa pagitan ng mga estudyanteng naniniwala sa pamahiin laban sa mga may tiwala sa agham.		

II. Linangin

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
	<p>1) Sinasabi ng tula na dahil sa gutom, may ibang taong kakain nang may sakit na manok (o kahit anong hayop). Ipakwento sa mga estudyante kung kailanman ay nakaranas na sila ng gutom. Ano ang konteksto ng gutom na ito? Nakalimutan ba nila ang kanilang baong <i>sandwich</i>? Hindi ba sila makabili sa kantina? Huli bang naisaing ang kanin at kailangang hintayin? Ipalarawan sa mga estudyante ang kanilang reaksyon sa gutom. Sila ba ay uminom na lang ng tubig? Nagtiis sa biskwit? Ano ang pakiramdam nang sa wakas ay nakakain na sila? Pagkatapos ng talakayang ito, itanong sa mga estudyante: ano ang bagay na hindi nila gagawin na sa tingin nila ay maaari nilang gawin kung gutom na gutom na sila. Kukupit ba sila sa kantina? Magtitiis ng putaheng hindi naman nila gusto ang lasa? Kakain ng tutong na kanin?</p> <p>2) Magpasahanggang ngayon ay problema pa rin sa mundo ang matinding gutom, halimbawa sa ilang bahagi ng kontinente ng Aprika. Itanong sa mga estudyante, ano ang suhestyon nila para lutasin ang problemang ito? Halimbawa, paano kung may makaimbento ng paraan para makapag-<i>recycle</i> ng plastik at gawing tinapay. Gugustuhin ba nilang ipakalat ang teknolohiyang ito? Ipalarawan kung mayroon pa silang naiisip na solusyon sa gutom sa mundo.</p> <p>3) Bilang huling bahagi, itanong sa mga estudyante kung katanggap-tanggap bang kumain ng mga hayop, na tulad ng mga tao'y nakakaranas din ng sakit. Ipaliwanag sa mga estudyante ang konsepto ng <i>vegetarianism</i>. Pasinayaan ang maikling debate sa klase: kung maaari namang mabuhay ang mga tao na gulay lamang ang kinakain, hindi ba't obligasyon ng tao na wag nang kumain ng mga hayop, na nakakaramdam ng sakit at paghihirap?</p>	

III. Pagnilayan at Unawain

Pamantayang Pagnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
	<p>1) Hatiin ang klase sa apat na grupo. Papiliin sila ng mga isyu na ngayon ay kinakaharap ng mundo, na katulad ng problema ng gutom. Halimbawa, <i>climate change</i>, krisis sa imigrasyon, armas nukleyar. Kailangan nilang magsaliksik tungkol sa mga paksang ito, at sa susunod na araw ng klase ay magbigay ng presentasyon sa harap ng klase tungkol sa mga problema. Kasama sa presentasyong ito ang kanilang mga orihinal na ideya tungkol sa mga maaaring solusyon. Bigyang-diin sa mga estudyante na kailangang umalpas sa indibidwal na lebel ang kanilang mga solusyon. Halimbawa, bagaman hindi maliit na bagay ang pagbubulsa sa basura imbes na itapon ito sa kalsada, kulang pa rin ito kung ang problema ay ang polusyon. Hikayatin ang mga estudyante na mag-isip sa lebel ng bayan at mundo, sa makrolebel. Ituro sa kanila na hindi lamang sila mga mamamayan ng Pilipinas, kundi mamamayan din ng mundo. Ibigay na halimbawa ang pangunguna ng Pilipinas sa <i>climate change summit</i> sa Paris, sa Europa, noong 2015. Maaaring maging lider ng mundo ang mga Filipino!</p>	

IV. Ilapat

Pamantayang Pagnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
		<p>1) Bilang huling bahagi ng pagtalakay sa unang tula ni Rivera, ibigay bilang takdang-aralin ang pag-imbento ng mga nakakatawang pamahiin. Halimbawa, pwedeng mag-imbento ng bagong sistema ng <i>zodiac sign</i> ang mga estudyante. Maaari silang magbigay ng mga nakakatawang prediksyon para sa kanilang inimbentong Taon ng Higad, o di kaya'y Taon ng Dikya. Maaari silang maglista ng mga bagong bawal: bawal humatsing kapag Lunes, sisipunin ka buong linggo. Ipaliwanag na bagaman nakakatuwa na malaman ang iba't ibang pamahiin, walang siyentipikong basehan ang mga ito.</p>

I. Tuklasin

Pamantayang Pagnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>1) Ikalawang tatalakayin ang "Bagong yunit ng telepono" ni Frank Rivera. Ipaliwanag sa mga estudyante na kung walang pamagat ang isang tula,</p>		

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>ang una nitong taludtod ang itinuturing na pamagat. Itanong sa kanila: bakit kaya walang pamagat ang tulang ito? Paano kaya kung walang pamagat ang mga pelikula at palabas sa telebisyon? Humingi sila ng mga bagong paraan para matandaan ng mga tao kung alin ang mga gusto nilang panoorin. Iugnay ang diskusyong ito sa paksa ng "pangalan" at "pagkalimot" na sentral ng mga tema ng tula. Ano ang ibig sabihin na may pangalan ang isang tao? Ipaalam sa mga estudyante ng bahagi ng <i>universal rights of a child</i> ang pangalan. Bakit mahalaga sa isang tao na mayroon siyang pangalan?</p> <p>2) Ilarawan sa mga estudyante ang mga bayan na walang apelyido ang mga tao, halimbawa ang mga Sinaunang Griyego. Itanong sa kanila kung bakit nila mas gustong matawag gamit ang kanilang palayaw kaysa sariling pangalan. Bilang huling bahagi, hilingin sa mga estudyante na magpakilala gamit ang mga bagong imbentong pangalan. Walang bawal. Kung may gustong tawagin siya na numero, halimbawa, Bilang 007, payagan ito. Sino ang pipili ng pangalan ng isang bida sa pelikula, o kaya'y artista. Sino naman ang pipiliing manatili ang kanyang pangalan?</p> <p>3) Bilang takdang-aralin, iatas sa mga estudyante na maghanap ng kakilalang babae bukod sa kanilang nanay na nagpalit ng apelyido dahil ikinasal. Kailangang maipaliwanag ng estudyante ang naramdaman ng babaeng nagpalit ng apelyido. Siya ba ay nalungkot o natuwa, o walang pakialam? Bakit?</p>		

II. Linangin

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
	<p>1) Ipalista sa mga estudyante ang iba't ibang paraan kung paano sila nakaklasipika bukod sa kanilang pangalan: halimbawa, grado/baitang, seksyon, tangkad, kasarian, edad, <i>nationality</i>, relihiyon. Talakayin: bakit importante ang mga kategoryang ito? Bakit makapangyarihan ang mga kategoryang ito? Itanong sa mga estudyante: Anong uri ng mundo ang mayroon tayo kung hindi hinati-hati ang mga tao ayon sa bansa? Paano kung, halimbawa, hindi nila kailangan ng <i>visa</i> at pasaporte para manirahan sa ibang bayan,</p>	

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
	<p>mananatili pa rin ba sila sa Pilpinas? Bakit? Itanong: kung hindi na sila bibigyan ng grado sa kanilang mga klase, mag-aaral pa ba sila? Bakit at bakit hindi?</p> <p>2) Ilarawan sa mga estudyante ang sakit na <i>amnesia</i>. Itanong sa kanila ang mga pelikula at palabas sa telebisyon na napanood nila kung saan nagkaroon ng <i>amnesia</i> bida. Ipaliwanag sa mga estudyante ang pagkakaiba ng <i>amnesia</i> sa totoong buhay at <i>amnesia</i> sa mga palabas. Ilarawan din sa mga estudyante ang sakit na <i>prosopagnosia</i>, kung saan hindi nakakakilala ng mga mukha ang isang tao.</p>	

III. Pagnilayan at Unawain

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
	<p>1) Ipabasa sa klase ang isang linya mula sa kanyang "Pula" ni Taylor Swift: "Ang pagkalimot sa iyo'y parang pag-alala sa taong hindi ko naman kailan nakilala." Itanong sa mga estudyante kung mayroon ba silang mga karanasan na nais kalimutan, o kung mayroong mga taong wala na sa buhay nila na hindi nila maaaring makalimutan. Halimbawa, ang pusa nilang alaga noong bata pa na ngayo'y pumanaw na. O kaya naman iyong bakasyon na mayroon silang bulutong-tubig at nasayang ang kanilang libreng oras.</p> <p>2) Magsimula ng debate: ano ang mas maganda--isang mundo kung saan walang nakakalimot, o isang mundo kung saan walang nakakaalala? Hayaang ang mga estudyante ang maglarawan sa mga detalye at <i>specifics</i> ng kanilang mundong mas gugustuhin. Halimbawa, gaano kabilis makalimot sa mundo ng pagkalimot, isang oras o isang araw? Ilarawan sa kanila ang maikling kuwentong "Funes, ang Kanyang Alaala," ng Argentinong si Jorge Luis Borges, na tungkol sa bidang si Funes, na walang nakakalimutan, kahit ang pinakamaliit na detalye ng isang dahon. Gugustuhin ba nilang maging si Funes? Kung hindi, ipaliwanag sa mga estudyante: gaano kaimportante ang pagkalimot para sa mga tao? Anong mangyayari sa isang taong lahat ay naaalala?</p>	

IV. Ilapat

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
		<p>1) Dalawa ang ibibigay na takdang-aralin. Una: kailangang magsaliksik ang mga estudyante tungkol sa mga naganap sa nakaraan na pakiramdam nila ay wala nang nakakaalala sa kasalukuyan. Kailangan ay tungkol ito sa Pilipinas. Halimbawa, pwede silang magsaliksik tungkol sa mga Makapili. Pwede rin naman nilang ilarawan ang Pilipinas sa panahon na ang <i>exchange rate</i> ng piso sa dolyar ay dalawa sa isa.</p> <p>Pangalawang takdang-aralin, kailangang mag-imbento ng sampung bagong pangalan ang mga estudyante para sa sampung bagay na ginagamit natin sa pang-araw-araw. Lahat ng pangalan ng mga ito ay nakalimutan, kaya hindi pwedeng tawaging "upuan" ang "silya," at mas lalong hindi "chair"! Kailangang magbigay ang estudyante ng maikling paliwanag para sa bawat bagong pangalan na kanyang naimbento.</p> <p>Bilang dagdag sa diskusyon ng takdang-aralin na ito, ipaliwanag sa mga estudyante ang konsepto ng Maignayin, ang pagtatangkang bigyan ng Filipinong pangalan ang mga termino sa agham. Ibigay na halimbawa ang "banyuhay" o bagong anyo ng buhay para sa "<i>metamorphosis</i>."</p>

I. Tuklasin

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>Huling tatalakayin ang tulang "Matapos Matanggap ang Mensahe ng isang Kaibigang Makata." Ipabasa ito nang malakas sa klase. Ano ang tingin nila tungkol sa mahabang pamagat? Ano ang tingin nila na puro "m" ang unang titik ng marami sa mga salita sa pamagat?</p> <p>1) Itanong sa mga estudyante kung alam nila kung nasaan ang Avenida. Kung sakaling nasa labas ng Maynila, ipalarawan sa kanila kung ano ang tingin nilang hitsura ng kapital ng Pilipinas.</p> <p>2) Itanong sa mga estudyante kung may alam silang bayan ng San Pablo. Bakit maraming lugar sa Pilipinas na "San" ang simula? Sa puntong ito</p>		

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>maaaring mag-<i>joke</i> sa paglalaro ng "San" at "saan."</p> <p>3) Itanong sa mga estudyante kung nakabisita na ba sila sa probinsya. Iyon ba ay bayan ng kanilang nanay o tatay, o pumunta ba sila sa lugar na iyon bilang mga turista? Anong aspekto ng probinsya ang pinakagusto nila? Katulad ba ng persona sa tula, nagandahan sila sa dahon at kuliglig? Ano naman ang mga katangiang hindi nila nagustuhan? Panghuli, kung papipiliin sila, saan nila mas gustong tumira, sa Maynila o sa San Pablo tulad ng inilalarawan sa tula. Bakit at bakit hindi?</p> <p>4) May paglalarawan ng pag-inom sa tula. Ipaliwanag sa mga estudyante ang masasamang epekto ng alak sa katawan ng tao. Maaaring magpasaliksik sa kanila tungkol sa iba't ibang sakit, tulad ng <i>cirrhosis of the liver</i>, gayundin ang ibang kaugnay na penomena, tulad ng <i>drunk driving</i>. Bigyang-diin sa mga estudyante na hindi kailangang uminom para makisama, at na maaaring namang magkaroon ng enjoy na panahon kasama ang mga barkada nang hindi naglalasing. Ipapaliwanag sa kanila pagkatapos ang mga panganib ng alak sa moralidad at kalusugan ng tao, gamit ang sarili nilang mga salita.</p>		

II. Linangin

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
	<p>1) Sa puntong ito, dapat ay may ideya na ang mga estudyante tungkol sa kani-kanilang <i>standard</i> pagdating sa panitikan. Ipakumpara sa kanila ang tula ni Co sa mga tula ni Rivera at Cura. Alin ang pinakagusto nila? Bakit? Ano ang mga katangian ng isang tula na para sa kanila ay nagpapaganda rito? Ano naman ang nagpapapangit sa isang pyesa? Sa puntong ito, kailangan ay maipagtanggol ng mga estudyante ang kanilang personal na panlasa pagdating sa literatura. Bigyang-diin na hindi kailangang pangkalahatan o unibersal ang kanilang mga <i>standard</i>. Ang mahalaga rito'y kaya nilang ipagtanggol, gamit ang lohikal na argumento at hindi lang "basta" ang kanilang pansariling panukat.</p>	

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
	<p>2) Magpasinaya ng debate sa klase. Itanong, ano ang mas gugustuhin mo: isang Pilipinas na puro lang lungsod, o isang Pilipinas na puro lang probinsya? Gabayan ang mga estudyante para marating nila ang tamang kongklusyon: nakadepende ang mga lungsod sa mga probinsya. Imposible ang bansang puro lang lungsod.</p>	

III. Pagnilayan at Unawain

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
	<p>3) Itanong sa mga estudyante, paano nasabi ng persona sa tula na hindi naman talaga siya umalis? Itanong, sa anong paraan maaaring umalis at hindi umalis ang isang tao sa isang lugar? Iugnay ito sa sitwasyon ng mga <i>overseas Filipino workers</i>, at pati na rin sa mga magsing-irog na kailangang maghiwalay.</p> <p>4) Itanong sa mga estudyante, anong lugar ang hindi nila maaaring iwan? Anong katangiang mayroon ang mga lugar na lagi nilang binabalikan? Sa kasalukuyan ay usong-uso ang paglalakbay, sa Pilipinas man o sa ibang bansa. Ano ang tingin ng mga estudyante sa <i>backpacking</i> at turismo? Sa aling lugar sila ng Pilipinas nais magbakasyon? Sa aling bansa sa mundo nila nais bumisita? Baliktarin ang tula ni Co at ihain sa klase ang pahayag na ito: "May mga lugar na hindi natin nararating, kahit naroon na tayo." Ano kaya ang maaaring ibig sabihin ng ganitong pangungusap? Sa ano-anong paraan ba tayo "wala" sa isang lugar. Ibigay na halimbawa sa mga estudyante: nasa party ka pero wala kang kilala.</p>	

IV. Ilapat

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
		<p>1) Sa kanyang paglalarawan sa Maynila, binanggit ni Co ang mga batang nagbebenta ng bulaklak sa kalye. Hatiin sa apat ang klase, at ibigay sa kanila ang tanong na ito: ano-ano ang sa kanilang opinyon ay siyang sanhi at nagdudulot ng kahirapan. Ipaalam sa kanila ang puspusang panunuligsa ni Co sa <i>child labor</i>, na siya namang ipinagbabawal sa ating batas.</p> <p>2) Pagpapaulat sa klase: Pagkatapos ng diskusyon sa kani-kanilang grupo, kailangang may dalawang representatibo ang bawat grupo na haharap sa klase para ilatag ang kanilang mga napag-usapan. Kailangan din ay may reaksiyon ang ibang grupo sa mga natuklasan ng iba. Bigyang-diin na hindi kailangang magbarahan at magkontrahan. Ang mahalaga ay magbahagi ng mga opinyon at kabatiran hinggil sa paksang inilatag ng tula ni Co.</p>

ARALIN 14: Mga Tula Mula Pinpin At Delos Reyes

Linggo 14

Deskripsiyon

Pag-aaralan dito ang mga tula ni Axel Pinpin, dating bilanggong pulitikal, at Joselito Delos Reyes, sikat na social media personality. Ang mga tula ay "Kung Bakit Tayo Paluwas at Walang Sunong na Kalakal" at "Pan-Rush Hour." Tinatalakay ng mga ito ang iba't ibang anyo ng pakikipagsapalaran ng mga Filipino.

I. Tuklasin

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>1) Unang tatalakayin ang "Pan-Rush Hour" ni Joselito Delos Reyes. Ipabasa ito nang malakas sa mga estudyante. Ipaalala sa kanila na sa pagbabasa ng tula, kailangang may pagtigil na isang patlang o isang saglit sa dulo ng bawat taludtod, kahit hindi buong pangungusap ang linya.</p> <p>2) Ipaalam sa mga estudyante na nagwagi ang tulang ito sa patimpalak ng National Book Development Board. Talakayin ang ugnayan ng gobyerno at panitikan, gayundin ang isyu ng <i>sponsorship</i> at panitikan.</p> <p>3) Ipahula sa mga estudyante ang kahulugang ng mga sumusunod na di-pamilyar na salita (maaaring magbawas/magdagdag sa listahan): liston, kabibiton, obrerong, via cruisis, berbo, sagitsit.</p> <p>4) Bigyang-diin sa mga estudyante ang pagbaybay ni Delos Reyes sa "makahaywey" (ibig sabihin, maka-<i>high way</i>). Ano ang tingin nila sa ganitong uri ng pagbabaybay? Ibigay na halimbawa ang mga sumusunod: unyon, titser, banyo. Ipaliwanag kung bakit kailangan ng <i>standard</i> na paraan ng pagbabaybay, at gayundin ipagtanggol ang ideya ng pagsusulat sa tamang Filipino, laban sa pagdaskol-daskol na <i>syntax</i> at gramatika. Ipaalam sa mga estudyante na bagaman mahusay ang eksperimentasyon, hindi ibig sabihin nito'y kahit ano na lang ay papayagan.</p> <p>4) Binanggit sa tula ang Golgotha. Ipaliwanag sa mga estudyante ang kahulugan nito. Ano ang tinutukoy ni Delos Reyes? Ipahambing ang linyang ito ng tula sa "Tirik" ni Cura.</p>		

II. Linangin

Pamantayang Pagnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
	<p>1) Bilang <i>seat work</i>, itanong sa mga estudyante kung ano ang gusto nilang maging trabaho pag sila'y nakapagtapos na. Ipalarawan sa kanila ang tipikal na araw ng isang taong may trabahong tulad ng gusto nila. Ipasulat ito sa anyo ng isang araw na hindi sa tig-iisang oras (halimbawa ng isusulat: 8am - 9am: Mag-aaghan, maliligo, magbibihis para sa trabaho). Ipabasa sa mga estudyante sa harap ng klase ang gawaing ito. Kailangang magbigay ng komento ang mga nakikinig sa bawat nagbasa. Halimbawa, itanong kung mayroon silang kamag-anak ka parehas ang trabaho sa gusto ng kanilang kaklase. Ipahambing ang tunay na karanasan ng trabahador sa naisip ng kaklase. Alin ang mga akma at tugma? Alin naman ang ibang-iba? Ipatalakay sa mga estudyante, bakit kaya nagkamali sa paglalarawan ng pang-araw-araw na buhay ng isang sekretarya, drayber, janitor? At bakit may ilang katangiang tama?</p> <p>2) Bilang takdang-aralin, kailangan makipanayaman ang mga estudyante sa isang mas matanda sa kanila na nakaranas makasakay sa lumang tren, sa Maynila man o sa probinsya. Iuulat ito ng mga estudyante sa harap ng klase. Sunod na hakbang: itanong sa mga estudyante kung sino sa kanila ang nakasakay na ng MRT o LRT. Paghambingin ang karanasan sa pagsakay ng lumang tren sa pagsakay sa mga modernong moda ng transportasyon. Alin ang pareho? Alin ang iba? Bilang huling bahagi, ipalarawan sa mga estudyante ang naiisip nilang paraan ng ibang klaseng transporasyon na maaaring magkaroon sa kinabukasan. Halimbawa, lumilipad na kotse, o di kaya naman ay <i>teleportation</i>. Sa tingin ba nila ay makakaranas pa rin ng pawis at pagod ang mga trabahador sa pagbibyahe sa pantasyang kinabukasan na ito?</p>	

III. Pagnilayan at Unawain

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
	<p>1) Inilalarawan ng tula ang pang-araw-araw na buhay ng isang empleyado. Mahirap ito at malupit. Itanong sa mga estudyante: bakit pa nagpapakasakit ang mga taong nagtatrabaho? Bakit hindi na lang nila piliing tumambay? Magpasinaya ng isang debate sa klase. Ang pagtataluhan: mas mabuti pang maging tambay kaysa magpakahirap sa pagtatrabaho. Bigyang-diin sa dulo ng diskusyon na hindi ineendorso ang pagiging tamad. Bagkus, sa pamamagitan ng pagdedebate, dapat makita ng mga estudyante ang halaga ng pagtatrabaho kahit na ito ay mahirap.</p>	

IV. Ilapat

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
		<p>1) Bilang takdang-aralin, ipalista sa mga estudyante ang pinaniniwalaan nilang <i>minimum</i> na kailangan ng isang trabahador para (a) mabuhay, at (b) maging masaya. Dalawang listahan ang lilikhain. Ibigay na suhestyon para sa (a) ang pagkain at kuryente, at hingin naman ang ilang suhestyon mula sa mga estudyante para sa (b), nang gayon ay magkaroon ang iba sa klase ng ideya ng kanilang isusulat. Bilang <i>partner</i> ng dalawang listahang ito, kailangan din gumawa ng sanaysay ang estudyante na ipinagtatanggol ang kanyang mga inilista. Halimbawa, kung isinama niya sa (a) ang kuryente, maaaring itanong, hindi ba't libong taong nabuhay ang ubod ng daming tao nang walang kuryente. Isa pang halimbawa, kung sa (b) inilagay ng estudyante ay pamilya, kailangan niyang magbigay ng mga nakakakumbinsing argumento kung bakit siya naniniwalang nagdudulot ng kaligayahan ang pamilya. Bilang huling bahagi ng ehersisyong ito, magkaroon ng botohan sa klase para magbigay ng <i>definitive</i> na listahan ng (a) at (b), ang tunay na pinaniniwalaan ng buong klase bilang klase ng mga bagay na kailangan ng tao para mabuhay, at ang mga bagay na kailangan ng tao para maging masaya. Sampu lamang ang pwedeng ilagay sa bawat listahan.</p>

I. Tuklasin

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>1) Ang huling tatalakaying tula ay ang "Kung Bakit Tayo Paluwas at Walang Sunong na Kalakal." Magbigay ng <i>quiz</i> kung saan kailangang bigyang-depinisyon ng mga estudyante ang mga sumusunod na salita (maaaring dagdagan ang nakalista): tangan, tiklis, sunong, malaong, arkabala, ligangan, balanggot, gahaman, pantighaw.</p> <p>2) Pagkatapos matsekan ang <i>quiz</i>, magbigay ng <i>seat work</i>: kailangang gamitin ng mga estudyante ang mga salita, na ngayo'y alam na nila ang ibig sabihin, sa isang maikling sanaysay. Kailangang may kabuuan ang sanaysay, hindi lamang sunod-sunod na pangungusap.</p> <p>3) Ituon ang mga mata ng mga estudyante sa pinakamahalagang salita sa tula, "utang." Paglaruan ang konsepto ng utang sa klase. Itanong sa kanila: nagkautang na ba sila? Nagpautang na ba sila kahit kailan? Ipabasa sa kanila ang aporismo mula sa <i>Hamlet</i> ni William Shakespeare, payo ng tauhang si Polonius sa anak na si Laertes, "Wag mangutang at wag ding magpautang." Bakit kaya ganito ang payo ng ama sa kanyang anak?</p> <p>4) Isunod na talakayin ang konsepto ng "utang na loob" sa mga Filipino. Ano ang ibig sabihin nito? Nakabubuti ba ito o nakakapahamak sa mga Filipino? Itanong sa mga estudyante: ano ang ibig sabihin kapag mayroon kang utang na loob sa isang tao? Ano ang <i>consequences</i> nito? Kanino sila may utang na loob? Sa pamilya? Sa paaralan? Sa bayan? Anong bagay ang kailangang ginawa para sa kanila ng isang tao para magkaroon sila ng utang na loob sa taong ito? Pautangin? Tulungan sa eskwela? Bigyan ng regalo? Ilibre ng pamasaha sa jeep? Hanggang kailan nila papasanin ang utang na loob na ito? Kung lumipas na ang isang taon? Isang dekada? O panghabambuhay ba ang utang na loob?</p>		

II. Linangin

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
	<p>1) Ibigay bilang takdang-aralin ang pananaliksik tungkol sa rebolusyon sa EDSA. Kailangang magpanayam ang mga estudyante ng mga taong naroon mismo noong 1986. Mas mainam kung mga magulang nila, o di kaya ay mga kamag-anak. Ipaunawa sa klase ang halaga ng mga <i>mass movement</i> tulad ng EDSA.</p> <p>2) Magpasinaya ng debate sa klase. Itanong sa mga estudyante kung nakakasagabal lang ba ang mga <i>rally</i>, o may silbi ang mga ito. Kailangang mabanggit ang mga tanong na ito: bakit hindi katanggap-tanggap na mayroong <i>designated</i> na lugar kung saan doon lang pwedeng mag-<i>rally</i>? Bakit kailangang <i>maximum tolerance</i> ang ipinapatupad ng mga pulis kapag humaharap sa mga nagra-<i>rally</i>? Ano sa tingin ng mga estudyante ang ipinaglalaman ng mga nakikita nilang nagra-<i>rally</i> nang harapan o sa telebisyon man?</p> <p>3) Ipalista sa mga estudyante ang mga dahilan kung bakit magra-<i>rally</i> ang mga magsasaka. Paano naman ang mga drayber ng jeepney? Sino pa ang iniisip nilang may dahilan para mag-<i>rally</i>? Sino naman ang hindi nila maisip na kailangan pang mag-<i>rally</i>?</p>	

III. Pagnilayan at Unawain

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
	<p>1) Magpagawa sa mga estudyante ng sanaysay na <i>paraphrase</i> ng tula ni Acosta. Ipapaliwanag sa kanila sa lohikal at nakakakumbinsing paraan kung bakit nagkakaroon ng <i>mass movement</i> tulad ng tinatalakay ni Acosta.</p> <p>2) Si Acosta ay naging bilanggong pulitikal. Bilang takdang-aralin, pagsaliksikin ang mga estudyante tungkol sa isyu ng bilanggong pulitikal. Banggitin sa kanila na maaaring kahit taga-ibang bansa ang kanilang tatalakayin, halimbawa ang lider ng demokratikong partido sa Burma na si Aung San Suu Kyi. Ang mahalaga ay matalakay nila ang paksa sa wikang Filipino.</p>	

IV. Ilapat

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
		<p>1) Bilang huling proyekto sa aralin tungkol sa panulaan, ipalista sa mga estudyante ang lahat ng tao na kanilang nakakasalamuha, mula sa kanilang kasambahay hanggang sa janitor sa eskwela, hanggang sa barker para sa jeepney at <i>salesperson</i> sa <i>mall</i>. Sa tabi ng bawat pangngalan, ipalarawan sa mga estudyante ang sa tingin nila ay utang o utang na loob nila sa taong ito. Halimbawa, maaari nilang sabihin na utang na loob nila sa kanilang pinsan kaya nakaranas sila ng panonood ng pelikula sa sinehan sa unang beses. O di kaya, utang nila sa janitor ang malinis na sahig na nilalakaran nila araw-araw.</p> <p>2) Pagkatapos talakayin sa klase, ibigay bilang takdang-aralin: iko-<i>convert</i> ng mga estudyante ang kanilang listahan ng utang sa "Liham ng Pasasalamat." Ipaliwanag nang ganito: "Katulad din ng mga artistang nagpapasalamat sa mga nakatulong sa kanila pag nakatanggap sila ng award, kahit ang mga taong ito naman ay walang direktang relasyon sa pag-arte, magpapasalamat kayo sa lahat ng taong nakatulong sa inyo sa inyong buhay." Ipaalala sa mga estudyante na maging matapat. Kung wala naman silang dapat ipagpapasalamat sa kanilang pinsan o tiyuhin, huwag silang magsinungaling at huwag nilang pilitin. Higit sa lahat, ang "Liham ng Pasasalamat" ay selebrasyon ng pakikipagkapwa. Ipabasa nang malakas sa mga estudyante sa harap ng klase ang proyektong ito. Maaaring hatiin sa 4-6 na pangkat ang klase at sa kani-kanilang pangkat, bibigkasin ng bawat miyembro ang kanilang liham-pasasalamat. \</p> <p>3) Ipagawa ang post-test.</p>

KABANATA 4:

NAGSASALITA AKONG PROSA!

Tatalakayin sa kabanatang ito ang prosa. Ang mga prosang akdang narito ay nagmula sa iba't ibang plataporma: flash fiction, Facebook status, at blog entries.

Maikling anyo ang *flash fiction*, pero mas mahalaga ang nilalaman nito. Anyong prosa ito na maaaring paksain ang kahit ano, at tunay ngang pinaksa na ang lahat. Ang mga halimbawang narito ay isinulat nina Atalia, Tolentino, at Quibilan. Magkakaibang uri ng flash fiction ang mga ito. Ang akda ni Atalia ay mas hawig sa naunang anyo ng dagli, pero mas may layon na maglarawan ng kulturang Pilipino. Nasa gayon ding tabas ang akda ni Tolentino, mala-dagli, pero mayroong mas malinaw na intensiyong magbigay ng komentaryong panlipunan. Ang akda naman ni Quibilan, bagaman nagbibigay din ng komentaryo, ay mas isinulat sa anyong naratibo. Ibig sabihin, talagang kuwento ito, at hindi mala-dagli, na pinaghalong sanaysay at kuwento.

Nasa kabanatang ito rin ang Facebook status. Hindi na lamang daluyan ng mga pahayag tungkol sa pag-ibig o kalungkutan dahil sa mga maliit na bagay, lunsaran ang Facebook ng pulitikal na panunuligsa at malalim na pagmumuni-muni.

Ang ikatlong uri ng akda na matatagpuan sa kabanata ay ang mga blog entry. Binibigyan ng blog at blogging ang mga estudyante ng napakalaking pagkakataon para maihayag ang kanilang opinyon at paniniwala sa anyong mas mapagggalugad kaysa status sa Facebook o pag-tweet. Samantalang sarado sa 140 characters ang tweets at kailangan ng Facebook account para makapagbasa ng mga status, kailangan lamang ng koneksyon sa Internet para makapagbasa ng kahit gaano kahabang post sa blog. Ito, kung gayon, ang pinakamainan na daluyan ng sanaysay na Filipino sa kasalukuyang panahon.

ARALIN 15: Ang *Flash Fiction*

Linggo 15

Deskripsiyon

Pag-aaralan sa linggong ito ang mga dagli nina Rolando Tolentino, Zosimo Quibilan, at Eros Atalia. Tinatalakay ng mga ito ang iba't ibang penomena sa modernong Pilipinas, tulad ng call centers at problema sa basura, gayundin ang mga tradisyong Filipino.

I. Tuklasin

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>1) Unang tatalakayin ang "Good Morning, Sir. Thank You For Calling. How May I Help You Today?" ni Roland Tolentino. Dahil hindi kahabaan tulad ng ibang anyong prosa, ipabasa nang malakas ang <i>flash fiction</i> na ito.</p> <p>2) Itanong sa mga estudyante kung nakilala nila ang mga bagay, tao, at lugar na binanggit sa pyesa. Alam ba nila kung ano ang <i>call center</i>? May kilala ba silang kapit-bahay o kamag-anak na <i>call center agent</i>? Ano naman ang naiintidihan nila tungkol sa terminong "<i>information technology</i>"?</p> <p>3) Kilala ba nila kung sino si Bill Gates? Binanggit sa tekstso na siya ang unang trilyonaryo sa mundo. Itanong sa mga estudyante kung ano ang ugnayan ng kayamanan ng isang nilala sa kanyang pagkatao? Karapatdapat bang ipagmalaki ang pagiging trilyonaryo, o bilyonaryo o milyonaryo? Ang kayamanan mismo? Bakit, sa tingin nila, tinitingala natin ang mga mayaman?</p> <p>4) Itanong sa mga estudyante kung alam nila kung nasaan sa mundo ang India at Ohio, at kung nasaan sa Pilipinas ang Pangasinan at Dadiangas. Gabayan sila sa pagmumuni-muni: bakit mas alam pa nila kung nasaan ang isang lugar sa Estados Unidos kaysa Pilipinas?</p>		<p>1) Ibigay ang pre-test.</p>

II. Linangin

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
	<p>1) Itanong sa mga estudyante, nagawa na ba nilang mang-away ng <i>call center agent</i>, halimbawa sa pag-order ng pagkain sa telepono, o pagrereklamo sa <i>Internet connection</i>? Bakit mas madaling awayin ang taong hindi nila nakikita nang harapan?</p>	

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
	<p>2) Itanong sa mga estudyante, ano ang "sama ng loob"? Ipalista sa kanila ang mga termino sa Filipino na may kinalaman sa "loob," halimbawa "utang na loob" at "magaan ang loob." Itanong sa mga estudyante, kanino sila may sama ng loob? Mabilis ba itong mawala, o may espesyal na kailangang gawin para ito mabura? Ano ang mga bagay na nagdudulot ng sama ng loob? Ano ang ibig sabihin kapag ang sama ng loob ng isang tao para sa isang tao ay sa ibang tao nabubuhos? Anong uri ng bayan ang Pilipinas kung saan ang sama ng loob ay maaaring mapasa sa iba basta ba nababayaran? Iugnay ang diskusyong ito sa isyu ng emosyon at pera. Anong uri ng mundo mayroon pag nakontrol ang ating damdamin ng pera?</p>	

III. Pagnilayan at Unawain

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
	<p>1) Ipasalin sa mga estudyante ang "How may I help you today?" Ano pang mga pahayag ang katulad nito? Ibigay bilang suhestyon sa mga estudyante ang "Thank you for coming, come again." Ipasalin din sa kanila ang mga ito. Gabayan ang mga estudyante sa diskusyon: ano ang nangyayari sa mga pahayag na ito kung paulit-ulit lang na sinasabi? Tunay nga bang nag-aalok ng tulong ang isang taong <i>scripted</i> ang pag-aalok ng tulong? Ipalista naman sa mga estudyante ang mga "mas totoong bersyon" ng mga pahayag. Halimbawa, kung ang "How may I help you today" ay "Paano ko po kayo matutulungan ngayong araw na ito?" sa Filipino, ang mas totoo nitong bersyon ay "Anong kailangan mo sa akin?" Bakit mahalaga ang mga magalang na paraan ng pagpapahayag para sa <i>business</i>?</p> <p>3) Gabayan ang mga estudyante sa pagpapantasya sa isang mundo kung saan direkta imbes na magalang ang mga tao. Ano-ano ang magiging implikasyon nito? Itanong sa mga estudyante: paano kung, sa pang-araw-araw na buhay, ang mga nakakasalamuha mo, mula sa iyong mga kamag-anak hanggang sa mga nakakasakay mo sa bus, kailangan mong bayaran para lang maging <i>polite</i> at magalang ang pananalita?</p>	

IV. Ilapat

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
		<p>1) Ipaliwanag sa mga estudyante na kailangan sa mga <i>call center agent</i> ang gumamit ng puntong "<i>American English</i>." I-<i>demonstrate</i> ito sa kanila at ikumpara sa "<i>Filipino English</i>." Magdala ng dyaryong <i>broadsheet</i> tulad ng <i>Philippine Star</i> o <i>Philippine Daily Inquirer</i> at ipabasa sa kanila nang malakas ang ilang talata mula sa balita at editoryal gamit ang kanilang "<i>American English</i>." Ano ang dating nito sa kanila? Mayroon ba talang pagkakaiba ang dalawang punto? Talakayin sa klase: bakit kailangan ng mga taga-Estados Unidos na katunog nilang magsalita ang kanilang kausap sa telepono?</p> <p>2) May malungkot na pananaw sa mundo ang <i>flash fiction</i> na ito. Naging <i>call center agent</i> na lamang ang dating guro. Magsimula ng debate sa klase: kung mas mataas ang sweldo ng <i>call center agent</i>, dapat itong piliin na trabaho imbes na pagtuturo.</p>

I. Tuklasin

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>1) Sunod na tatalakayin ang "Styropor" ni Zosimo Quibilan. Bilang takdang-aralin, Itanong sa mga estudyante: ano ang pagkakaiba ng "styrofoam" at "styropor"?</p> <p>2) Ipakwento sa mga estudyante ang kanilang mga karanasan sa baha. Nagawa na ba nilang lumusong sa baha? Natutuwa ba sila kapag mayroong baha dahil walang pasok sa eskwela? Itanong sa kanilang ang tanong mula sa <i>jingle</i> ni Manny Villar noong 2010, "Naka-<i>swimming</i> ka na ba sa dagat ng basura?"</p> <p>4) Itanong sa mga estudyante kung nakaranas na sila ng brownout. Itanong sa kanila kung bakit "brownout" ang tawag natin kapag nawawalan ng kuryente sa Pilipinas, pero "<i>blackout</i>" naman sa Estados Unidos. Bilang takdang-aralin, kailangan nilang gumawa ng panayam sa taga-Metro Manila na nabuhay noong dekada 90 kung kailan laging brownout, o di kaya nama'y taga-Davao ngayong panahong ito na nakakaranas lagi ng brownout sa lungsod na iyon.</p>		

II. Linangin

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
	<p>1) Sa <i>flash fiction</i> na ito, dalawa ang nararamdaman ng "ako." Una, awa sa mga batang nasira ang laruan. Pangalawa, inggit sa kaligayahan ng mga taong naglalangoy sa baha. Bakit siya naiingit? Ilarawan ang "ako" na ito. Lalake ba siya o babae? Ilang taon na siya? Mayaman ba siya o mahirap? Sakaling magkakuryente na ulit, ipahula sa mga estudyante kung ano ang unang gagawin ng "ako" na ito. Gabayan ang mga estudyante sa pagtalakay: bakit "Styropor" ang pamagat ng pyesa? Ano ang mas akmang pamagat? "Baha"? "Ulap"? "Langoy"?</p> <p>2) Talakayin sa klase, ano ang relasyon ng pamagat sa kabuuan ng isang teksto? Bilang panimula, itanong sa kanila, nakarinig na ba sila ng kanta o nakapanood ng pelikula na tila ba sobrang layo ng pamagat sa paksa? Bakit iyon ang naging pamagat kung wala namang kaugnayan sa nilalaman ng pyesa?</p>	

III. Pagnilayan at Unawain

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
	<p>1) Pagsaliksikin ang mga estudyante tungkol sa baha. Ano ang mga nagdudulot nito? Paano ito masosolusyonan? Gayundin, kailangang magsaliksik ang mga estudyante tungkol sa <i>global climate change</i>. Ano ang <i>climate change</i>? Ano ang mga nagdudulot nito? Ano ang maaaring mga maging epekto nito sa pamumuhay ng mga tao? Paano ito pipigilan?</p> <p>2) Ipakwento sa mga estudyante ang mga nilalaro nila na walang kinalaman sa <i>video games</i> at <i>cellphone</i>, at hindi rin iyong mga itinuturing na "opisyal" na isport tulad ng basketbol. Imbes, ipakwento ang kanilang karanasan sa taguan-pung at habulan, sa patintero at langit-lupa. Gabayan ang mga estudyante sa talakayan: ano ang halaga ng "laro" sa mga bata? Bakit ito importanteng bahagi ng pagiging tao ng isang tao? Anong uri ng mundo ang mayroon kung wala nang naglalaro ng mga larong ito?</p>	

IV. Ilapat

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
		1) Gabayan ang mga estudyante sa isang debate: dapat ipagbawal na ang paggamit ng <i>styropor</i> . Pagkatapos ng diskusyon, talakayin sa klase ang ilang <i>environmentall friendly policies</i> , tulad, halimbawa, ng pagganyak sa mga <i>shopper</i> sa Lungsod Quezon na gumamit ng papel imbes na plastik para sa kanilang <i>groceries</i> .

I. Tuklasin

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>Ikatlong tatalakayin ang "Lamayang Pinoy" ni Eros Atalia.</p> <p>1) Bago magsimula ang diskusyon tungkol sa <i>flash fiction</i>, itanong sa mga estudyante kung kilala nila si Atalia. Sikat siyang awtor ng mga popular na nobela tulad ng <i>Ligo na U</i>, <i>Lapit na Me</i> at <i>Tatlong Gabi</i>, <i>Tatlong Araw</i>.</p> <p>2) Talakayin sa klase ang iba't ibang sugal na binanggit sa teksto. Alam ba nila kung ano ang tong its, madyong, at sakla? May iba pa bang sugal na alam nila ang hindi binanggit sa teksto? Bigyang-diin na ang sugal ay pagsasayang ng oras at pera. Kailangan itong iwasan ng mga estudyante, at kahit ng mga matanda.</p>		

II. Linangin

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
	<p>1) Ipalarawan sa mga estudyante ang karanasan nila sa lamay. Nakapaglamay na ba sila? Nakasalamuha ba nila ang mga tauhan na sinasabi ni Atalia ay matatagpuan sa bawat lamay? Meron pa ba silang mairadagdag na taong laging naroon pag may namatayan? Kung kailangang nilang pumili na maging isa sa mga taong ito, sino ang kanilang pipiliin? Sila ba ang tambay o ang relihiyoso? Ang kumakanta at naggigitara, o namimilosopo? Bakit? Gayundin, talakayin, alin sa mga inilistang tauhan ang pinakanakakainis? Bakit, sa tingin ng mga estudyante, wala dapat naggigitara pag may lamay? Bakit hindi dapat ginagawang lugar para mag-<i>date</i> ang lamayan?</p> <p>2) Ipakwento sa mga estudyante ang karanasan nila</p>	

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
	sa mga pangyayari na may kaugnayan sa lamay, halimbawa, libing. Ano, sa tingin nila, ang pangkalahatang lapit ng mga Filipino sa kamatayan?	

III. Pagnilayan at Unawain

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
	<p>1) Gabayan ang mga estudyante sa isang debate: hindi dapat matagalan ang mga lamayang Filipino. Dapat gawin ito ng isang araw at isang gabi lamang, para makiramay sa mga namatayan. Ang lamayang inilalarawan ni Atalia ay tila ba <i>circus</i>. Talakayin sa klase, ito ba ay pagpapakita ng respeto sa namatayan?</p> <p>2) Bilang takdang-aralin, kailangang magsaliksik ang mga estudyante tungkol sa iba't ibang tradisyon ng lamay sa ibang bansa. Ibigay na suhestyon sa kanila ang Ireland, gayundin ang mga bansa sa Latina Amerika. Ipasaliksik din sa mga estudyante ang iba't ibang tradisyon ng lamayan sa iba't ibang kultura at relihiyon (bigyang-diin na sa isang bansa maaaring magkaroon ng iba't ibang kultura at relihiyon). Paanong naiba ang mga lamay ng Protestante sa Katoliko? Ano naman ang mga tradisyon ng mga Hudyo pagdating sa burol at libing?</p>	

IV. Ilapat

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
		<p>1) Ayon kay Atalia, ibang-iba ang lamayang Filipino. Mayroon ngang sikat na pahayag, "<i>only in the Philippines</i>." Bukod sa lamay, saan pa napapamalas ang pagiging kakaiba ng mga Filipino? Saan pa tayong natatangi? Alin sa mga ito ang nagugustuhan ng mga estudyante? Alin naman ang ayaw nila?</p> <p>2) Pabuin ang mga estudyante ng isang sanaysay na naglalarawan ng mga taong nakikita sa kakaibang tradisyon ng mga Filipino. Maaaring mga pamagat at paksa: "Kasalang Pinoy," "Eskwelahang Pinoy," "Eleksyong Pinoy." Sino-sino ang mga nakikita lagi sa mga pangyayaring ito?</p>

ARALIN 16: Ang Facebook Status

Linggo 16

Deskripsiyon

Sa seksyong ito, ipapaintindi sa mga estudyante ang potensyal ng social media. Itinuturing bilang mahusay na halimbawa ng makabuluhang pagsusulat gamit ang social media si Joselito delos Reyes.

I

. Tuklasin

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>1) Unang tatalakayin ang "Diktatoryal." Dahil maikli lamang ito, maaaring ipabasa nang malakas sa klase.</p> <p>2) Talakayin sa klase ang iba't ibang kahulugang umiikot sa salitang "diktador." Ano ang ibig nito sa kanila? Sino-sino ang mga diktador sa kanilang buhay? Maghanda para sa mga patawa na tutukoy sa guro bilang diktador.</p> <p>3) Bilang takdang-aralin, ipasaliksik sa mga estudyante ang karanasan ng Pilipinas sa diktadurya sa ilalim ng Martial Law ni Ferdinand Marcos. Kailangang makapagpanayam ang estudyante ng sinomang nabuhay noong panahon sa ilalim ng rehimeng ito. Itanong sa mga estudyante, gugustuhin ba nilang mabuhay sa ilalim ng Martial Law?</p>		

II. Linangin

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
	<p>1) Ipakwento sa mga estudyante ang kanilang karanasan sa paggamit ng Facebook. Mayroon di ba silang nakadebate dahil sa kanilang <i>status</i>? Meron na ba silang nakaaway? Katulad ba sila ni delos Reyes na nagbubura ng mga komento? Ano ang kanilang mga dahilan sa pagbubura? Naranasan na ba nilang ma-bully sa <i>social media</i>? Naranasan na ba nila na sila ang nang-away dahil sa isinulat ng ibang tao? Nakipagtalo na ba sila sa mas matanda sa kanila, o sa estranghero, dahil sa <i>status</i> nito? Naranasan na ba nilang mag-unfriend? Ano-ano ang mga dahilan? Naranasan na ba nilang gawin ito sa mga <i>website</i> tulad ng YouTube o Rappler?</p>	

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
	2) Itanong sa mga estudyante, bakit nga ba naging sikat ang mga <i>social media sites</i> tulad ng Facebook? Alam ba nila ang mga platapormang nawala na ngayon, o hindi na gaanong uso, tulad ng MySpace, Friendster, Multiply, o Plurk?	

III. Pagnilayan at Unawain

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
	<p>1) Ayon kay delos Reyes, mayroon siyang mga <i>status</i> na hindi binubura para matandaan niya ang kanyang pagkakamali. Itanong sa mga estudyante, mayroon ba silang pagkakamali na nais nilang burahin mula sa nakaraan? Katulad ba sila ni delos Reyes, o nagbubura sila ng <i>status</i> kapag imbes na <i>like</i> ay pang-aaway ang kanilang nakukuha mula rito?</p> <p>2) Gabayan ang mga estudyante sa talakayan: naranasan na ba nilang makipagtalos nang harapan sa iba tungkol sa mga isyung pampulitika, o di kaya ay moral? Ano ang kanilang pinaksa? Ano ang kanilang tindig? Nanalo ba sila o natalo sa debate? Ano ang mas madali, ang harapang makipagtalos o iyong dinadaan sa Internet? Bakit? Ano ang relasyon ng teknolohiya sa lebel ng paglalabas ng tao ng emosyon?</p>	

IV. Ilapat

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
		<p>1) Ilang beses nabanggit ni delos Reyes ang kanyang asawa. Ayon sa kanya, dikta ng kanyang asawa ang dahilan ng kanyang pagpapaliwanag sa kanyang dikatodoryal na polisiya sa Facebook. Sinabi rin niyang minsan, ang asawa niya ang diktador sa kanyang <i>account</i>. Magpasinaya ng debate sa klase: sino ang dapat maging diktador sa mag-asawang Filipino, ang lalake o ang babae? Bakit?</p> <p>2) Gabayan ang mga estudyante sa pagtalakay: sino ang maituturing na diktador sa kanilang mga tahanan? Ang kanilang ama? Ina? Lolo? O demokratiko ba ang pamamalakad sa kanilang</p>

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
		<p>bahay? Kung maaari nilang baguhin ang pagpapatakbo, alin ang kanilang mas pipiliin?</p> <p>3) Bilang takdang-aralin, pasulatin ang mga estudyante ng maikling sanaysay na pinamagatang: "Kung Ako ang Diktador." Ipararawan sa kanila ang mga gagawin nila sa bahay, sa eskwela, o kahit sa gobyerno ng Pilipinas, sakaling lahat ng utos nila ay kailangang sundin.</p>

I. Tuklasin

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>1) Sunod na tatalakayin ang "Tungkol kay Pacquiao."</p> <p>2) Ipalista sa mga estudyante ang mga nalalaman nila tungkol kay Pacquiao. Halimbawa, noong congressman ito, ilang batas ang kanyang naipasa?</p> <p>3) Bilang takdang-aralin, ipasaliksik sa mga estudyante ang mga boksingerong inilista ni delos Reyes: sina Navarette, Limon, Bohol, Penalos, Savon, Stevenson, Velasco, Bujilov, Cantancio, Serrantes, Velasco, Villanueva, at Stephashkin. Sino-sino sila? Meron bang nakakakilala sa kanila bukod sa mga <i>fan</i> ng boksing?</p> <p>4) Ayon kay delos Reyes, may "sining sa gilás, sa ilag, sa palitan ng suntok." Ipasaliksik din sa mga estudyante ang mga alituntunin ng boksing, gayundin ang iba't ibang estratehiya at taktika sa paglalaro nito. Bilang panimulang tulong, ibigay sa kanila ang pangalan ng Marquess of Queensberry, si John Douglas, isa sa mga dahilan ng propesyunalisasyon ng boksing.</p>		

II. Linangin

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
	<p>1) Naging congressman si Manny Pacquiao noong 2010 at tumakbong senador noong 2016. Talakayin sa klase: ano-ano ang mga kwalipikasyong mayroon dapat ang isang tao bagong maging congressman, senador, o presidente? Kailangan bang maging abogado, o may mataas na</p>	

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
	<p>pinag-aralan, o sapat na ang maging sikat? Bakit tumatakbo ang mga tao para sa posisyon sa gobyerno? Ano ang inaasahan ng mga mamamayan sa mga pulitiko?</p> <p>2) Itanong sa mga estudyante: sakaling makakaboto ka, iboboto mo ba si Pacquiao sa pagkasenador? Bakit?</p> <p>3) Ayon kay delos Reyes, pinatingkad ng mga pagkatalo ni Pacquiao ang kanyang "katayuan bilang taong ay tagumpay at kabiguan." Lumalabas ngayon na mabuting bagay ang pagkakaroon ng kabiguan kung pagiging "tao" ang pinag-uusapan. Sa anong paraan nabibigyan ng estudyante ng saysay ang ideyang ito? Sa ano pang mga larangan gumagana ang lohika ng "panalo ang talo"? Iugnay ang ideyang ito ni delos Reyes sa kasabihang "ang kalaban ng mabuti ay ang perpekto."</p>	

III. Pagnilayan at Unawain

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
	<p>1) Ang boksing ay bayolenteng isport kung saan, sa pangkalahatan, ang layunin ng mga manlalaro ay saktan ang isa't isa. Gabayan ang mga estudyante sa isang talakayan: isport nga ba ang boksing? Ipakumpara ito sa kanila sa ibang kinikilalang isport, tulad ng basketbol, futbol, <i>gymnastics</i>, paglangoy, <i>archery</i>, at pagtakbo. Sa mga larong ito, layunin pa rin na talunin ang kalaban, pero sa pamamagitan ng pagiging mas mahusay sa kanya. Ikumpara ito sa boksing na madalas ay nagreresulta sa pagkawala ng malay ng isang manlalaro, at sa maraming beses na ay namamatay ang mga napupuruhan. Itanong sa mga estudyante: dapat nga bang hangaan ang mga boksingero? Anong uri ng kultura mayroon ang Pilipinas kung ang mga tinitingala natin ay iyong mga nananakit ng kapwa? Isport pa bang matatawag kung ang mga manlalaro ay nauuwi sa pagiging duguan, may sugat, may <i>blackeye</i>, at iba pang pinsala sa katawan.</p> <p>2) Bilang takdang-aralin, ipasaliksik sa mga estudyante ang kinahinatnan ni Muhammad Ali, isa</p>	

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
	sa mga itinuturing na pinakamahusay na boksingero sa buong mundo. Bigyang-diin ang paksa ng <i>Parkinson's syndrome</i> ni Ali, gayundin ang oposisyon nito sa gera ng Estados Unidos laban sa Vietnam.	

IV. Ilapat

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
		<p>1) Bilang takdang-aralin, pagsaliksikin ang mga estudyante sa iba't ibang isport na maihahambing sa boksing: halimbawa ang judo, taekwando, gayundin ang MMA o <i>mixed martial arts</i>. Ipakumpara ito sa kanila sa boksing, at sa <i>wrestling</i>, isang kunwaring isport na may simulasyon ng karahasan at pananakit pero sa totoo ay laro-laro lamang.</p> <p>2) Pasulatin ang mga estudyante ng sanaysay na pinamagatang "Ang Pinakamahusay na Isport." Dito, kailangan nilang mag-imbento ng laro na (a) walang nagkakasakitan, at (b) lahat ay panalo. Bigyang-diin sa kanila na isa itong <i>thought experiment</i> na ang layunin ay mapagalugad sa kanila ang mga dahilan kung bakit katangian ng mga isport iyong mga katangian nila.</p>

I. Tuklasin

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>1) Huling tatalakayin ang "Kung Makakatapos Ka." Bagaman may kahabaan, ipabasa ito nang malakas sa isang estudyante, na magpapanggap na nagbibigay ng talumpati sa mga nagtatapos. Maaaring magpapanggap na isa ngang <i>graduation</i> ang nagaganap, halimbawa may espesyal na sumbrero ang mga estudyante, kahit gawa sa papel, at dapat di'y pumalampak sa katapusan ng <i>speech</i>.</p> <p>2) Binanggit ni Delos Reyes ang kasabihan tungkol sa buwis at kamatayan. Bagaman lahat ng tao ay namamatay, may mga taong hindi nagbabayad ng buwis. Ipalista sa mga estudyante ang mga sa tingin nila'y hindi nagbabayad ng buwis. Kapag walang makaisip, ibigay na halimbawa ang mga taong grasa at pulubi, pagkatapos ay humingi pa ng iba.</p>		

II. Linangin

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
	<p>1) Gabayan ang talakayan sa klase. Ano ang buwis? Para saan ang buwis? Ano-ano ang sa tingin ng mga estudyante'y dapat gastusan gamit ng mga nakalap mula sa pagbubuwis? Sa tingin ba ng mga estudyante'y nagagamit nang tama ang buwis na kinukuha mula sa kanilang mga magulang?</p> <p>2) Ipaliwanag sa mga estudyante ang kahulugan ng <i>progressive tax system</i>. Itanong sa kanila: bakit mas mainam na mas malaki ang buwis sa mga taong mas malaki ang kinikita?</p> <p>3) Magpasinaya ng debate sa klase: ano ang mas mabuti, mababang buwis at kanya-kanya lang ang mga mamamayan, o mataas ang buwis pero bumabalik ang lahat ng mga pangunahing serbisyo tulad ng edukasyon at medisina?</p> <p>4) Isang araw ay tutungtong ng kolehiyo ang mga estudyante. Saan nila gustong mag-aral na unibersidad? Ano ang kursong gusto nilang kunin? Bakit ito ang kanilang napupusuan? Ano ang nais nilang maging trabaho? Pangarap ba nila ang trabahong ito o gusto lang nila dahil malaki ang kita?</p>	

III. Pagnilayan at Unawain

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
	<p>1) Iugnay ang Facebook <i>status</i> na ito sa tula ni Delos Reyes na "Pan-Rush Hour." Ano ang mga nakikita ng mga estudyante na pagkakapareho sa ideya nitong "Kung Makakatapos Ka" at ng tulang iyon? Ano ang nabubuong imahen sa kanila ng "pilosopiya" ni Delos Reyes pagdating sa trabaho? Ganito ba ang pagtatrabaho sa Pilipinas lang, o sa buong mundo?</p> <p>2) Ipapaalala sa mga estudyante ang resulta ng kanilang mga panayam sa mga empleyado. Ipaugnay ito sa kanilang buhay estudyante: dumadaan din ang mga estudyante sa baha, sa trapik, sa iba't ibang uri ng pagsubok. Itanong sa mga estudyante: ano-ano ang inspirasyon nila sa</p>	

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
	buhay at nagagawa pa nilang magpatuloy kahit maraming pasakit at hamon ang mundo? Sino-sino ang kanilang mga idolo pagdating sa pagiging matiisin at matyaga?	

IV. Ilapat

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
		<p>1) Magpasinaya ng dula-dulaan. Pumili ng isang estudyante na papapel bilang boss, at isang estudyante naman bilang aplikante. Ipasaliksik sa mga estudyante ang mga tanong na maaaring ibato sa isang tao na nais pumasok sa isang kompanya bilang empleyado. Magkakaroon ng botohan pagkatapos ng bawat <i>interview</i>. Pasok ba ang estudyanteng aplikante o hindi?</p> <p>2) Bilang takdang-aralin, pasulatin ang mga estudyante ng <i>graduation speech</i> sakaling maging valedictorian sila na may pamagat na "Sampung Dahilan Kung Bakit Ayaw na Ayaw kong Magtapos."</p> <p>3) Ipalarawan sa kanila kung ano ang mga kinakatakutan nila sa mundo ng kolehiyo at pagtatrabaho, gayundin kung ano ang mga pinakamami-<i>miss</i> nila sa pagiging estudyante.</p>

ARALIN 17: Ang Blog

Linggo 17

Deskripsiyon

Sa bahaging ito, tatalakayin ang mga gawa nina Vlad Gonzales, Edgar Samar, at Eugene Evasco. Mas kilala sila bilang mga manunulat ng kuwento, nobela, sanaysay, at dula, pero mahalagang mabasa na kahit sa Internet ay naglilimbag sila ng kanilang mga akda.

I. Tuklasin

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>Unang tatalakayin ang "Pop!" ni Vlad Gonzales.</p> <p>1) Bilang takdang-aralin, ipagalugad sa mga estudyante ang <i>website</i> ni Gonzales, ang vladgonzales.net.</p> <p>2) Ipaulat sa kanila ang reaksyon nila sa iba't ibang teksto at larawan sa <i>website</i>.</p> <p>3) Naglista si Gonzales ng iba't ibang laruan at palabas na kinahiligan nilang magkapatid at iyong mga kinahuhumalingan ng kanyang mga pamangkin. Ipalista sa mga estudyante ang kani-kanilang paboritong laruan at palabas. Gabayan sila sa pagmumuni-muni, ilang laruan at palabas ang gawa ng Filipino, at ilan naman ang gawa sa Estados Unidos, Japan, at Europa. Itanong sa mga estudyante: ano ang nagiging epekto sa mga Filipino na ang kanilang mabubuting alaala tungkol sa pagiging bata ay nakatali sa pagmamahal nila sa mga banyagang produkto at kultura? Mayroon ba silang maililistang laruan o palabas na Filipino ang kinaaugatan?</p> <p>4) Bilang takdang-aralin, magpasaliksik sa mga estudyante sa iba't ibang mito sa Pilipinas, gayundin ang iba't ibang bida sa komiks (halimbawa, Panday, Darna). Magpagawa ng maikling sanaysay na pinamagatang "Sino ang Mananalo?" kung saan sasagutin nila ang tanong, halimbawa, na "Sino ang mananalo kung maglaban si Superman at Darna," o di kaya'y "Sinong mananalo kung maglaban ang Teenage Mutant Ninja Turtles at ang epikong bayaning si Lam-ang?" Bigyang-diin na <i>thought experiment</i> lang ito at hindi nasusukat sa pisikal na lakas ang</p>		

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
galing at husay ng isang tao. Ipaalala na kailangang isang banyaga at isang Filipino ang dapat na pinaglalaman. Ipaulat ang mga sanaysay na ito sa harap ng klase, at kailangang pagdebatehan kung tunay ngang matatalo, halimbawa, ni Lapu-lapu si Batman.		

II. Linangin

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
	<p>1) Tinatalakay ng sanaysay ang mga ugnayang nabubuo sa pagitan ng mga magkakapamilya. Gabayan ang klase sa isang maikling talakayan tungkol sa kanilang iba't ibang karanasan kasama ang kanilang mga kapatid, pinsan, tiyo at tiya. Ipakwento sa kanila ang mga paglalaro, gayundin ang mga pagpunta sa <i>beach</i>, o sa ibang bansa. Ano ang mga mabuting alaala na mayroon sila kasama ang kanilang mga kamag-anak?</p> <p>2) Ipakumpara sa mga estudyante ang komposisyon ng pamilyang Filipino kumpara sa mga banyagang kultura. Bigyang-diin, halimbawa, na magkakalapit din ang mga mag-anak sa Asyanong bayan tulad ng Hapon at Korea, at Latina Amerika, samantalang tila <i>atoms</i> ang mga magkakadugo sa Estados Unidos at Europa. Itanong sa mga estudyante, ano-ano ang mga maaaring dahilan kung bakit ganito ang estruktura ng mga pamilya sa mundo? Ano-ano rin naman ang mga maaaring maging epekto nito, halimbawa, sa pag-iisip ng isang bata. Alin ang mas epektibong kaayusan, ang sa pamilyang Filipino o sa ibang bansa (sa puntong ito maaaring ipakwento sa ilang estudyante kung kasama nila sa bahay ang kanilang lolo at lola, halimbawa, o ang pamilya ng kanilang tiyo at tiya).</p> <p>3) Mahaba rin ang pagmumuni-muni ni Gonzales tungkol sa pagreregalo. Itanong sa mga estudyante, ano ang regalo? Kailan dapat nagbibigay ng regalo? Ano ang dapat maging reaksyon kung binigyan ka ng regalang hindi mo naman gusto? Sino-sino ang dapat nagbibigayan ng regalo? Dapat bang magbigay ng regalo ang anak sa kanyang mga magulang, gayong sa mga magulang din naman galing ang perang ipinambili ng regalo?</p>	

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
	<p>Kung, halimbawa, kaarawan ng isang bata at hindi siya nabigyan ng regalo, masamang bagay ba iyon? Paano naman kung Pasko? Gabayan ang klase sa isang talakayan tungkol sa ugnayan ng komersyalisasyon, konsyumerismo, at Pasko. Sa anong paraan, itanong sa kanila, nawawala ang tunay na diwa ng Pasko kung nakasentro lamang ito sa pagtanggap ng mga regalo? Sino ang mas naiugnay nila sa Pasko, si Hesu Kristo o si Santa Claus?</p>	

III. Pagnilayan at Unawain

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
	<p>1) Mahaba rin ang pagtalakay ni Gonzales sa alaala. Gabayan ang mga estudyante sa pagtalakay ng pinakamabuting alaala nila. Itanong, ano ang pinakamatanda nilang alaala? Ano ang pinakamasamang alaala nila? Iugnay ito sa diskusyon sa pagkalimot, lalo na sa tulang "Bagong yunit ng telepono" ni Rivera.</p> <p>Bigyang-diin ang pagiging unibersal ng ilang tema sa panitikan, tulad ng pag-ibig, paghihiganti, at alaala. Bakit laging binabalikan ng iba't ibang manunulat mula sa iba't ibang panahon at bansa ang mga dakilang paksa na ito? Iugnay ito sa isang talakayan tungkol sa mga bagay na unibersal sa lahat ng tao. Ano ang mga bagay na kailangan nating lahat (kung walang maisip ang mga estudyante, ibigay na halimbawa ang pagkain, tahanan, kalusugan).</p> <p>2) Ipatalakay sa mga estudyante ang pananaw ni Gonzales tungkol sa pagtanda. Ano ang kanyang tingin sa paglipas ng panahon at pagtanda ng mga bata? Bakit malungkot ang naging tono ng huling bahagi ng sanaysay? Itanong sa mga estudyante, gugustuhin ba nilang huwag tumanda? Sa anong edad nila nais mapako, sakaling maging bampira o ibang uri ng imortal? Ano ang mas masaya, ang maging <i>teenager</i> habambuhay, ang maging bata, o 20s, 30s, 40s?</p>	

IV. Ilapat

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
		<p>1) Maingat na talakayin ang kamatayan sa klase. Ano ang tingin ng mga estudyante sa kamatayan? Takot ba silang mamatay? Namatayan na ba sila? Ano sa tingin nila ang nangyayari sa isang tao pag namatay? Ano ang kanilang pananaw tungkol sa <i>afterlife</i>?</p> <p>2) Iugnay ang talakayan sa binanggit na salawikain ni Delos Reyes, "Dalawa lang ang maasahan sa buhay, kamatayan at buwis." Kung lahat ng tao ay namamatay, para saan pa tayo nabubuhay? Kung matatapos din ang lahat ng bagay, mayroon pa bang mahalaga? Maging maingat sa talakayang ito. Ang punto ay maiusal ng mga estudyante ang kanilang iba't ibang pananaw at opinyon, at hindi ang maging <i>morbid</i>.</p> <p>3) Itanong sa mga estudyante, gugsutuhin ba nilang maging imortal? Bakit hindi? Anong uri ng imortal ang gusto nilang maging? Bampira kaya, o <i>mummy</i>? Banggitin sa kanila ang serye ng pelikula at palabas sa telebisyon na Highlander.</p> <p>4) Bilang huling gawain, magpasulat sa mga estudyante ng 1000-salita na pinamagatang "Diary ng Imortal." Papiliin sila ng <i>random</i> na petsa, halimbawa Hunyo 11, 1653, at bilang isang imortal, ipasulat ang mga "alaala" nito tungkol sa araw na iyon.</p>

I. Tuklasin

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>1) Susunod na tatalakayin sa klase ang "May Okey pa ba sa Filipino?" ni Edgar Samar. Bilang takdang-aralin, papuntahin ang mga estudyante sa iba't ibang <i>blog</i> ni Samar, kasama na rito ang edgarsamar.com, atisan.blogspot.com, atisan.wordpress.com.</p> <p>2) Ipasaliksik sa mga estudyante ang buhay at mga gawa ng mga manunulat na binanggit ni Samar sa kanyang sanaysay, kasama na rito sina Sigmund Freud, Rainer Maria Rilke, Rosario Cruz Lucero, Tony Perez, Michael Coroza, Rolando Tinio.</p>		

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>Ano-ano ang mga sentral na ideya ng mga intelektwal na binanggit ni Samar? Ano-ano ang kanilang kinabibilangan na tradisyon? Ano-ano ang pananaw nila sa wika, kultura, at bayan?</p> <p>3) Binanggit ni Samar ang sikat na linya mula sa tula ni Rilke: "You must change your life" o sa orihinal na Aleman: "Du mußt dein Leben ändern" (bigkas: du must dayn leyben eyndern). Ipasalin ito sa Filipino sa mga estudyante. Iugnay ito sa sikat na linya mula sa <i>John en Marsha</i>: "Kaya ikaw John, magsumikap ka!" Magsimula ng talakayan sa klase: ano ang dapat nilang baguhin sa kanilang buhay? Ano ang mga bagay na dapat nilang mas pagsumikapan?</p>		

II. Linangin

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
	<p>1) Iugnay ang lahat ng diskusyon sa mga nakaraang aralin sa isang punto, na maaaring gamitin ang Filipino sa pagtalakay ng iba't ibang paksa, pilosopikal man o siyentipiko, tungkol man sa pag-ibig o tungkol sa pag-unlad ng bayan. Gabayan ang mga estudyante tungo sa realisasyon: intelektwal na wika ang Filipino, at hindi ito dapat isinasantabi, binabalewala, at mas lalong hindi dapat binubura sa paaralan. Sa anong paraan ipinagtanggol at pinayaman ni Samar ang kabatirang ito?</p> <p>2) Ipinakita ni Samar ang kanyang pagmamahal sa Filipino sa kanyang paggagalugad sa mga salitang "pangawan" at "lawan." Bilang takdang-aralin, pagsaliksikin ang mga estudyante tungkol sa mga salitang madalang nilang gamitin, o di kaya'y iyong mga salita na sa tingin nila ay dapat pumasok sa pang-araw-araw na pananalita ng mga Filipino (maaari itong lumang Tagalog, o di kaya naman ay mula sa mga rehiyunal na wika ng ating bansa). Magpasagawa ng <i>seat work</i> sa klase: magpapalitan ang mga estudyante ng salita, at kailangang magsulat ng sampung pangungusap ang bawat isa na ginagamit ang salita ng kanyang partner. Ipabasa nang malakas ang mga pangungusa pa na ito sa harap ng klase.</p>	

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
	<p>3) Kataka-takang "Filipinas" imbes na "Pilipinas" ang ginagamit na salita ni Samar sa pagtukoy sa ating bansa. Bilang takdang-aralin, ipasaliksik sa mga estudyante ang pananaw ni Samar, kasama na rin ng mga sikat na makata tulad ni Rebecca Anonuevo at Pambansang Alagad ng Sining na si Virgilio Almario sa salitang ito. Magpasinaya ng debate sa klase: Filipinas ba o Pilipinas ang dapat nating itawag sa ating bansa?</p>	

III. Pagnilayan at Unawain

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
	<p>1) Ginamit ni Samar ang salitang "okey" sa kanyang sanaysay, at binanggit din ang "lobat." Ipalista sa mga estudyante ang iba't ibang salitang banyaga na binabaybay sa Filipino (kung walang maisip ang mga estudyante, ibigay halimbawa ang "gera," "titser," "unyon," "kudeta"). Alin pang mga salita ang sa tingin nila'y dapat baybayin natin ayon sa paraang ito? Ipaalalang isa itong <i>thought experiment</i> at hindi sila dapat bigla na lamang magbibigay ng sanaysay sa iba nilang klase na biglang gumagamit ng salitang "suicide bomber" bilang "suwisayad bamer."</p> <p>3) Bilang takdang-aralin, ipasaliksik sa mga estudyante ang iba pang salita ng taon bukod sa "lobat." Magkakaroon ng maikling kumperensya sa klase, kung saan bawat estudyante ang magpepresenta ng 500-salitang talumpati tungkol sa napili nilang salita ng taon. Ibigay bilang suhestyon ang "pabebe" at "pamore." Magkakaroon ng botohan sa klase kung aling salita ang tunay na salita ng taon. Bigyan ng dagdag na puntos sa <i>quiz</i> ang estudyanteng nagwagi.</p>	

IV. Ilapat

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
		1) Bilang huling gawain, pagsaliksikin ang mga estudyante sa kahit anong paksa na gusto nila. Maaari itong <i>aliens</i> o di kaya'y tungkol sa pagbuo ng Dyson Sphere, o di kaya'y ang kasaysayan ng DNA. Ang tanging kondisyon, dapat nakasulat ang kanilang papel sa Filipino. Ipaalala na dapat silang gumamit ng tamang <i>citation</i> . Ipabasa sa harap ng klase ang papel na ito, nang sa gayon ay maibahagi sa kapwa estudyante ang karunugang nakalap.

I. Tuklasin

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>1) Huling tatalakayin ang "Mga Selyo at Libro" ni Eugene Evasco. Sikat si Evasco bilang makata at manunulat ng panitikang pambata. Bilang takdang-aralin, ipasaliksik sa mga estudyante ang mga kwentong pambata ni Evasco. Ang ilan sa kanyang mga gawa ay matatagpuan sa <i>website</i> ng Don Carlos Palanca Memorial Awards for Literature. Bahagi si Evasco ng <i>Hall of Fame</i> ng naturang patimpalak.</p> <p>2) <i>Hobby</i> ni Evasco ang pangongolekta ng selyo. Ipabahagi sa mga estudyante ang kani-kanilang sariling <i>hobbies</i>. Ano-ano ang kanilang kinokolekta? Sakaling wala silang kinokolekta, ano na lang ang kanilang ginagawa para maglibang at magpalipas ng oras? Ipapaliwanag kung bakit iyon ang kanilang naging <i>hobby</i>.</p> <p>3) Bilang takdang-aralin, pagpartnerin ang mga estudyante ng tigdadalawa. Sila na ngayon ang magpenpal. Kailangan nilang sumulat sa isa't isa ng kahit isang beses man lang. Kailangan nilang ihulog ito sa <i>post office</i> at gumamit ng selyo imbes na <i>metered mail</i>.</p> <p>4) Bilang takdang-aralin, ipasubok sa mga estudyante kung makakapagdala sila ng selyo sa klase gamit ang metodo ni Evasco. Ipababad sa tubig ang wala nang lamang <i>letter envelope</i> at ipabilad ang selyong natanggal. Ipapaliwanag sa mga estudyante ang disenyo ng kani-kanilang selyo.</p>		

II. Linangin

Pamantayang Pagnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
	<p>1) Malimit na iugnay ni Evasco ang kamatayan ng kanyang <i>hobby</i> sa pag-usbong at pagkalat ng komunikasyong elektroniko, tulad ng <i>email</i> at <i>text messaging</i>. Ipalista sa mga estudyante ang iba pang bagay na naging <i>obsolete</i> na dahil sa pagtindi ng antas ng teknolohiya. Ano naman ang pumalit sa mga bagay na ito? Ibigay na halimbawa ang karitela, na pinalitan ng jeep at kotse.</p> <p>2) Gamit ang kanilang imahinasyon, ipalista sa mga estudyante ang sa tingin nila ay magiging <i>obsolete</i> sa kinabukasan? Ibigay na halimbawa ang jeep at kotse mismo, na hindi na gagamitin sakaling makaimbento ng <i>teleportation</i>. Bigyang-diin na sa ehersisyong ito, hindi mahalaga kung realistiko ang teknolohiya. Ang mahalaga ay ang pagpapalawig ng isip.</p> <p>3) Bilang takdang-aralin, ipasaliksik sa mga estudyante ang mga binanggit ni Evasco na paborito niuyang manunulat, sina E. B. White, Maurice Sendak, at Lio Lionni. Sino-sino ang mga ito? Ano ang kanilang mga akda? Kailangang makapag-ulat ang bawat estudyante tungkol sa isang Filipinong manunulat ng pambatang panitikan. Ipahanap sa kanila ang mga <i>website</i> ng Adarna at Lampara, parehong <i>publisher</i> ng mga aklat pambata, at ang <i>website</i> ng Don Carlos Palanca Memorial Awards for Literature, na may seksyon para sa tulang pambata at kwentong pambata na libheng mababasa ng mga estudyante.</p> <p>4) Bagaman napakaimportante ng panitikang pambata, mas inuna pa rin sa Pilipinas ang mga gawa at kulturang banyaga. Gabayan ang mga estudyante sa pagtalakay ng mga implikasyon ng sitwasyon kung saan bata pa lamang ay puro na pangdayuhang kultura ang naeengkwentro ng mga Filipino. Iugnay ito sa tinatawag na "<i>colonial mentality</i>."</p>	

III. Pagnilayan at Unawain

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
	<p>1) Pagsaliksikin ang mga estudyante tungkol sa mga kwentong bayan ng Pilipinas. Ibigay na halimbawa ang mga kwento ng matsing na sikat na sikat kahit saan mang parte ng bansa.</p> <p>2) Bilang takdang-aralin, pagsulatin ng maikling-maikling kuwentong pambata ang mga estudyante batay sa kuwentong bayan na kanilang nasaliksik. Pagkatapos, ipabasa ito nang malakas sa harap ng klase.</p>	

IV. Ilapat

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
		<p>1) Bilang huling proyekto, pagbotohan para pumili ng isang akda na itatanghal ng mga estudyante bilang dula. Ang mga estudyante ang magiging direktor, aktor, manunulat ng magiging resulatang dulang pambata.</p> <p>2) Ibigay ang post-test.</p>

KABANATA 5:

SINING BISWAL, POPULAR NA LITERATURA

Matagal nang tinutuligsa, tinatawag na walang kwenta, o di kaya'y nakakapinsala sa utak ng mambabasa, kinikilala na ngayon ang komiks bilang mahalagang daluyan ng karunungan at katotohanan.

ARALIN 18: Kiko Machine At Pugad Baboy

Linggo 18

Deskripsyon

Pag-aaralan sa linggong ito ang Kiko Machine ni Manix Abrera, anak ng sikat na komikerong si Jess Abrera. Kadalasang tinatalakay ni Abrera ang mga isyung panlipunan, gamit ang lente ng mga kabataan. Pag-aaralan din ang Pugad Baboy ni Pol Medina Jr.

I. Tuklasin

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>1) Uunahing talakayin ang seryeng "Mga Kwentong Kababalaghan." Simulan ang diskusyon sa pamamagitan ng paghingi sa mga estudyante ng kani-kanilang mga kuwento tungkol sa mga multo, kapre, dwende, at iba pang kathang isip.</p> <p>2) Bilang takdang-aralin, magpasaliksik sa mga estudyante tungkol sa mga <i>supernatural</i> na nilalang sa Pilipinas. Ipagbawal ang paggamit ng mga gasgas na tulad ng aswang at tyanak. Kailangang magbigay ng <i>minimum</i> na tatlong talatang paglalarawan, at sariling guhit ng halimaw.</p> <p>3) Magpasinaya ng kontest sa klase, kung saan huhusgahan ng mga estudyante kung aling nilalang ang pinakanakakatakot. Ilagay sa gitna ng <i>blackboard</i> ang nanalong halimaw. Maaari itong pangalanan, at tawaging "<i>class mascot</i>." Bigyang-diin sa klase, kathang-isip lamang ang mga <i>supernatural</i> na nilalang, at hindi dapat katakutan.</p>		<p>1) Ibigay ang pre-test.</p>

II. Linangin

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
	<p>1) Mayaman ang kulturang Filipino sa mga kwentong kababalaghan. Magpasinaya ng imbestigasyon sa klase: kung wala namang talagang multo, halimbawa, bakit napakaraming kwento tungkol sa multo? Gayundin sa iba pang mga halimaw. Ano ang kultural na kahulugan ng mga nilalang na ito? Ano ang ibig sabihin pag namamayani ang ganitong mga paniniwala sa isang bayan? Mabuti ba o hindi na mayroong ganitong mga bagay na kinakatakutan?</p> <p>2) Paano naman ang mga halimaw sa ibang bansa at kultura, halimbawa ang mga dragon, o di kaya'y <i>leprechaun</i>?</p>	

III. Pagnilayan at Unawain

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
	<p>1) Maingat na gabayan ang mga estudyante sa diskusyon ng iba't iba nilang kinakatakutan, bukod sa mga halimaw. Talakayin ang iba't ibang <i>phobia</i>, halimbawa ang takot sa mga gagamba, o di kaya'y ang <i>fear of heights</i>. Iugnay ang mga <i>phobia</i> na ito sa biyolohikal na katangian ng katawan ng mga tao. Magsimula ng maikling diskusyon tungkol sa ebolusyon. Halimbawa, baka takot ang mga tao sa ahas kasi ang mga primitibong tao'y kailangang matuto na mapanganib ang mga makamandag na hayop.</p> <p>2) Talakayin din ang mga "nakakatuwang" takot. Halimbawa, mararaming taong takot na magsalita sa harap ng maraming tao. Mayroon namang mga tao na takot lumabas ng bahay, ang tawag sa kanila ay <i>agoraphobic</i>.</p> <p>3) Bilang takdang-aralin, magpasaliksik sa mga estudyante sa mga tinatawag na "<i>urban legend</i>," gayundin sa mga "kwentong kutsero." Ang mga oral na salaysay na ito'y hindi na tungkol sa mga halimaw, at minsan nga'y hindi na nakakatakot. Imbes, ito ang mga kwentong ipinapasa-pasa nang paulit-ulit sa isang bayan hanggang sa magkaroon na ng estado ng "katotohanan." Bigyang-diin, laging nangyari ang mga ito sa "kakilala ko" o sa "pinsan ng pinsan ko," hindi kailanman sa taong</p>	

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
	<p>mismong nagkukwento. Ipasalaysay sa mga estudyante ang kanilang nakalap na kathang-isip.</p> <p>4) Magpasinaya ng maikling diskusyon: bakit may ganitong mga klase ng kwento? Bakit isang uri ng kwento ang nagiging uso at sikat, at hindi ang ibang uri? Ano ang sinasabi nito tungkol sa lipunang Filipino?</p>	

IV. Ilapat

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
		<p>1) Bilang takdang-aralin, pagsulatin ang mga estudyante ng maikling sanaysay na naglalarawan ng isang halimaw o iba pang <i>supernatural</i> na nilalang. Maaari din namang kwentong kutsero ang kanyang gawin. Ang mahalaga ay ang pag-unawa ng estudyante sa konsepto ng likhang-isip at kung paano itong nakapapasok sa kamalayan ng partikular na lipunan o komunidad. Kailangang iulat ng estudyante kung pinaniwalaan siya o hindi ng kanyang "biktima." Ipaulat din ang kwento sa harap ng klase. Magkakaroon ng botohan, sino ang may pinaka kapanipaniwalang kwento? Itabi ang papel nito sa papel ng nanalo sa pinakamahusay na saliksik tungkol sa <i>supernatural</i> na nilalang.</p> <p>2) Bilang huling ehersisyo, ipasagot sa klase: paano magbabago ang buhay mo kung wala kang kinakatakutan?</p>

I. Tuklasin

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>1) Sunod na talakayin ang seryeng "Mga Tagpong Pa-Deep Kuno." Itanong sa mga estudyante, ano ang ibig sabihin ng "kuno"? Magpalista ng mga salita at parilala sa pisara ng mga itinuturing nilang mabuti o importanteng katingan, pagkatapos ay isa-isa itong dagdagan ng "kuno." Halimbawa, "mabuting ama kuno," at "yayaman ang lahat kuno." Iugnay ang "kuno" sa mga katulad na salita, tulad ng "daw" at "pseudo." Itanong sa mga estudyante, bakit gumagamit ng mga salitang ganito samantalagang pwede namang diretsuhin. Bakit mas mabuting sabihing "pa-deep kuno" imbes na "mababaw"?</p>		

II. Linangin

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
	<p>1) Ipasaliksik sa mga estudyante ang kasaysayan ng "zero." Itanong sa kanila: bakit kailangan pang matuklasan ang "zero," hindi ba <i>obvious</i> na may bilang na "wala"?</p> <p>Sa puntong ito ay maaaring pumasok sa pilosopikal na diskusyon. Bigyang-diin na hindi kinakailangan ng pinal na sagot sa diskusyong ito, ang mas mahalaga ay ang ehersisyo sa kritikal na pag-iisip. Meron nga bang wala? Paano mo bibilangin ang wala? Kung walang laman ang aparador, meron ba itong walang laman? Ikumpara ang pahayag na ito sa "Merong isang laman ang aparador." Kung magkaibang bagay ang "may isang laman" at "may walang laman," ibig sabihin ba nito'y hindi bilang o numero ang wala/zero, hindi tulad ng isa?</p> <p>Iपालiwanag sa mga estudyante ang ibig sabihin nila sa salitang "wala." Iugnay ito sa "wala na," kung saan ipinapalagay na mayroon sa nakaraan, pero sa kasalukuyan ay wala na.</p> <p>2) Subukang ipalutas ang bugtong na ito sa mga estudyante: "Ano itong pag nilagay mo sa dram ay nagpapapababa ng bigat nito?" (Ang sagot ay butas.)</p>	

III. Pagnilayan at Unawain

Pamantayang Pagnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
	<p>1) Ipasaliksik sa mga estudyante ang mga ideya sa likod ng tinutukoy ni Abrera na "zen." Ano ang zen? Ano ang "Budismong Mahayana"? Iugnay ito sa "Taismo" o "Daismo." Ipasaliksik din sa mga estudyante ang buhay ni Siddharta Gautama, at ang buhay at kalikakasan ng tinatawag nilang "Buddha."</p> <p>2) Ipakwento sa mga estudyante ang kanilang naranasan sa <i>quiz</i> o sa eksamen na zero ang kanilang naging <i>score</i>.</p> <p>3) Magpasinaya ng isang diskusyon. Ano ang ibig sabihin pag walang tamang naisagot sa pagsusulit ang isang estudyante? Bukod sa hindi pag-aaral, ano pa kaya ang pwedeng maging naging sanhi nito? (Ibigay na halimbawa ang pagiging gutom dahil walang agahan.)</p>	

IV. Ilapat

Pamantayang Pagnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
		<p>1) Magpalista sa mga estudyante ng mga bagay na sa kanilang opinyon ay wala naman sa mundo. Halimbawa, "wala namang multo," o di kaya'y "walang <i>forever</i>." Isulat sa pisara ang listahan na hindi bababa sa sampung "wala," at kailangang maipaliwanag ng estudyante kung bakit iyon ang kanyan paniniwala.</p>

I. Tuklasin

Pamantayang Pagnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>1) Tatalakayin ang serye ng komiks ni Pol Medina na "Load." Bilang panimulang takdang-aralin, ipasaliksik sa mga estudyante ang kotrobersiya sa pag-alis ni Medina sa <i>Philippine Daily Inquirer</i>. Gayundin, papuntahin sila sa <i>website</i> na <i>rapppler.ph</i> para maghanap ng ilan sa isyu ng <i>Pugad Baboy</i> ni Medina.</p> <p>2) Magsimula ng talakayan sa klase tungkol sa <i>cellphone</i>. Sino sa kanila ang may <i>cellphone</i>? Sino ang wala? Bakit sila wala pang <i>cellphone</i>? Ilang taon</p>		

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>sila nang unang nakagamit ng <i>cellphone</i>? Kung naaalala ng guro, ikwento ang mga taon kung kailan wala pang <i>cellphone</i> sa Pilipinas, at kakaunti lang nga ang mayroong <i>landline</i>. Kung hindi na maaalala ng guro ang panahong ito, kailangang magpanayam ang mga estudyante sa mga magulang o kapit-bahay na nakakaalam pa ng tungkol sa estado ng komunikasyon sa Pilipinas noong 1990 pababa.</p>		

II. Linangin

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
	<p>1) Magsimula ng diskusyon sa klase: kanino galing ang <i>load</i> nila? Katulad ba sila ng mga tauhan sa <i>Pugad Baboy</i> na kumukuha lang mula sa padre de pamilya? O ginagamit nila ang baon nila para lang makapag-<i>text</i>?</p> <p>2) Mula rito'y talakayin ang dominasyon ng <i>text messaging</i> sa bansa. Banggitin halimbawa ang estado ng Pilipinas bilang "<i>texting capital of the world</i>." Bakit puro <i>text</i> imbes na tawag ang mga Filipino? Iugnay ito sa penomena ng "miskol."</p>	

III. Pagnilayan at Unawain

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
	<p>1) Bilang takdang-aralin, ipasaliksik sa mga estudyante ang estado ng <i>Communication and Information Industry</i> sa Pilipinas. Maunlad ba ito o hindi? Ano ang ibig sabihin pag mahina ang industriya ng komunikasyon sa isang bansa? Ano-ano ang magiging dulot nito sa buhay ng henerasyon ngayon, at sa hinaharap?</p> <p>2) Bakit mayroong "pasaload"? Bakit may bayad ang <i>text messaging</i>? Sa ehersisyong ito, mas importante kaysa sagot ang maitanong mga bagay na sa unang tingin ay parang may sagot na. Bigyang-diin sa mga estudyante ang halaga ng pagkwestyon sa <i>common sense</i>. Halimbawa, may mabuti bang maidudulot kung walang bayad ang <i>text messaging</i>? Ipaalala sa kanila ang mga taong 1999 hanggang 2004, kung kailangan walang <i>unlimited calls</i>.</p>	

IV. Ilapat

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
		1) Bilang huling gawain, magpagawa sa mga estudyante ng maikling sanaysay tungkol sa pinakamalalim na paksa na kanilang naiisip (halimbawa, gera, kahirapan, ibig sabihin ng buhay). Kailangang magkasya ito sa isang <i>text message</i> lamang. Bawal lumampas sa piso!

I. Tuklasin

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>1) Talakayin ang seryeng "Shopping" sa <i>Pugad Baboy</i>. Simulan ang diskusyon sa pamamagitan ng paglalaro ng mga salita. May dala-dalang bola, ipasa ito sa isang estudyante na kailangang sa loob ng limang segundo'y sabihin ang unang pumasok sa isip niya na may kaugnayan sa salitang "<i>shopping</i>." Saka lamang niya maaaring ipasa ang bola. Pagkatapos magbigay ang bawat estudyante ng tig-isang salita, papiliin sila sa mga nailistang salita kung alin ang pinakamalapit sa isyu ng "<i>shopping</i>" sa mga naisulat.</p> <p>2) Ipalarawan sa mga estudyante ang kahit anong bagay na gugustuhin nilang bilhin ahora mismo kung may pera lang sila. Ipapaliwanag: bakit ang bagay na ito ang kanilang bibilhin?</p>		

II. Linangin

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
	<p>1) Ipakwento sa mga estudyante ang karanasan nila sa <i>sale</i>. Meron ba silang nabili na tunay na mura pero hindi pa sira? Sa tingin ba nila'y panloloko lamang ang <i>sale</i>? Bakit nahuhumaling ang mga Filipino sa <i>sale</i>, gayundin sa mga tindahan na tinatawag nating "ukay-ukay"?</p> <p>2) Maaaring ipasaliksik sa mga estudyante ang penomena ng "Black Friday" sa Estados Unidos, kung saan nagkakaroon ng tapakan, tulakan, at bugbugan para lang makabili nang mura ang mga taga-Hilagang Amerika.</p>	

III. Pagnilayan at Unawain

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
	1) Nakatago ang malaking bahagi ng listahan ni Mang Dagul ng " <i>pro</i> " at " <i>con</i> " tungkol sa regular na pamimili at pamimili sa <i>sale</i> . Ipakumpleto ito sa mga estudyante sa pisara.	

IV. Ilapat

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
		<p>1) Bilang isang buwang ehersisyo, pagawin ang mga estudyante ng "<i>gastos journal</i>." Dito, ililista nila ang mga bagay na kanilang binili na hindi naman talaga nila kailangan. Bigyang-diin, syempre na may mga bagay na kailangan ang isang tao para mabuhay, halimbawa, pagkain. Pero kahit sa inumin, merong esensyal (tubig) at mayroong labis-labis (<i>softdrinks</i>). Sa dulo ng buwan, ipakwenta sa kanila ang perang nagastos nila sa mga bagay na hindi nila kailangan. Ipaliwanag sa ehersisyong ito ang halaga ng pagtitipid, gayundin ng pag-iwas sa paggastos, lalo na ng mga kapos sa pera!</p> <p>2) Ibigay ang post-test.</p>

KABANATA 6:

DISENYO

Ang disenyo ay maaaring patungkol sa isang guhit o plano na naglalarawan sa magiging hitsura ng isang bagay. Ang bagay na ito ay maaaring gusali, damit, makina, at iba pa. Sa kabanatang ito, ang disenyo ay nilimita sa tatlong paksa: arkitektura, espasyo, at transportasyon.

Magkakaugnay ang tatlong ito, at may tendensiya pa ngang magpatong-patong. Halimbawa, ang arkitektura ay hindi lamang patungkol sa pagdidisenyo ng mga gusali. Kasama sa pagdidisenyong ito ang manipulasyon ng espasyo. Ibig sabihin, gaano kalaking espasyo ang ilalaan para sa isang bahagi ng gusali, ano ang disenyong gagamitin para maging mas epektibo ang paggamit sa isang partikular na espasyo. Pero sa kabanatang ito, ang napiling sanaysay, ang “Nasyonalismo at Arkitekturang Filipino” ni Edson Cabalfin ay mas teoretikal ang lapit. Ibig sabihin, mas pinoproblema nito ang arkitektura bilang partikular na disiplina na maaaring kumatawan sa identidad ng Filipino.

Transportasyon naman ang paksa ng “Ang Pagsakay nina Juan Masolong at Flor Contemplacion sa MRT: Ang Diskurso ng Paglalakbay sa Panahon ng Kolonyalismo at Globalisasyon” ni Galileo Zafra. Interdisiplinaryo rin ang lapit ng sanaysay na ito, na mas malapit naman sa tinatawag na *cultural studies*. Pinagtabi-tabi at sinuri ni Zafra ang mga teksto na sa unang sipat ay tila walang kaugnayan---ang salaysay ni Juan Masolong, ang buhay ni Flor Contemplacion, at ang akto ng paglalakbay sa MRT---at sa gayon ay napalitaw na ang paglalakbay ay isang importanteng trope (umuulit-ulit na imahen) sa pag-unawa sa ating kultura.

Ang mga sanaysay sa kabanatang ito ang pinakamahahaba at pinakateoretikal. Maaaring mahirapan ang mga estudyante (at maging ang guro) sa inisyal na pagbasa sa mga ito, pero kailangang tandaan na ang mga kaalaman sa mga akdang ito ay hindi lamang dapat nalilimita sa mga iskolar, at sa mga guro. Maaaring makita sa mga sanaysay na ito ang kritikal na tugon ng ating mga iskolar sa larangan ng kultura. Mailalapit ito sa karanasan ng mga estudyante bilang isang akto ng depamilyarisasyon: ang arkitektura, ang MRT ay lagi nilang nakakaengkuwentro, pero malamang ay hindi pa nasisipat sa kritikal na paraan.

Natutuhog ng mga sanaysay ang mga katangian na inaasahan nating taglayin ng mga estudyante sa kanilang pagtatapos: mayroong paggalang sa kasaysayan, may perspektibang historikal, hindi mabilis nakalilimot, at mayroong tapang at kakayahan na harapin ang iba't ibang disiplina. Dahil ang tunguhin naman talaga ng makabagong edukasyon ay maging mas malawak, at maaari itong makamit sa pamamagitan ng lapit na interdisiplinaryo, at kung kakayanin pa nga, ay transdisiplinaryo. Ang ibig sabihin ng interdisiplinaryo ay paggamit ng dalawa o higit pang disiplina upang suriin ang isang obheto ng pag-aaral. Ang transdisiplinaryo naman ay ang paglikha ng mga bagong metodo ng pag-aaral.

Mapanghamon ang mga sanaysay na nasa kabanatang ito, at hindi dapat palampasin ng mga guro at mag-aaral ang pagkakataon na harapin ang mga ito. Tunay na hindi maibibigay lahat ng gabay sa mga susunod na pahina ang kinakailangang paghahanda, pero alin bang gabay ang kumpleto? Ang gabay ay gabay lamang. Hindi ito ang nagtataglay ng lahat ng kasagutan.

ARALIN 19: Nasyonalismo at Arkitekturang Filipino

Linggo 19

Deskripsiyon

Tinatalakay ng sanaysay ni Edson Cabalfin na “Nasyonalismo at Arkitekturang Filipino” ang ugnayan ng pagka-Filipino at ng arkitektura.

I. Tuklasin

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>1) Magsimula sa paglilinaw ng depinisyon ng dalawang susing salita sa sanaysay ni Cabalfin. Maaaring gamitin ang mga paliwanag sa ibaba.</p> <p>a) Ang simpleng pagpapakahulugan ng nasyonalismo ay ang pagkakaroon ng masidhing damdaming patriyotiko. Maaari din itong bigyang kahulugan bilang pagkakaroon ng identipikasyon sa isang bansa, kabilang ang iba't ibang simbolonog may kinalaman sa kultura nito.</p> <p>b) Ang arkitektura naman ay maaaring bigyang kahulugan bilang sining ng pagdidisenyo ng mga gusali.</p> <p>2) Mahalaga ang dalawang konsepto na ito dahil pinagsasanib sila ni Cabalfin sa kanyang sanaysay. Pinoproblesma niya kung mayroon nga bang “arkitekturang Filipino.”</p> <p>3) Ano nga ba ang arkitekturang Filipino? Kung pagbabatayan ang mga depinisyon sa itaas, maaaring sabihin na ito ay</p>	<p>1) Ipaliwanag sa mga mag-aaral kung paanong tinalakay ni Cabalfin ang pagkakaugnay ng arkitektura at nasyonalismo. Maaaring gamitin ang mga pahayag sa ibaba.</p> <p>a) Sa “Problematisasyon ng Nasyonalismo,” tinukoy ni Cabalfin ang kasaysayan ng konsepto ng nasyonalismo. Ang tawag dito ay historisasyon. Mahalaga na maghistorisa dahil lumilitaw na ang mga konsepto ay produkto ng kasaysayan. Ibig sabihin, produkto ng samu't saring puwersa na nagtutunggalian. Hindi ito isang eternal na bagay na basta na lamang lumitaw. Maaari pa itong baguhin, na kailangang gawin, lalo na kung para sa ikabubuti ng kasalukuyan at susunod na henerasyon.</p> <p>b) Sa paghistorisa niya sa konsepto ng nasyonalismo, sa pamamagitan ng pagsipi kay Roxas-Tope, napalitaw ni Cabalfin na magkaiba ang naging pag-unlad nito sa mga bansa sa Kanluran at mga bansa sa Asya. “Kontrakolonyal” daw ang uri ng nasyonalismo na nabuo sa Asya. Naging kontrakolonyal, dahil sinakop ang karamihan ng mga bansang Asyano. Kaya ang pagkilala nila sa kanilang bansa, ang pagbibigay nila ng kahulugan sa kanilang bayan, ay nakakontra sa</p>	<p>1) Ibigay ang pre-test.</p>

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
patungkol sa “uri ng disenyo na kumakatawan sa kultura at tradisyon ng Pilipinas.”	<p>kung ano ang taglay ng kalaban, ang bansa ng mananakop.</p> <p>c) Ngayon, madalas, ang pagtingin natin sa nasyonalismo ay positibo. Mabuti ito, dahil ito ay patunay ng pagmamahal sa bayan. Tama naman ito, pero hindi rin nangangahulugan na puro kabutihan ang dulot ng nasyonalismo. May “masama” rin itong katangian, ani Cabalfin. Sinipi niya si Gellner, at napalitaw na ang nasyonalismo ay bunga rin ng tunggalian ng dalawang kultura sa loob ng isang bansa. Ito raw ay nakabatay sa tunggalian ng “mataas” na kultura (mula sa mayamaman) at “mababang” kultura (mula sa mahihirap). Ang mataas na kultura ang siyang nagbibigay ng imposisyon na marapat na mayroong isang pambansang kultura, at ang kulturang ito, madalas kaysa hindi, ay mas nakakiling sa mayayaman. Naisasantabi ang kultura na mababa, iyong kultura ng mahihirap.</p>	

II. Linangin

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>1) Ang sanaysay ni Cabalfin ay teoretikal. Ibig sabihin, nagdidiskurso ito tungkol sa arkitektura at nasyonalismo, at nagtatangka na unawain ang mga konseptong ito gamit ang isang teoretikal na batayan. Ang teoryang ginamit niya upang talakayin ang usapin ng “arkitekturang Filipino” ay ang postkolonyalismo.</p> <p>2) Ang postkolonyalismo ay</p>	<p>1) Pagkatapos ng talakay sa itaas tungkol sa kabutihan at panganib ng nasyonalismo, maaaring itanong ngayon: ano ang silbi ng pagsasabi ng masamang epekto ng nasyonalismo? Ang ibig bang sabihin nito ay huwag na lamang itong pagkaabalahan dahil nakakasama pala, at kahit hindi malay, ay isa palang pagkiling sa kultura ng mataas sa lipunan?</p> <p>2) Maaaring sabihin sa mga mag-aaral na dito pumapasok ang halaga ng</p>	<p>1) Tukuyin ang mga manipestasyon ng impluwensiyang banyaga sa ating kultura.</p>

<p>isang akademikong disiplina. Isa itong reaksiyon ng mga akademiko mula sa mga bansang sinakop ng mga bansa mula sa Kanluran. Ang isa kasi sa mga epekto ng pananakop o kolonisasyon ng Kanluran ay ang pagkiling ng mga bagay-bagay sa mananakop. Nariyan halimbawa ang pagpapahalaga sa mga karunungan na mula sa Kanluran. Bagaman tapos na ang mismong panahon ng pananakop, nananatiling nakikipagbuno ang mga sinakop sa epekto ng pananakop. Sa kaso ng Pilipinas, maaaring isipin ito sa patuloy na pagiging laganap ng “colonial mentality.”</p> <p>Pinapahalagahan pa rin natin ang mga bagay na mula sa Amerika, ang isa mga bansang sumakop sa atin. Nangyayari ito, kahit na matagal na tayong lumaya at nagsarili bilang isang bansa.</p>	<p>talakay ni Cabalfin tungkol sa konsepto ng postkolonyalismo. Sinipi niya ang depinisyon mula kay Loomba: “ang salitang postcolonial ay makikita sa dalawang aspekto: una, ang post- ay nagbabadya ng kapanahunang matapos ang kolonyal na karanasan; ikalawa, ang post- sa salita ay tumutukoy rin sa pag-alpas sa usaping kolonyal.”</p> <p>b) Konektado ang bahaging ito sa naunang paghihistorisa ni Cabalfin sa nasyonalismo. Dahil una, ang uri ng nasyonalismo na mayroon tayo, bilang isang dating sinakop na bansa ay “kontrakolonyal” din. Pero dahil tapos na nga ang panahon ng pananakop, ang mas angkop na termino ay “postkolonyal.”</p> <p>c) Ang pagsasabi na ang isang bansa o kultura ay postkolonyal ay hindi lamang simpleng paglalarawan. Isa rin itong pagkilala sa aktibong relasyon ng kultura ng bansang sinakop na patuloy na sagkain ang impluwensiya mula sa labas. Mahalaga ito, dahil kahit tapos na ang pisikal na pananakop, ang impluwensiya ng Kanluran ay patuloy na umiiral, at maari ding unawain bilang isang paraan ng patuloy na pananakop.</p>	
---	--	--

III. Pagnilayan at Unawain

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>1) Maaaring palawigin ang pagtalakay tungkol sa usapin ng identidad o kaakuhan sa klase. Maaaring tanungin ang mga estudyante kung bakit mahalaga na pag-aralan ang usapin ng identidad? Na ultimo sa mga disenyo lamang ng gusali ay hinahanap pa natin kung ano ang mga katangian nito na</p>	<p>1) Pagkatapos ilatag ang mga ideya at konsepto sa itaas, saka naman inilahad ni Cabalfin ang kanyang kontensiyon tungkol sa usapin ng arkitekturang Filipino.</p> <p>2) Nagsimula muna siya sa usapin ng identidad. Dahil</p>	<p>1) Pagdalhin ang mga mag-aaral ng mga larawan ng mga gusali na sa palagay nila ay halimbawa ng arkitekturang Filipino</p>

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>nagpapatangi rito bilang “Filipino.”</p> <p>Bigyang-diin sa mga mag-aaral na mahalagang paksa ang arkitekturang Filipino dahil usapin din ito ng ating identidad bilang grupo ng mga tao na nakatira sa Pilipinas. Wika nga ni Cabalfin, may “implikasyon [ito] hindi lamang sa kasalukuyang henerasyon ng mga Filipino kundi maging sa susunod na henerasyon.” Ang kakayahan na tukuyin kung mayroon ngang arkitekturang maituturing na Filipino, ay isang paraan ng pagpapapatibay ng ating sariling kultura, na siya namang nagbibigay ng pagkakataon sa atin na unawain at tuklasin ang ating identidad bilang mga Filipino.</p> <p>Dahil kung hindi natin aalamin kung ano ang mga bagay na tumutukoy sa kung sino o ano tayo, kung ano ang itinuturing nating maganda o pangit, katanggap-tanggap o hindi, kahit sa larangan ng arkitektura, para tayong mga halaman na walang ugat. Mahalaga ang pagkilala sa identidad nating bilang mga Filipino, dahil ito ang nagpapalalim ng koneksiyon natin sa ating bansa at kultura. At oo, mahalaga ito kahit sa usapin ng arkitektura.</p>	<p>itong pagkakabit ng “Filipino” sa arkitektura ay isang malinaw na pagpapahayag ng identidad. Ani Cabalfin, delikado ang masyadong pagiging mahigpit sa paghahanap ng identidad. Dahil ito mismong konsepto ng identidad ay maaaring magkahon. Ibig sabihin, dahil masyadong nalilimitahan kung ano ang ipinagpapalagay na identidad, hindi na pumapasok sa konsiderasyon ng naghahanap na baka nagbago na pala ang ilang katangian ng identidad na hinahanap niya.</p> <p>3) Ang kontensiyon ni Cabalfin, hindi madaling malaman kung ano ang sagot sa tanong na “ano ang arkitekturang Filipino.” Pero sinikap niyang ipaliwanag na ang identidad ay dinamiko. Gayundin, hindi maikakaila na naimpluwensiyahan at patuloy tayong naiimpluwensiyahan ng iba pang bansa. Makikita ang mga puntong ito sa kanyang pagtalakay sa konsepto ng hybridity.</p>	

IV. Ilapat

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
1) Maglista ng mga bagay o disenyo na sa maituturing na Filipino.	1) Itanong sa mga mag-aaral kung bakit mahalagang pag-aralan ang arkitektura.	1) Pagawin ng dokumentaryo ang mga mag-aaral tungkol sa mga istruktura sa Pilipinas na ipinagpapalagay nilang may taglay na arkitekturang Filipino.

ARALIN 20: Ang Pagsakay nina Juan Masolong at Flor Contemplacion sa MRT: Ang Diskurso ng Paglalakbay sa Panahon ng Kolonyalismo at Globalisasyon

Linggo 20

Deskripsiyon

Ang sanaysay ni Galileo Zafra na may titulong “Ang Pagsakay nina Juan Masolong at Flor Contemplacion sa MRT: Ang Diskurso ng Paglalakbay sa Panahon ng Kolonyalismo at Globalisasyon” ay maaaring ituring bilang isang halimbawa ng cultural studies.

I. Tuklasin

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>1) Magsimula sa pagbibigay ng depinisyon ng cultural studies. Maaaring gamitin ang paliwanag na nasa ibaba.</p> <p>a) Ang cultural studies, tulad ng urban studies, ay isang interdisiplinaryong larangan ng pananaliksik. Gumagamit din ito ng iba’t ibang disiplina para unawain ang isang napiling obheto ng pag-aaral.</p> <p>b) Mas malawak nga lamang ang saklaw ng cultural studies. Ibig sabihin, hindi lamang ito nalilimita sa pag-aaral sa siyudad at sa buhay ng mga nakatira sa siyudad. Ang mismong obheto ng pag-aaral ng cultural studies ay ang kultura, at kung paanong itong kultura na ito ay nahuhubog ng iba’t ibang puwersa, at gayundin, kung paano nitong naapektuhan ang mga indibidwal, ang lipunan, at ang sala-salabid na relasyong pangkapangyarihan.</p>	<p>1) Ipaliwanag sa mga mag-aaral ang pangkalahatang proyekto ng sanaysay. Maaaring gamitin ang paliwanag sa ibaba.</p> <p>a) Bilang isang halimbawa ng cultural studies, makikita sa sanaysay ni Zafra ang paggamit ng iba’t ibang disiplina. Nariyan ang textual analysis (naratibo ni Juan Masolong), ang film studies (Flor Contemplacion), kasaysayan (Juan Masolong), semiotika at sosyolohiya (ang pagsusuri sa MRT).</p> <p>b) Ang pangunahing layon ng cultural studies ay magbigay ng bagong paraan ng pagsipat sa iba’t ibang proseso na nakakaapekto sa lipunan at kultura. Ang tanong ngayon ay ano ba ng lumilitaw na sinusuri ni Zafra sa kanyang sanaysay? Maaaring matagpuan sa mismong titulo ang sagot: “ang diskurso ng paglalakbay.”</p> <p>b) Ang kumbensiyonal na kahulugan ng diskurso ay anumang pasalita o pabigkas na uri ng pahayag. Ang diskursong tinutukoy ni Zafra sa kanyang sanaysay ay sang-ayon sa depinisyon ni Michel Foucault, isang Pranses na iskolar at pilosopo.</p> <p>c) Ayon kay Foucault, ang diskurso ay patungkol sa iba’t ibang kaalaman,</p>	

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
	<p>gawain, at relasyong pangkapang-yarihan na nakahuhubog sa ating kaalaman. Halimbawa, maaaring sabihin na may sariling diskurso ang simbahan na kaiba sa diskurso ng pamahalaan. Ang diskurso ng simbahan ay nakabatay sa Bibliya, nakabatay sa pagpapahalaga sa konsepto ng kaluluwa, sa pananampalataya sa Diyos, at iba pa. Kaakibat nito ang iba't ibang gawain na may kinalaman sa pananampalataya, katulad ng pagsisimba tuwing Linggo, pangungumpisal sa pari, at iba pa. Ang diskurso ng pamahalaan ay nakabatay naman sa Konstitusyon ng Pilipinas. Ang pinapahalagahan dito ay ang relasyong politikal ng isang tao, partikular ang kaugnayan ng indibidwal na ito sa estado. Kaakibat ng diskurso ng pamahalaan ang pagtayo at panunumpa sa tuwing tumutugtog ang Lupang Hinirang, ang pagbabayad ng tamang buwis, ang pagpapa-register para bumoto, at iba pa.</p> <p>d) Ang lahat ng diskurso ay bunga ng mga relasyong pangkapang-yarihan. Ibig sabihin, may nananaig upang maging matagumpay ang isang diskurso. Ang tagumpay ng diskurso ay nakabatay sa kakayahan nitong magmukhang “normal” at “katanggap-tanggap.” Halimbawa, ang popular na persepsiyon na ang babae ang dapat na tumingin sa bahay, kaysa lalaki, ay patunay ng tagumpay ng diskursong patriyarkal. Bagaman kinuwestiyon na ito ng mga feminista, marami pa rin ang naniniwala na ganito ang nararapat na kaayusan ng mga bagay-bagay. Ang kagyat nang paniniwala at pagsunod sa ganitong kaayusan ng mga relasyong babae at lalaki, ay bunga ng diskurso.</p>	

II. Linangin

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>1) Sa pagtatabi ng magkakaibang teksto, ginamit ni Zafra ang konsepto ng intertextuality. Mahalagang ipaliwanag ang konseptong ito mga mag-aaral. Maaaring gamitin ang paliwanag sa ibaba.</p> <p>a) Ang intertextuality ay kadalasang iniuugnay kay Julia Kristeva, isang Pranses na iskolar at teorista. Siya ang itinuturong unang iskolar na gumamit ng terminong ito.</p> <p>b) Para kay Kristeva, ang bawat isang teksto ay may kaugnayan sa iba pang mga teksto. At ang ugnayan na ito ng mga teksto---ang pagtagos nila sa isa't isa, kaya nga ang panlaping “inter”---ay nakatulong sa kanilang pagkalikha at sa pagbibigay din ng kahulugan sa kanila.</p> <p>c) Ang intertextuality ang maaaring iturong dahilan kung bakit may mga tekstong halos magkakahawig ang kuwento, kung bakit may mga lugar na paulit-ulit na ginagamit sa iba't ibang akdang pampanitikan. Ito rin ang maaaring isiping dahilan sa tuwing naiimpluwensiyahan ang isang bagong akda ng isang lumang akda. Halimbawa, halos lahat ng mga nobelang isinulat ng mga Pilipino ay intertext parati ng Noli Me Tangere at El Filibusterismo. Hindi kasi maiwasan ng mga nobelista natin na maimpluwensiyahan ni Rizal, lalo na kung ang layon nila ay magsulat din tungkol sa bayan.</p>	<p>1) Mahalagang linawin na ang pagturing ni Zafra sa naratibo ni Juan Masolong, ang buhay ni Flor Contemplacion, at ang MRT, ay pawang mga teksto. Mga teksto ang mga ito dahil likha sila ng iba't ibang puwersa at maaari silang ihistorisa. Teksto sila, dahil maaari silang suriin at basahin.</p> <p>2) Ang pagturing sa buhay ni Flor Contemplacion bilang teksto ay hindi pangmamaliit sa buhay ng naturang nasirang OFW. Sa halip, isa itong pagkilala kung paanong ang buhay ng isang simpleng tao ay kumintal sa kamalayan ng maraming Pilipino, sapat upang makaapekto sa kasaysayan ng Pilipinas---dahil tumagos ito sa pambansang balita, internasyonal na balita, at internasyonal na pakikipag- ugnayan ng ating gobyerno sa gobyerno ng Singapore, at maging sa mga gobyerno ng mga bansang madalas na pinupuntahan ng mga Pilipino upang magtrabaho.</p> <p>3) Ang pagturing naman sa MRT bilang teksto ay gumagamit ng semiotika. Semiotika, dahil ito ay pag-aaral ng mga simbolo. Ang MRT ay sinuri ni Zafra bilang isang simbolo, tingnan halimbawa ang siping ito: “Sa simbolikong antas, lumilikha ang kapital ng representasyon na sumasabay sa pamamayani nito, tulad ng paglikha ng kolonyalismong Espanyol ng representasyon ng katatagan at kalakihan ng simbahan.” Ayon kay Zafra, ang pagtatayo ng MRT ay patunay ng kapangyarihan ng kapital (maaaring ipakahulugan bilang pera, bilang negosyo).</p>	<p>1) Hatiin sa dalawang grupo ang klase. Magkaroon ng mock debate tungkol sa usapin ng pagtatrabaho sa ibang bansa. Ang isang panig ay sang-ayon sa pagsuporta ng gobyerno sa pagtatrabaho sa ibang bansa, ang kabilang panig naman ay tutol dito.</p>

III. Pagnilayan at Unawain

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>1) Mahalaga ang konsepto ng trope sa sanaysay ni Zafra. Ang trope ay termino para sa isang imahen/salita/ konsepto na umuulit-ulit sa iba't ibang akda.</p> <p>2) Sa sanaysay ni Zafra, ang tatlong teksto na kanyang tinalakay---ang naratibo ni Juan Masolong, ang buhay ni Flor Contemplacion, at ang MRT---ay pawang may kinalaman lahat sa paglalakbay. Maaaring isipin kung gayon na iminumungkahi ng sanaysay ni Zafra na ang trope ng paglalakbay o isang figura ng manlalakbay ay isang susing imahen at konsepto sa pag-unawa sa ating kultura at kasaysayan. Dahil itong paglalakbay na ito ay konsistent na lumilitaw, ginagawa, at binibigyang representasyon sa ating kultura, mula pa noong Panahon ng Kastila hanggang sa modernong panahon.</p>	<p>1) Pansinin ang taktika ni Zafra sa mga tekstong kanyang tinalakay. Laging isinasangkot ni Zafra ang kasaysayan. Ang naratibo ni Juan Masolong ay isang malinaw na halimbawa ng paghihistorisa ni Zafra sa akto ng paglalakbay. Ginamit niya ang naratibong ito na may kinalaman talaga sa pagtatayo ng bayan ng Lilio, upang suriin ang representasyon ng paglalakbay noong Panahon ng Kastila. Maaari ding makita ang kasaysayan sa pag-unawa sa naging sitwasyon ni Flor Contemplacion. Ani Zafra, “Hindi na bago ang pangingibang- bayan ng mga Filipino para magtrabaho... Kung pagtitiwalaan ang detalyadong pag-aaral ni Carlos Quirino tungkol sa mga unang paglalayag, ang kauna-unahang tao na naglakbay sa buong mundo ay hindi Portuges o Kastila, kundi isang Cebuano, ang alipin ni Magellan na bininyagan niyang Enrique.” Mahalaga ito dahil ipinararating ni Zafra na ang kondisyon ni Contemplacion at ng iba pang mga Pilipino ay bunga ng mga historikal na pangyayari, at hindi lamang bigla-bigla na lamang nangyari. Importante na maunawaan ang pinagmulan ng isang bagay upang makagawa ng tamang aksiyon.</p>	

IV. Ilapat

Pamantayang Pagnilalaman	Pamantayan sa Pagganap	Mga Kasanayang Pampagkatuto
<p>1) Hayaan ang mga estudyante na magbahagi ng kanilang mga karanasan sa pamamasahé.</p>	<p>1) Ipaliwanag sa mga mag-aaral kung bakit mahalagang pag-aralan ang transportasyon, lalo na isang bansa na tulad ng Pilipinas--binubuo ng samu't saring pulo, at isang bansa na napakarami ng moda ng transportasyon: nariyan ang traysikel, kuliglig, motor, bisikleta, jeep, bus, kotse, tren, at iba pa.</p>	<p>1) Pasulatin ang mga estudyante ng sanaysay na reaksiyon sa sanaysay ni Zafra. Para sa mga may kamag-anak na OFW, halimbawa, ano ang kanilang pananaw sa mga sinabi ni Zafra? Maaari silang pumili ng anumang bahagi ng sanaysay na nais nilang bigyan ng reaksiyon.</p> <p>2) Maaari ding ipalabas sa klase ang pelikula tungkol sa buhay ni Flor Contemplacion, saka pasulatin ng reaksiyon ang mag-aaral. Siguruhin na sa pagsulat nila ay bibigyan ng konsiderasyon ang naging talakay ni Zafra tungkol sa nasirang OFW.</p> <p>3) Ibigay ang post-test.</p>

ANEKSO

"TONYO" (Antonio Luna) Rene O. Villanueva

Mga Tala Tungkol sa Dula:

Unang itinanghal ng Tanghalang Pilipino ang “Tonyo, Pepe at Pule” noong 1990. Trilohiya ito ng tatlong dramatikong monologong “Tonyo” ni Rene O. Villanueva, “Pepe” ni Malou L. Jacob at “Pule” ni Paul A. Dumol. Tungkol sa mga bayaning si Heneral Antonio Luna ang “Tonyo”; Dr. Jose P. Rizal ang “Pepe”; at Apolinario Mabini ang “Pule.” Tulad ng “Pepe” at “Pule,” itinanghal ang “Tonyo” sa iba’t ibang panig ng ating bansa. Kalimitan, magkasamang itinatanghal ang tatlong dramatikong monologo bilang triohiya bagamat may mga pagkakataong dalawa lamang sa tatlo ang tambaiang itinatanghal.

Noong 1997, itinanghal ng grupong Open Space Projects ang “Tonyo/Pepe?” nina Rene O. Villanueva at Malou L. Jacob sa Bulwagang Juan Luna ng University of the Philippines, Lungsod ng Baguio. Ginampanan ni Karlo Marko Altomonte ang parehong papel ng mga monologong “Tonyo” at “Pepe.” Si Altomonte rin ang naging artistikong direktor at tagapagdisenyo ng produksyon. Muling itinanghal ng Open Space Projects ang “Tonyo/Pepe” noong mga taong 2002 hanggang 2004 at sa Candon, Ilocos Sur noong 2006. Naitanghal na rin ng Open Spaces Projects ang “Tonyo/Pepe” sa Tayug, Pangasinan.

Kaugnay ng pagdiriwang ng ika-25 anibersaryo ng Tanghalang Pilipino ng CCP; itinanghal noong 2010 sa iba’t ibang lugar sa Pilipinas ang “Tonyo, Pepe at Pule: Three Faces of Heroism,” trilohiya ng mga dramatikong monologong tumatalakay at nagtatanong hinggil sa kabayanihan buhat sa iba’t ibang pananaw na nagtampok sa tatlong bayaning Pilipino. Nasa ilalim ng artistikong direksyon ni Nanding Josef ang nga pagtatanghal.

Ang Dula:

TAUHAN:

TONYO (Antonio Luna)

TONYO:

Mga duwag! Mga mamamatay-tao! Mga traydor!

Mga duwag... Mga mamamatay-tao... Mga traydor... Hinding-hindi mabubura ang dugo sa kamay ng mga taksil, ilan taon man ang magdaan. Hinding-hindi mapapanatag itong aking kaluluwa hangga't nakabaon sa aking gunita ang tatlumpung sugat, ang mahigit sa tatlumpung sugat na ipinataw

ninyo sa akin nang hapong iyon habang nalalagas ang araw sa kanluran. Tatlumpung sugat ng mga duwag. Tatlumpung saksak ng mga berdugo. Tatlumpung hagupit ng mga taksil!

May nakaaalala pa kaya sa bakurang ito? Wala na marahil nakakikilala sa akin. May nakatatanda pa kaya sa hagdang iyon?... kung mayroon mang nalalabing gunita, mga nakatiklop na alaala na lamang marahil sa mga aklat ng kasaysayan. May nakakikilala pa kaya sa kumbentong ito? Dito nila ako pinatay. Dito ako nakahandusay. Dito nagtagumpay ang mga buhong. Dito sa Kabanatuan. Halos isang siglo na ang nakaraan.. Hunyo, mil ocho cientos noventa y seis; Nang umabot sa kaalaman ko ang pagsiklab ng Digmaang Filipino-Americano ay nagbalik ako agad sa Pilipinas at nagtungo sa himpilan ni Heneral Emilio Aguinaldo. Dala ko ang isang liham ng rekomendasyon mula kay Felipe Agoncillo...

"Nais kong maglingkod bilang kawal ng rebolusyonaryong hukbo. Ihinahain ko sa inyong kamay ang aking kapalaran. Pagpasyahan ninyo kung saan ako makatutulong nang pinakamainam. Ang nais ko lamang ay mapanatili ang ating independencia. Ang maitaboy ang mga *norte americanos*."

"Señor Luna... Señor Antonio Luna. Batid po namin ang husay ninyo sa taktikang militar at pagtatatag ng hukbo. Ikinararangal po ng ating batang batang pamahalaan ang inyong paglilingkod, lalo't ito'y iniaalok nang kusang-loob. Hindi lingid sa amin ang pamamalagi ninyo sa mga aklatang-bayan sa Madrid at pagbabasa ng mga libro tungkol sa istratohiyang militar at sciencia militar sa ilalim ni Heneral Leman, ang pinakamahusay na sundalo at isang buhay na bayani sa Belgica."

Nais kong sansalain ang Pangulo. Labis-labis ang salitang iniukol niya sa akin. Ngunit di ko nagawa dahil nang sandaling iyon- kahit kaharap ko ang Pangulo-umaalingawngaw sa utak ko ang istratohiya ni Napoleon, ang mga ideya ni Garibaldi, ang mga taktika ni Espartero, Clonard, Hefter, Bluntschli, Lieber at mga dakilang taktikang-panghukbo. At ang mga aral na sinuso ko sa Europa'y unti-unting nagkakahugis sa aking harapan, nagkakalaman at dugo. Nagbabangon tulad ng mga sandatahang dibdib na sakbibi ng poot sa kaaway at pag-ibig sa bayan. Ang mga pahina na dati'y siyang larangan ng' aking pagpapalano at pakikitalad ay nagiging malawak na kaparangan, susun-susong bundok, tahimik na kakahuya't bukirin. Subalit pinigil ko ang aking pananabik.

"Mahal na Heneral at Pangulo, ako po'y nagbalik di upang magbigay ng utos kundi ang sumunod. Sa tulong ng aking karampot na kaalaman, ako'y makikibaka tulad ng karaniwang kawal, makikipaglaban para sa kalayaan ng ating inang-bayan."

"Señor Luna, Señor Luna. Kailangan kayo ng ating bayan. Hinihirang ko kayo bilang heneral ng hukbo. Heneral Antonio Luna... Heneral Antonio Luna!"

Nang sandaling iyon, namalisbis sa dila ang aking mga kaaway. “Ang taong iya’y ambisyoso’t mapanganib. Hindi siya mapagkakatiwalaan. Siya’y hindi nanganganino o napasusunod kanino man. Mayamaya ninyo’y pag-iinteres na niya ang inyong posisyon”.

“Ang taong iya’y taksil! Itinanggi niya ang Katipunan at pinagkaitan ito ng tulong. Pati ang mga kaibigan niyang kasapi nito’y ipinagkanulo niya sa mga Espanyol upang ipagdiinang wala siyang anumang kinalaman dito! Oo nga’t siya’y ipinatapon sa Espanya, ngunit panandalian lamang siya ikinulong sa Madrid at sa tulong ng mga opisyal na Espanyol ay agad din siyang nakalaya”.

“Luna? Isa na namang Luna? Dios mio! Katulad din iyan ng kanyang mga kapatid. Sabi nga noon ni Don Jose Rizal, *cosas delos Luna!* Mga barumbado’t halang ang kaluluwa! Ang dami-dami niyang nakaaway sa Barcelona. Hindi ba’t nang punahin siya ni Mir Deas, hinamon niya ito ng duelo. Kay-laking eskandalo, pinamimili pa raw niya ng armas si Mir Deas. Aba’y usap-usapan iyan sa Binondo, ’di ba? At nang tumanggi raw ito, ano ang kanyang ginawa? Ginalugad niya ang inuman sa Barcelona at nang makitang umiinom ng kape si Mir Deas sa Café de los Cristales- Jesus Maria y. Jose!- dinuraan niya sa mukha ang peryudista! Barumbado’t walang modo talaga ang Lunang iyan!”

A, habang nakikidigmaang ating bayan, ang nasumpungan ko’y kakaibang labanan. Noon pa ma’y paulit-ulit na akong tinatarakan ng aking mga kalaban. Walang tigil sa panunulsol sa Presidente sina Señor Pedro Paterno at Señor Felipe Buencamino upang mawala ang tiwala nito sa akin. Ipinakulong ko sila dahil sa pagiging autonomista. Dakdak nang dakdak ang mga walanghiya gayong nasa bingit ang buhay ng mga mamamayan. Walang tigil sa pagbabalitaktakan ang mga pulitiko habang nagdurusa ang bayan. Kumikilos ang mga Amerikano, naghuhukay ng mga trinchera, nagtitipon ng lakas, tauhan at armas at ang karampot na senyores at pulitiko ay naghihimas ng bayag at nagbabangayan. Sa panahon ng digmaan, ang walang kapararakang kadalalan ay dapat parusahan ng kamatayan.

Daldal nang daldal habang pailalim- gaya ng gawi ng lahat ng taksil- na ipinagbibili ang ating kaluluwa sa mga kaaway. Hijo de putang mga pulitiko! Kayo ang unang nagkanulo sa ating bayan. Ang mga autonomisra ang mga taksil dahil nais nilang maging bahagi ng Estados Unidos ang kawawa hilang bayan.

Ay, kawawang bayan. Ipinagkanulo ng mga nagdudunung-dunungan. Maging si Apolinario Mabini ay narahuyo sa pakikipagtatalan. Inirekomenda niya kay Aguinaldo ang aking suspensyon. Umaabuso raw ako sa kapangyarihan at gumagawa ng hakbang nang lingid sa Presidente. At si Aguinaldo ay

unti-unting nawalan ng tiwala sa akin. Ang Pangulo'y labis na nakinig sa sulsol ng kung sinu-sinong tagapayo. Higit silang interesado sa pulitika kaysa sa paghahanda sa armadong pakikibaka sa mga dayuhang kaaway. Ang kawawang bayan! Ang namumuno'y dalawang paralitiko. Ang isa'y lumpo ang katawan; ang isa'y lumpo ang isipan. '

At ano ang labis nilang ikinapopoot sa akin? Iniharap ko sa Presidente ang aking planong pandigma.

Kailangan nating ihanda at sanayin ang hukbo. Magtayo tayo ng akademiya-militar upang ang mayamang karanasan ng ating mga kawal ay mapabulas pa ng teorya at taktika, ng heograpiya at kasaysayan, ng geometrico at portipikasyong panlarangan, pagguhit at pagbasa ng mapa. Kailangan nating maghanda ng mga trinchera, at pag-aralang mabuti ang tereno ng ferrocarril mula sa Maynila hanggang Dagupan dahil tiyak na dito sisiklab ang labanan. Ang sinumang kawal ang sumuway sa ating utos ay dapat ipabaril!"

"Heneral Luna... Ang sandata nati'y tibay ng dibdib at lakas ng paniniwala. Noong Rebolusyon, walang akademiya, walang pagsasanay ngunit bawat isa'y handang magsalong ng dugo sa ikaririlag nitong bayan. Hindi sa tinatawaran ko ang iyong mga balak, ngunit maraming bagay ang dapat nating pagkaabalahan. Kailangang isaayos ang mga batas, ang pamahalaan, kailangang ipamata natin sa daigdig, lalo na sa mga Amerikano, ang ating kakayahang mamuno at maging tunay na alagad ng demokrasya".

Tunay ba itong naririnig? Ang aking Presidente, walang pasubaling mahusay at dakilang kawal ay naniniwalang maipagtatagumpay ang digmaan sa pamamagitan lamang ng itak, kamao at tibay ng dibdib! O anong romantikong ideya ng kabayanihan! Kailangan natin ng sandata, ng pondo, ng organisasyong panghukbo, ng trinchera at portipikasyon, ng siyensiya ng digmaan! Hindi sapat ang tibay ng dibdib sa digmaan! Ay, kawawang bayan.

Alam ko... Alam ko kung bakit nagtataingang-kawali ang Presidente sa aking payo. Alam ko kung bakit sa aking likuran ay nililibak ako ng mga kapwa ko sundalo at heneral, ng mga taong nakapaligid sa Pangulo. Ako'y hindi Caviteño. Ako'y hindi nila kasama noong noventey seis. Iyon ang dahilan kaya ako'y kinukutya, kinasusuklanan, kaya bawat balak ko'y binibigo, at ang bawat plano'y inuupasala, at kung maaari lamang, kung magagawa lamang nila agad- ako'y kanilang ipapapatay. Ako'y hindi Caviteño, di nila kasama sa Himagsikan.

Kaya minabuti kong magtatag ng pahayagan. Upang lalo ng maunawaan na sambayanang Pilipino ang kahalagahan ng kalayaan at pakikipaglaban sa mga mananakop na Amerikano. Upang mabuksan ang kanilang isip dahil ang tunay na kalayaan ay di lamang dapat manalaytay sa dibdib at bisig, kundi

higit sa lahat kailangang bumukal sa isipan. Oo, di lamang bala at pulbura ang ating sandata, kundi malusog na kaisipan, mapanuring kamalayan, mapagkilatis na muni. Sapagkat ang kalaba'y maraming balatkayo at patibong. At kung minsa'y nagkukubli ito sa balat ng sariling kapatid at kababayan.

Nagtatag ako ng pahayagan. Aaminin ko, sa gitna ang digmaa'y nangungulila ako sa wika at talinhaga. Sa kabila ng pagkakahawak ko sa gatilyo'y hinahanap ko rin ang aking panulat. Ay, ang rahuyo ng tula. Ng sanaysay, ng liham ng pag-ibig. At sa gitna ng pagsabog ng pulbura, may mga gabing inaapuhap ko ang tanglaw ng bituin.

Kay habang nag-oorganisa ng hukbo at naghahanda sa digmaan, namamatnugot din ako ng pahayagan. Hindi lamang mga Amerikano ang tinuligsa ng aming La Independencia. Inatake rin namin ang mga Pilipinong kumikiling sa mga Amerikano, lalo na ang pulitiko at kagawad ng gabinete. At kami'y nagtagumpay. Ipinagbawal ng mga Amerikano ang paglabas nito sa Kamaynilaan na noo'y teritoryo nila. Palipat-lipat kami ng limbagan. Noong una'y sa silong ng tahanan ko sa Binondo. Sa Pampanga. Tarlac. Pangasinan. At nang mawalan kami ng pondo, sa loob ng bagong tren namin ito inilimbag... habang umuurong ang ating hukbo at tinutugis ng mga Amerikano sa Hilagang Luzon.

Ay, tibay ng dibdib. Ang mga kawal na inabutan ko'y mabibigat ang puwit at pupungas-pungas. Matapang, ngunit kulang ng kaalaman sa pakikidigma. Pinagawan ko sila ng uniporme upang lumakas ang pagkakaisa. Dahil noon, bawat isang pangkat sa ilalim ng bawat pinuno ay may kani-kaniyang uniporme't insinya. Di kasi nga, ang katapata'y sa opisyal na namumuno sa kanila. Hindi sa bayan. Sinanay ko rin sila sa pagbaril. Sa pagtitipid ng bala't pulbura. Pagpaplano ng mga pagsalakay at pagpapatatag ng depensa. "Wag sugod nang sugod! At 'wag tatamad-tamad.' Totoo, kung minsa'y labis ang aking nagiging higpit; Ang mamataan kong tatamad-tamad ay aking sinisigawan, pinagmumumura at pinagsasasampal. "Ang tunay na bayani ng isang bansa ay namamatay sa pag-aalay ng pawis at dugo. Hindi sa labis na katangahan!"

Ay! Ang mga kawal ko't mga kababayan. Sa panahon ng digmaa'y nanatili kaming watak-watak.

Tiyak na sana ang aming tagumpay nang lusubin namin ang garison ng mga Amerikano sa Kalookan. Ngunit para lubusang maitaboy palabas ng Maynila ang mga kaaway, inutusan ko si Kapitan Janolino, na pinuno ng pangkat ng mga taga-Kawit, na tulungan ang pangkat ni Medyor Canlas ng Pampanga. Ano ang sagot na pinaabot sa akin?

"Tumatanggap lamang ako ng utos mula kay Heneral Aguinaldo."

-Ano? Ulitin mo ang isinagot ni Pedrong Kastila? Ng hijo de putang iyon?

'Yon po ang sinabi... Umismid lang po si Kapitan Janolino. Humakbang po saka paasik na sinabing tumatanggap lang daw po siya ng utos mula kay Presidente!'

Dumating ang saklolo ng mga Amerikano. At marami ang nasawi't nasugatan sa mga Pilipino... Naawat lamang ako ng aking mga kasama kaya hindi ko siya nabaril kaagad. Sumulat na lamang ako sa Presidente na tanggalin sa hukbo si Janolino bilang parusa. Ngunit hindi niya ako pinakinggan.

Sa isang sagupaan sa San Fernando, Pampanga, humingi ako ng tulong kay Heneral Tomas Mascardo. Inutusan ko siyang magpadala ng mga kawal. Gayundin ang tugon: "Tumatanggap lamang ako ng utos mula sa Presidente." At ang masaklap pa, sinabi nitong: "Bakit ako susunod kay Heneral Luna? Pareho lamang kami ng ranggo." Hinamon ko siya ng duelo. (*Tatawa*) Sa kainitan ng digmaan, naghahamunan kami ng duelo.

Ay, anong laking siphayo ang aking naramdaman. Ang kabaka ko'y di lamang dayuhan kundi kabalat, kababayan. At ang tiwala ng Presidente sa akin ay tila daloy ng tubig nahumahalugpos sa aking mga kamay. Ay!

Ako ba'y hindi nila lubusang mapagtitiwalaan? Ang batik ba ng ginawa ko noong Himagsikan ay di mapapatawad ni malilimutan? Nang magbalik ako at naghandog ng tulong sa aking kababayan, ang dala-dala ko'y di lamang ang natutuhang karunungan. Kalong ko sa dibdib ang pagsisisi nagawang kasalanan. Mahal ko ang ating bayan. Kailangan bang isulat nang paulit-ulit sa akin ang nagawang pagkukulang?

Nang damputin ako ng mga awtoridad na Espanyol dahil sa hinihinalang pagkakasangkot sa Katipunan, (Tatalikod) kailangan ko bang ipagtapat ang lahat? Naduwag din ako. Natakot. Ako'y kanilang pinahirapan. Hindi ko sinasabi ito upang maibsan ang aking kasalanan. O pangatwiran ang ginawa kong kataksilan. Ngunit hindi na ba ako maaaring bigyan ng isa pang pagkakataon upang patunayang mahal ko, at tapat ako, sa aking bayan?

Ay! Ano'ng galak ko nang matanggap ang telegrama ng Presidente nang araw na iyon. Isang bagong gabinete. Isang bagong pagsisikap na patatagin ang Republika. Makapagsisimula kaming muli. Maaari pa tayong magtagumpay laban sa mga kaaway.

Dalawang araw pagkatanggap ko ng telegrama ni Heneral Aguinaldo, dumating ako sa Kabanatuan. Alas-kuwatro ng hapon. Sa bakurang ito. Tinapunan ko ng tingin ang bahay na bato, ang kumbento. Ang napansin ko'y

nakapaligid dito ang mga heneral mula sa Cavite. Sakay ako ng *carrromata*. Napatigil ako. At gumapang ang kilabot sa aking mga ugat. At naglatay ang galit sa aking dugo.

Naroon si Kapitan Janolino.

"Ano't narito ka pa? Hindi ba't ipinatiwalag na kita sa hukbo dahil sa katigasan ng ulo at karuwagan?"

Tumingin lamang siya sa akin. Saka sinabing "Alam ko."

"Kung gayo'y bakit may mukha ka pang humarap sa akin? Sino ang nagbalik sa iyo sa posisyon?"

"Ang mga opisyal po. Sa itaas."

Nagsiklab ang dibdib ko. Dali-dali-akong umakyat. At nasalubong ko si Señor Felipe Buencamino, ang duwag. Minura ko siya. Nakarinig ako ng gulo sa baba. May nagpapatok ng baril.

"Sinong nagpapatok? Talaga nga palang hindi kayo marunong humawak ng baril!"

Itinaas ni Janolino ang kanyang tabak.

Ay! Sunud-sunod na saksak. Sunud-sunod na putok ng baril. Tatlung sugat mula sa mga duwag. Tatlung sakit mula sa mga taksil. Naramdaman kong nalulusaw ang lakas ng aking tuhod at lumuluha ang aking kalamnan. Hinihila ako ng lupa at inaalipusta ng papalubog na araw habang umalingawngaw ang poot, habang sumisingasing ang kataksilan.

"Mga duwag! Mga mamamatay-tao! Mga traydor!"

Niyakap ako ng lupa. Kinalong ng alikabok. At habang nalalagas ang araw sa kanluran, may narinig akong tinig ng isang matandang babae. "Ano ang ginawa ninyo sa Heneral? Kawawa naman, huwag ninyong patayin,"... Marahil ay pinaglalaruan ako ng nauupos kong balintataw. Ang matandang babae-ang ina ng Presidente- itinanong niya: "Ano ba? Nagalaw pa 'yan?"

Ay, ang kawawa kong bayan.

Subalit habang nariyan ang mga duwag, ang mga berdugo at taksil... ang lahat ay di magwawakas sa katahimikan.

-Wakas-

SUOR CLARA

Floy Quintos

DULANG MAY ISANG YUGTO

“Sa simula
ay ang ipinagbabawal na bunga sa puno,
at ako’y pumitas at pumitas at pumitas.
Anuman ang hugis at amoy,
Anuman ang kulay at salat,
kinopa ko sila na parang manna mula sa langit,
At sa bawat nadagdag na bunga, lalo rin namang napapaibig
sa sarili lamang.”

- La Puta del Mundo
Ronald Baytan
Isinalin mula sa Ingles ni Tagumpay D. Boncan

I believe that a good play should offer an audience a playwright’s world view, his take on issues, his unique and personal statement (hopefully, well-crafted) on an aspect of life. I was turning fifty when I wrote Suor clara in 2010. The play, to put it simply, captured my own view on the process of maturity. Self-acceptance and empowerment that I hoped (imagined? wished?) I had gone through after half a century of life.

I had also wanted to write Clara as a role in the classic “Bida/Kontrabida” mode, an ambiguous character who would challenge the audience to see her seeming amorality, her defiance of convention, her compromise, not just as survival tactics, but as life-affirming choices.

I had offered the role to Shamaine Centenera-Buencamino, as a sort of follow up to Kalungkutan... She read it and said outright that she did not quite understand what the characters stood for. I offered it then to Stella Canete, who had performed in Shock Value and in Fluid, but she had already committed to another production. The Virgin Labfest, which had accepted the play for production, runs on a very tight schedule, and I was running out of time. I had not thought of Frances Makil-Ignacio, and sheepishly I called. She said yes instantly. Next, was the problem of finding a suitable Salvi, and after a few calls, I had Ron Capinding come on board. I will forever be grateful to these two actors for working with a two week timetable. And for saying yes to roles which were not the easiest or most predictable to grasp. “Makil is Magnifico,” wrote Gibbs Cadiz of Frances’ portrayal, which was, in turns wounded, coy, fiercely feminine and sensual.

Lastly, I wanted to write a play that would be a tribute to the genius of Jose Rizal, not by re-writing his plot or cobbling with his novels (I had done that already with Fili and the subsequent musical *Isang Panaginip na Fili*), but by daring to re-imagine his characters and their circumstances. I believe that the true genius of any artist, and the surest value of his body of work, can be measured by how other artist, from other times and worlds, are inspired to draw their own creations.

So here is Maria Clara, in control, unrepentant, unapologetic. The victim has emerged from her prison, victorious. Here is Salvi, tired, world-weary, enamored of his startling and magnificently transformed woman. Here are two people, whom lust and power and machinations have brought together for life. They should be enemies, but they are not. They are both older, less condemning, continually grasping at the last straws of love and dignity. It is Suor clara who chooses to say goodbye. It is Salvi who chooses to let her go.

Maria Clara and Salvi have always been writ large in White and Black. Here, they are writ in misty, shimmering shades of Gray. At fifty, I know this to be the true of the human heart.

Premiered on June 24, 2010 at the Tanghalang Huseng Batute as part of the 6th Virgin Labfest of the Cultural Center of the Philippines.

The material was also awarded 2nd place, *Dulang May Isang Yugto* category, at the Carlos Palanca Memorial Awards for Literature in the same year.

ARTISTIC STAFF

Director and Playwright Floy Quintos
Set and Costume Design Eric Cruz
Stage Manager Joseph Kevin Cardona
Sound Design Janice Dee
Light Design Dave Lim

The Cast Includes

Suor Clara Frances Makil-Ignacio
Obispo Salvi Ron Capinding
MGA TAUHAN

Suor Clara, Madre Superiora ng kumbento ni Santa Clara, lampas apatnapung taong gulang na ang edad.

Ang Obispo Salvi, isang mataas na opisyal ng simbahan lampas limampung taong gulang na ang edad.

TAGPUAN

1898, hating-gabi sa monasteryo ni Santa Clara sa Intramuros.

Nagaganap ang dula sa pribadong silid ni Suor Clara. May kama, may mesang sulatan na puno ng papel at libro, may estante kung saan nakalatag ang isang malaking bibliya.

Isang mamahaling tapiserya ang naghihiwalay sa sala, at sa mismong silid-tulugan kung saan nagaganap ang aksyon. Sa unang tingin, waring simple ang silid at ang mga kagamitan. Ngunit habang pinagmamasdan, mapupuna na piling-pili ang mga gamit, tumetestigo sa pinong panlasa ng namumuhay sa loob nito.

Sa tabi ng kanyang tulugan, may lamesita na may bote ng alak, at isang mamahaling kopita.

Makikitang nagbabasa si Suor Clara, naka-upo siya sa harapan ng estante ng bibliya. Naka-pantulog siya, mahaba't maluwag na puting damit na may katumbas na turban sa ulo. Kung minsan, ang maluwag na pantulog ay dumudulas sa kanyang mga balikat.

Bagama't lumipas na ang kanyang kabataan at bakas sa mukha niya ang kanyang edad, hindi masasabing kupas na si Suor Clara. May taglay pa rin siyang halina. Lalong-lalo na ngayon, na siya'y dalang-dala at napukaw ang damdamin ng kanyang binabasa.

CLARA: “Gabi-gabi, sa higaan, ang mahal ko’y hinahanap, Ngunit hindi masumpungan kahit na sa pangarap. Ako itong bumabangon, sa lungsod naglalakad...”

May maririnig na marahang katok at bulong mula sa labas ng kanyang silid.

SALVI: Clara...Suor Clara...

Bahagyang mapapatigil si Suor Clara. Ngunit paglaon ay magpapatuloy sa kanyang pagbabasa.

CLARA: “Ngunit hindi matagpuan ang sinta kong nililiyag. Sa akin ngang paglalakad, nakita ko’y mga bantay, Sa kanila, ang tanong ko, “mahal ko ay nasaan?...”

Magpapatuloy ang mga katok. Lumalakas at bumibilis.

Hindi matitinag si Suor Clara.

CLARA: “Bigla na lang na nakita ang mahal kong iniilog, Siya’y aking hinawakan at hindi na binitawan...”

SALVI: Suor Clara!

Magpapatuloy sa pagbabasa si Suor Clara.

Patuloy din ang pagkatok. Kaya’t lalakasan ni Suor Clara ang pagbasa.

CLARA: “Hanggang siya’y madala ko sa bahay kong sinilangan. Ipangako niyo sa akin, mga dalaga ng Herusalem...”

SALVI: Clara! Por dios, por santo!

CLARA: Saglit na lang--- “Na ang aming paglalambingan ay di n’yo gagambalain.”

Lumalakas ang pagkatok. Tatayo si Suor clara. At pagbubuksan si Salvi.

Dali-daling papasok si Salvi. Nakatalop sa kanyang katawan ang isang itim na kapa na kanyang agad huhubarin pagpasok ng silid. Sa ilalim ng kapa, ang kulay tsokolateng habito ng isang Pransiskano.

Ngunit ang kanyang estado bilang isang obispo ay inaanunsiyo ng malaking singsing at krus sa leeg.

Aligaga ang obispo. Hindi mapakali at patuloy ang tingin sa direksyon ng pintuan .

Lagi siyang pabulong magsalita. Mukha siyang mas matanda sa kanyang edad, dala na siguro ng kanyang kapangyarihan at estado.

CLARA: Reverencia...

SALVI: Kung nahuli ka pa ng ilang saglit, wala na., nahuli ako sa labas. Padating na ang madreng tanod.

Mula sa labas , maririnig ang tinig ng isang madreng tumatanod.

BOSES NG MADRE: Alas dose han dado....la noche es oscura, serena y tranquilo...Alas dose handado...la noche es escura, serena y tranquilo..

SALVI: Ayan na nga...tamang-tama lang ang pagbukas mo ng pinto. Kung nahuli ka ng ilang saglit...wala na. Natagpuan na ako... Ano yang binabasa mo? Narinig ko ang boses mo mula sa labas...akala ko may kausap ka. Pahingi naman ng konting tubig...Hindi, vino na lang. Mas kelangan ko ang vino...

Tahimik na kukuha si Suor Clara ng alak mula sa lalagyan, Ibibuhos sa kopita, ibibigay kay Salvi.

SALVI: Alam kong nagtatampo ka sa akin, Suor Clara...kung naintindihan mo ang mga nangyayari sa labas ng iyong kumbento. Nagtipon-tipon ang mga Obispo, ang lahat ng representante ng mga sagradong orden, kailangang pag-usapan ang mga kaganapan. Ako na... ako na ang nagpasiya para sa kanila... mga inutil, kitang-kita na nga nila ang nangyayari, hindi pa sila makapagpasya agad.

CLARA: Kung gayon, bakit ka napunta rito, Reverencia?

SALVI: Kailangan kitang makausap, makita. Kaya dali-dali akong nagpaumanhin... at tumungo rito sa kumbento ni Santa Clara... Kung nahuli ka ng ilang saglit, wala na, nahuli na ako... tayo...

Mapapansin ni Salvi ang Biblia na binabasa ni Suor Clara.

Babasahin ang nakabukas na pahina.

SALVI: Ang awit ni Solomon. Suor Clara, hindi nababagay sa isang madre superiora ang mga babasahing ganito. Ano na lang ang sasabihin ng mga ibang madre kapag nalaman nila na binabasa ng kanilang superiora ang Awit ni Solomon?

CLARA: At ano ang masama sa Awit ni Solomon? Kung masama ito, bakit siya sinali sa Bibliya?

SALVI: Kung sabagay, inihalintulad ang awit ni Solomon sa pagnanasa ng ating simbahan sa poon. Walang ibang interpretasyon kundi yon. Hindi ba, Suor Clara?

CLARA: Maaari. Ngunit hindi mapagkakaila na boses ito ng isang dalagang nalulumbay sa pagkawala ng kanyang mangingibig.

SALVI: Basta. Dapat ang tamang interpretasyon ang ibigay. Ano na lang ang sasabihin ng iyong mga madre---

CLARA: Matagal na nilang alam ito. Pinapabasa ko na sa kanila.

SALVI: Shhhh...

CLARA: Kapag kainan na , pinababasa ko kay Suor Agatha ang awit na yan. Maganda ang boses niya kapag nagbabasa. At tinuruan ko siyang basahin ito na may tamang damdamin..

Magbabasa si Clara mula sa awit.

CLARA: “Gabi-gabi, sa higaan, ang mahal ko’y hinahanap, ngunit hindi masumpungan, kahit na sa pangarap...

SALVI: Shhh....

CLARA: Hindi maganda ang boses ko , pagod, magaspang. Kaya’t ang sabi ko kay Suor Agatha, “Kapag binabasa mo yan, Suor Agatha, dapat ang nasa isip mo ay si Venancio.”

SALVI: Sinong Venancio?

CLARA: Ang binatang nagdadala ng karne at gulay dito kapag Miyerkoles. Hindi siya matatawag na guwapo... maitim siya, tahimik, mukhang ladron. Pero kapag naghahatid siya ng karne at gulay, nagtitipon–tipon ang mga novicia. Kunwaring ayaw nilang tingnan si Venancio...kunwaring nakababa ang mga mata nila, ni hindi nag-sasalatan ang mga kamay kapag inaabot ni Venancio ang mga balutan, pero alam kong tinitignan nila ang katawan ng binata.

SALVI: Hesus---

CLARA: ‘Iyan! Iyang nangingintab na katawan ni Venancio...ang mga matatalas niyang mata, ang mga kamay niyang magagaspang pero marahan kapag dumadampi sa mga kamay mo, ang mga nagpipitugan niyang braso... iyan ang dapat mong iniisip kapag binasa mo ang Awit ni Solomon, Suor Agatha.’ Naintindihan niya agad ang gusto ko. Dapat marinig mo si Suor Agatha. Gusto mong ipatawag ko siya?

SALVI: Nababaliw ka na ba?

CLARA: Ako?

Matatawa si Suor clara.

SALVI: Shhh!

CLARA: Hindi, mahal kong Obispo... hindi ako nababaliw. Bakit mo naman naisip iyan?

SALVI: Shhh!

CLARA: Ano ba't lagi mo akong pinatatahimik? Walang dahilan para manahimik. Nandito tayo sa silid ko, sa kumbento ko, walang dahilan para tumahimik pa tayo---

SALVI: Pero kung mahuli ako rito----

CLARA: Anong katontahan yan, kapag mahuli ka rito? Hindi tayo mahuhuli...

SALVI: Kung ganyan ka kalakas magsalita---

CLARA: Alam ng lahat, mahal kong Obispo. Hindi ko ito itinago sa mga kapatid madre

SALVI: Ang pagpunta ko rito?

CLARA: Aba'y oo naman.

SALVI: Clara!

CLARA: Ano yun... Salvi?

SALVI: Sabihin mong nagbibiro ka, Clara?

CLARA: At bakit naman kita bibiruin nang ganyan?

SALVI: Lagi ka nalang ganyan... lagi mo akong tinatakot, tinutukso. 'Sasabihin ko sa lahat, Salvi. Iubunyang ko ang lahat-lahat. Ang buong kwento natin. Malalaman ng lahat ang ginawa mo sa akin. Kung di ka bumalik dito sa susunod na linggo, iubunyang ko ang lahat!"

Muling matatawa si Suor Clara.

CLARA: Kailan mo huling narinig na sinabi ko yan sa iyo?

Hindi makakasagot si Salvi. Mapapa-isip siya.

CLARA: Hindi mo maalala. Hindi mo maalala dahil matagal ko nang hindi sinasabi yan. Noon yon. Nung akala ko pang hindi ko kakayanin. Pero biro lang ang lahat ng iyon. Alam mo naman, hindi ba? Karinyo.

SALVI: Napaka-hapding karinyo, Clara.

CLARA: Pero karinyo, yon lang.

SALVI: -- Hindi ako nakakatiyak, kailanman ay hindi ako nakakatiyak sa iyo.

CLARA: Hindi? Matapos ng dalawampu't limang taon, hindi ka nakatitiyak?

SALVI: Hindi.

CLARA: Kung gayon, bakit ka pa bumalik rito?

SALVI: May kailangan akong sabihin sa iyo. Napakahalaga---

CLARA: Puwes, sabihin mo at pagkatapos ay umalis ka rito. Huwag mo na akong balikan kailanman.

Matatahimik si Salvi. Kukunin ni Suor Clara ang kopita at linuman.

CLARA: O, ano 'yong sasabihin mong napakahalaga? Akala mo yata hindi ko kakayanin? Para namang hindi mo ako kilala.

SALVI: May mga panahon ---tulad ngayon---na hindi nga.

CLARA: Matapos ang dalawampu't limang taon ng pagkakakilala? Ano ba yang dalawampu't limang taon ng paghihintay ng mga katok mo sa hatingsgabi? Ano ba yung dalawampu't limang taong walang katiyakang paghihintay sa iyo... kung darating ka o hindi, kung magtatagal ka rito o hindi. Kung dadaan ka lang at nagmamadali o kung magpapaabot ka ng umaga dito sa silid ko? Ano ba iyong lahat ng iyon? Ngayon sinsasabi mong hindi ka nakatiyak sa akin? Reverencia, ako naman ang binibiro mo.

Muling matatawa si Suor Clara.

SALVI: Shhhh!

CLARA: Natatawa ako, mahal kong Obispo. Huwag mo akong pigilan.

SALVI: Clara, patawarin mo ako kung hindi kita nabisita ng ilang buwan. Alam ko... alam kong yan ang kinagagalit mo ngayon kaya mo ako tinutukso nang ganyan.

CLARA: Buwan? May buwan na bang binibilang? Bilangin natin...

Magbibisperas ng Pasko noong huli kang napasyal rito... Anong buwan na ngayon? Oktubre! Halos isang taon tayong di nagkita, Señor Obispo. Kung di ako nagkakamali, ito na yata ang pinakamatagal na panahon na di tayo nagkita.

SALVI: Pero sana maintindihan mo, Clara. Ang daming nangyayari sa labas nitong kumbento mo. May himagsikan, alam mo ba?

CLARA: Ano ang palagay mo sa akin, Salvi? Na kapag nawawala ka'y nagiging rebultong bulag at bingi? Siyempre, alam ko. Alam naming lahat. Naririnig namin sa gabi ang putukan. Nababasa namin ang mga propaganda.

SALVI: Umaabot dito sa kumbento? Paano?

CLARA: Si Venancio ay kasapi sa mga rebolusyonario. Hindi ko ba nabanggit yon? Kasama ng mga balutan ng karne at gulay ang mga propaganda. Siguro ay lalong nakakadagdag sa kanyang kakisigan ang kanyang pagiging rebolusyonario. Oo nga... kung hindi siya kasapi, mukha lang siyang sanggano at ladron... pero dahil may ipinaglalaban siya, mas nagiging kaakit-akit siya sa mata ng mga madre... lalo na kay Suor Agatha.

SALVI: Naririnig mo ba ang sarili mo, Clara? Alam mo ba yang pinagsasabi mo?

CLARA: Ang katotohanan, pawang yun lamang. Bakit? Anong masama don?

SALVI: Traydor ka pala sa hari! Sa España! Ikaw at ang lahat ng madre rito.

CLARA: Wala kaming ginagawang masama.

SALVI: Nakikisama kayo sa isang rebolusyonario!

CLARA: Binabasa namin ang kanyang mga dalang propaganda. Paano naging kasalanan yon? Binabasa, tulad ng pagbasa namin sa Awit ni Solomon... o sa mga pinuslit na nobela mula sa ibang bansa o sa mga obrang sinulat ng mga Griyego... Plautus, Aristotle, Sophocles...

SALVI: Mga pinagbabawal na libro! Kasulatan ng mga erehe!

CLARA: Walang pinagbabawal na libro sa mga madre ko, mahal kong Obispo... Vino pa?

Tatango ang obispo. Muling pupunuin ni Suor Clara ang kopita niya.

SALVI: Dapat ay pagbawalan mo siya sa pagpunta rito! Iniuutos ko sa iyo. Ngayon din, itigil na ang ugnayan sa taong iyan. Iniuutos ko.

CLARA: Inuutos mo? Nais mong mamatay ang madre ko sa gutom? Siya ang taga-dala rito ng karne at gulay. Kung kasama siya sa himagsikan, wala kaming pakialam doon...

SALVI: Nilalason niya ang mga utak niyo! Nilalagay mo sa panganib ang mga madre mo.

CLARA: Maaaring sang-ayon sa himagsikan ang ilang madre dito, maaaring ang iba'y hindi. Hindi ko sila pinapakialaman, malaya silang mag-isip para sa kanilang sarili.

SALVI: Kung magsalita ka'y parang walang malaking krimen na nagaganap.

CLARA: Wala nga.

SALVI: Anong klaseng kumbento ito, Clara? Anong klaseng madre superiora ka na pinapabayaan mong makipag-ugnayan sa isang rebolusyonario ang mga alaga mo?

CLARA: Anong klaseng kumbento? Gusto mong sabihin ko sa iyo kung anong klaseng kumbento ito, mahal kong Obispo? Kagalang-galang na Obispo? Nakikita mo naman, hindi ba? Isa kang prinsipal ng simbahan, Salvi, maraming dapat asikasuhin sa gitna ng isang nagbabantang himagsikan. Pero dito ka dinatnan ng hatinggabi sa silid ng Madre Superiora ng kumbento. Hindi ka pumasok sa harapan. Ginamit mo ang isang tagong daanan. At pinagbabawalan mo akong tumawa o magsalita dahil... yan... hanggang ngayo'y pinagpapawisan ka sa takot na baka tayo'y mahuli. Hindi naman mangyayari yon. Anong klaseng madre Superiora ako? Alam mo na rin ang kasagutan. Ikaw naman ang pilit nagpasok sa akin dito, hindi ba?

SALVI: Huwag na natin pag-usapan yan...

CLARA: Kung iyan ang nais mo.

Tatalikuran ni Suor Clara ang Obispo.

Tutungo sa kanyang malaking lamesa, pipili ng isa sa mga papeles doon.

Tatanggalin ito sa pagkaka-rolyo, at susuriin.

SALVI: Ano iyang ginagawa mo? Baka naman limbagan na ito ng propaganda ni Venancio?

CLARA: Ah ito? Matagal ko na sanang gustong ipakita sa iyo ito. Mga plano... para sa isang bagong rebulto na balak kong ilagay sa pribado kong kapilya.

Lalapit si Suor Clara sa Obispo, at ipapakita ang nakaguhit sa papel.

CLARA: Tanging mga madre at novicia lang ang makakita. Rebulto ng Mahal na Ina bilang Sedes Sapiente... ang trono ng kaalaman. Tingnan mo, Reverencia... imbes na trono ang inuupuan ng mahal na birhen, mga libro, mapa, instrumento ng syensya, musika at sining na pinagpatung-patong. At ang damit niya ay ginaya sa mga damit ng mga diyosang Griyego. Hindi ko pinatago ang kanyang mga braso, ang kanyang dibidb...

SALVI: Malaking sakrilehiyo ito!

Hahablutin ni Salvi ang papel at pupunitin.

Biglang tatalas ang tingin ni Suor Clara. Manlalamig siya sa Obispo at magiging pormal.

CLARA: Siguro'y pagbalik mo, natapos na ang rebulto. Gawa siya sa bato, kaya natitiyak kong hindi mo siya mawawasak nang ganun-ganon lang.

Pupulutin ni Suor Clara ang mga piraso ng papel, at isasauli sa lamesa.

Titignan siya ng Obispo, wari'y nagmamakaawa.

Hindi siya papansinin ni Suor Clara.

Muling magbabasa si Clara mula sa Awit ni Solomon

SALVI: Clara...

CLARA: Shhhh. Baka mahuli tayo...Reverencia. "Ang irog ko ay makisig, matipuno ang kanyang katawan. Sa sanlibo ay siya lang ang may gayong katangian. Alon-alon ang buhok niya, mahaba at nangingintab. Mahal pa yon sa ginto, kulay uwak ang katulad. "

SALVI: Tama na...

CLARA: “Mga labi niya’y parang liryo, nakakasabik na simsimin, Kamay niya ay maganda, o kay inam pagmasdan...”

SALVI: Utang na loob, Clara... Tama na...

CLARA: “Wari’y garing ang katulad ng buo niyang katawan... Mga hita niya’t binti’y yaong marmol ang kabagay...”

SALVI: Tama na, sabi.

Titigil si Suor Clara at titignan ang Obispo.

SALVI: Clara, nagbabago na ang buong mundo. Bumabaligtad ang lahat. Walang katiyakan ang anumang. Bukas makalawa, maaaring manalo ang himagsikan, paano na tayo?

CLARA: Wala naman akong kinakatakot kung mangyari ‘yon. Hindi naman galit sa amin ang mga rebolusyonario, wala kaming ginagawang masama sa kanila.

SALVI: Paano mo naman alam ang nasaisip ng mga rebolusyonario?...Huwag mo nang sagutin...yang si Venancio mo.

CLARA: Nangako siya sa akin, Salvi. Walang masamang mangyayari sa kumbento ko at sa mga madre ko.

SALVI: Ano kayo ng Venanciong yan?

CLARA: Magkaibigan lang.

Mahigpit na hahawakan ng Obispo si Suor Clara sa balik

SALVI: Pinapapasok mo siya rito? Tuwing hatinggabi, siya ay lihim na papasok sa kumbento at tutuloy dito sa silid mo? Ganon ba ang nangyayari? Ganon ba, Clara?

Kakalas si Suor Clara.

CLARA: Hindi sa hating-gabi! Sa buwang liwayway! Matapos naming awitin ang Martines. Matapos ang kanilang mga labanan. Kung minsan lang. Hindi niya ako inaaraw-araw. Hindi katulad mo noong una....gabi-gabing dumadalaw.

SALVI: Iba ang nangyari sa atin, Clara...batang-bata pa tayo, Hindi ko pa alam ang kapangyarihan ng kapusukan ko...

CLARA: Pero ako, alam na alam ko ang kapusukan mo. Noong una ay kinatatakutan ko, noong una ay kinamumuhian kita...pero ngayon...

SALVI: Pero ngayon may Venancio ka na.

CLARA: Kaibigan ko lang siya...

SALVI: Sinisipingan mo siya!

CLARA: At binabasahan ng mga tula...matapos ang mga laban niya, wala na siyang gusto kundi ang humimlay sa tabi ko habang nagbabasa ako ng tula.

SALVI: Dapat kang kamuhian ng lahat ng iyong mga madre.

CLARA: Wala akong itinatago sa kanila, at ganun din sila sa akin. Nagkakaintindihan kami.

SALVI: Putahan! Isa itong putahan!

CLARA: Lumalabis ka na! Hindi ko papayagan ang ganyang pananalita rito. Makakaalis ka na, reverencia.

SALVI: At ako pa ang pinaaalisan mo rito?

CLARA: Tinawag mo kaming mga bayarang babae. Labis na insulto at napakalaking kasinungalingan.

SALVI: Ano pa ba ang tawag sa ginagawa ninyo kundi kaputahan?

CLARA: Hindi mo maintindihan, Salvi. Hindi mo maintindihan dahil kahit kailan, pinang-hawakan mo ang buhay mo. Ikaw ang nagpapalakad. Ikaw ang may kapangyarihang magpasya. Labis akong nasaktan sa sinabi mo dahil hindi mo pa nararanasan sa buong buhay mo ang mawalan ng kapangyarihan. Ilan ba kami rito ang malayang nagpasyang pumasok sa kumbento? Sinong dalagang takam na takam pa sa buhay ang pipiling pumasok sa kulungang ito? Si Suor Agatha...napakaganda ng boses niya, nais maging isang mang-aawit. Ayaw ng magulang. Ka-demonyohan raw ito . Si Suor Ramona, nagalaw ng isang prayle, at nabuntis. Hindi na niya alam `ang nangyari sa bata.

Gabi-gabi siyang umiiyak. Wala sa amin ang namili, Salvi. Dito kami ipinadala ng mga mas makapangyarihan sa amin. Kung tinutulungan ko silang maghanap ng kahit kaunting kaligayahan na muling magbubuo sa kanilang mga nasirang loob, katungkulan ko iyon sa kanila.

SALVI: Katungkulan mo ang ilapit sila sa Diyos....

CLARA: At gabi-gabing kong pinagdarasal na gan'on na nga ang mangyari.

SALVI: Ha! Uliran ka nga...napaka-uliran mong Madre Superiora..

CLARA: Aba'y salamat. Isa ka ring uliran na prinsipal ng simbahan. Hindi mo alam ang pagpapalakad ko rito, ang itinuturo ko sa kanila. Kung paano silang tinuturuang mag-isip para sa sarili.

SALVI: At magkasala!

CLARA: At hindi ako mapag-sarili. Ang sabi ko nga kay Venancio, "Matanda na ako. Si Suor Agatha ang mas nababagay sa iyo."

SALVI: Kalabisan ito ...

CLARA: Pero ayaw niya sa bata. Iba raw ang kapayapaan na binibigay ko sa kanya. At iba rin ang init .

SALVI: Napakarumi mong madre.

CLARA: Marumi? Paano naging marumi? Kung ganoon ang ibig mong sabihin, mahal kong Obispo, ay siya....Marahil nga. Pero kung ganoo'y, marumi na ako bago ko pa siya sinipingan.

SALVI: Meron pang iba?

CLARA: Pilit mong sinasaktan ang sarili mo, Salvi....

Susubukan ni Salving yapusin si Suor Clara, ngunit kakawala ito.

SALVI: Ano ang nangyari sa aking Clara? Sa aking Maria Clara?

CLARA: Tumanda na siya, at naging makatotohanan.

SALVI: Hindi, hindi ka kailanman tatanda, Clara...Clarita...Ako ba ang sinisisi mo, Clarita? Ako, hindi ba? Huwag kang matakot sabihin ang

katotohanan. Ako ang sinisisi mo sa nangyari sa iyo. Ako ang sumira sa buhay mo!

CLARA: At sinong may-sabing sira ang buhay ko?

SALVI: Hindi pa ba? Sumisiping sa kung kanino, sa mga ladron!

CLARA: Hindi siya ladron. Rebolusyonariong mangka-karne si Venancio.

SALVI: Pinarurusahan mo ako...alam ko na. Napaka-finong parusa. Clara. Puwes, kung hindi pa ako nakakahingi ng tawad sa ginawa ko sa iyo, Clara, ngayon...ngayon ako hihingi ng kapatawaran. Kakaunti lamang ang oras na natitira sa atin, at ayaw kong maghiwalay tayo ngayong gabi ng hindi mo ako pinapatawad sa pagwasak sa buhay mo.

CLARA: Hindi na kailangan.

SALVI: Hindi, kailangan kong gawin ito...para sa ikapapanatag ng aking kaluluwa, kailangan kong gawin ito. Makinig ka, por favor.... At kung iyong mamarapatin, ibigay mo sa akin ang iyong pagpapatawad.

Luluhod si Salvi sa harap ni Suor Clara.

Hindi alam ni Suor Clara kung matatawa siya o mahahabag.

SALVI: Utang na loob... Suor Clara...

Kukunin ni Suor Clara ang bangkito sa harap ng estante ng Bibliya.

CLARA: Bueno, sige...nakakabagot ito, pero kung yan ang gusto mo, sige.

SALVI: Patawad, Clara....pilit kitang pinasok dito sa kumbento. Patawad dahil pilit kong ninakaw sa iyo ang iyong kabataan ...at pilit din kitang pinuntahan gabi-gabi. Kung ang nakikita ko sa harapan ko ngayon ay isang madreng walang moralidad at walang bahid ng pagsisisi..

Matatawa uli si Clara.

SALVI: Shhh. Aakuin ko ang lahat ng ito bilang kasalanan ko. Ano pa? Ah, ng dahil sa aking pagpapabaya, sumisiping ka sa kung kani-kanino. At hindi ko alam kung ano ang ginagawa ninyo sa silid na ito, pero nakatitiyak akong kasalanan ito.

CLARA: Tapos ka na ba?

SALVI: Naisip ko ngayon, ano ang ginagawa noong rebolusyonario mo sa iyo... kapag pumupunta siya rito?

CLARA: At bakit ko sasabihin sa iyo? Senor Obispo, maaaring sa mata mo ako'y isang babaeng walang moralidad...pero hindi mo masasabing ako'y isang babaeng walang urbanidad. Hinding-hindi yon mawawala sa akin. Tapos ka na? Puwes pinapatawad na kita.

Tatayo si Suor Clara.

SALVI: Meron pa akong isang sala na kailangan ng iyong kapatawaran. Inagaw kita sa nobyo mo. Naalala mo pa siya. Hindi ba? Yung una....

CLARA: Huwag mong banggitin ang pangalan niya. Batang-bata pa ako noon. Hindi ko na maalala ang mukha niya. Pero ang pangalan niya? Habang panahon nakatarak sa isipan ko, bagama't... Nakakatawa, 'no? Hindi ko maalala ang mukha ni Ibarra. Ayan, nasabi ko na.

SALVI: At sinisisi mo ako dahil inagaw ko siya sa iyo?

CLARA: Ano ba yang pagsisising sinasabi mo? Nung kinuha mo ako sa kanya, nung una mo akong pinadala rito sa kumbento ni Santa Clara, galit na galit ako. Oo, aaminin ko. Pero, ano ba yang galit na yan? "Ang poot at galit ay kakain sa iyong puso, wawasakin ang iyong kaluluwa. Ang poot at galit ay hahadlang sa pagkilala mo sa Diyos." Si Santa Monica ang nagsabi niyan.

SALVI: Hindi si Santa Clara?

CLARA: Hindi naman gaanong marunong si Santa Clara. Mas gusto ko si Santa Monica, ang ina ni San Agustin. Alam mo ba na ang pinakapaborito kong dasal ni San Agustin? " Poon ko, turuan mo akong labanan ang kamunduhan at mabuhay nang dalisay at mahinahon. Pero huwag muna sa ngayon."

Matatawa si Salvi.

CLARA: Oo, dasal yan ni San Agustin. At yun ang habambuhay kong naggig gabay dito. Nawala ang galit ko sa iyo, nawala ang paghihinayang ko...pati si Ibarra, nakalimutan ko. Noong una, nabuhay ako para sa mga hating-gabing pagbisita mo...paglaon, nanlamig ka, nanawa marahil—

SALVI: Naging abala lang sa simbahan.

CLARA: Sa mga ambisyon mong maging makapangyarihan sa simbahan. Walang bale yun, Natanggap ko na. Ang sabi ko, “Clara...ano ang mangyayari sa iyo? Naging talunan ka na...laruan—...”

SALVI: Hindi laruan...kailanma’y hindi laruan...

CLARA: – ng tadhana. Yon ang sasabihin ko. Huwag mo akong pangunahan. Nasaan na ako...ah, ang sabi ko sa sarili ko, ‘Ano? Magpapatalo ka ba? Magpapaka-buro sa loob ng kumbentong ito? Hindi. Mabubuhay ako. Magbabasa ako. Aawit . Mag-dadasal. Magmamahal nang lubos-lubos. Ako’y matututo. Palalawakin ko ang isipan ko, ang pananaw ko. Walang bawal na libro, walang bawal na karanasan. Bubuksan ko ang aking pagkatao nang ang lahat ay makapasok, ang lahat maging bahagi ko. Wala nang pagsisisi, walang poot o galit. Sa wakas, magkakaroon ako ng kapangyarihan sa sarili kong buhay.

Luluhod si Suor Clara sa harap ng nakaluhod na Obispo.

CLARA: Tingnan mo tayo ngayon, Salvi...ang mahal kong Obispo...at ang kanyang madre superiora. Matanda na tayo, Salvi....Ikaw, lalong-lalo na. Pero ako... hinding-hindi tatanda ang kalooban ko. Aminin mo, mas makapangyarihan ka...pero mas maligaya ako.

Matatawa nang bahagya si Suor Clara. Ganoon din si Salvi.

Susubukan ni Salvi na yakapin sa Suor Clara.

Itutulak siyang papalayo ni Suor Clara.

Para silang mga batang maghaharutan sa sahig.

Mayayakap ni Salvi si Suor Clara. Magpapayakap naman ito.

Para silang mga batang mangingibig na naglalambingan.

SALVI: Makasalanang babae ka. Dapat kang sunugin.

CLARA: At habang sinusunog ako, nanonood ka sa malayo, kasama ang ibang mga Obispo at prinsipeng ng simbahan, lahat kayo nakabalot sa mga kapang ginto, busilak, nakakasilaw.

Dahang-dahan hahalikan ang balikat ni Suor Clara.

SALVI: At sa huling saglit, huhubarin ko ang mga gintong suot at tatakbo patungo sa iyo, yayakapin kita at sabay tayong lalamunin ng malaking apoy na papatay at muling maglilinis sa atin. Walang poot, walang pagsisisi.

Pababayaang ni Suor Clara na siya'y hagkan.

Hindi niya rin matiis si Salvi.

Bigla niya itong yayakapin nang saglit.

Biglang-bigla ring hahawakan ang mukha ni Salvi, parang inang nagpapaliwanag sa anak.

CLARA: Wala akong pinagsisisihan. Buhay ako, mahal kong Obispo, tumatanda pero buhay. At kahit na makasalanang babae ang tingin mo sa akin, patuloy kong bubuksan ang sarili ko sa lahat ng karanasan. Lahat, Salvi...

At kapag humarap na ako sa Diyos at tinanong niya kung ano ang mga kasalanan ko, sasabihin ko sa kanya, "Poon ko, napakarami. Hindi mabilang. Pero eto, nakaharap ako sa Iyo. Siguro naman, ang isang kasalananang nagawa ko--- kung kasalanan man ang lumaban at mabuhay at maging bukas ang loob sa lahat ng karanasan--- siguro nama'y ang isa dun sa mga kasalananang iyon, ang nagdala sa akin sa harap mo, Poon ko."

At kung di man niya ako maiintindihan, maiintindihan ako ni Santa Monica at ni San Agustin. Labis kong ikatutuwa yon.

Kakandungin ni Suor Clara si Salvi at parang inang ihehele ang matanda. Mawawala ang pagkabalisa nito. Maaaninag sa mukha ng Obispo ang katahimikan at kapanatagan.

Maririnig sa labas ang putukan ng mga armas. May laban na nagsisimula.

Mababahala si Salvi. Kakalass siya sa pagkandung ni Suor Clara. Pakikinggan ang putukan.

SALVI: Nakakatakot na ang himagsikang ito, Clara. Noong una, akala ko, hindi sila magtatagumpay. Pero mali ako, mali kaming lahat. Lumalakas ang mga rebolusyonario. At kung magtatagumpay sila, walang nakakaalam kung ano ang mangyayari sa amin. Kailangan kong umalis, Clara. Hindi na ako makakatagal sa bansang ito.

CLARA: Kaya ka pumunta rito ngayong gabi, matapos ang inyong pagpupulong.

SALVI: Hindi na kami ligtas rito, Clara. Kapag magtagumpay ang himagsikan, wala na kaming kapangyarihan. Kailangan naming iligtas ang aming sarili. Bukas, magsisimula na ang paglisan ng ilang opisyal ng simbahan. Isa ako sa mga mauuna.

CLARA: Ah.... Des pues, adios kung gayon.

Tatayo si Suor Clara, isosoli ang kopita sa lamesita, pati na rin ang bangkito sa harap ng estante ng Bibliya, at pupunta sa may lamesa.

SALVI: Clara!

CLARA: Adios, mahal kong Señor Obispo.

SALVI: Pero kung gusto mong sumama....

CLARA: Gusto mo ba akong sumama?

SALVI: Aaminin ko, noong una... ang balak ko lang ay magpaalam na sa iyo. Pero ngayon, gusto na kitang isama. Maaari, ilang sulat lang sa kinauukulan, ilang utos at suhol. Madali ko nang maaareglo ang lahat...

CLARA: At bakit mo naisip na isama ako?

SALVI: Kailangan kita.

CLARA: Ang katawan ko? Nagbibiro ka.

SALVI: Hindi! Hindi ang katawan mo. Oo, yon din...
Pero...pero mas kakailanganin ko ang lakas mo.
Ang matalas mong isip.
Ang kakaibang pananaw.
Ang pag-awit mo.
Ang panunukso mo.
Por dios, por santo, babae,
hindi mo ba ako naiintindihan?

CLARA: Mahal mo na ako, Señor Obispo?

Walang sagot si Salvi.

CLARA: Ang akala ko'y pinagnanasahan lang...

SALVI: Dalawampu't limang taon ng pagnanasa, Suor Clara? Siguro'y matagal na akong namatay sa konsumisyon. Hindi...hindi lang pagnanasa, Clara...

CLARA: Salamat kung gayon.

SALVI: Sasama ka na, kung gayon?

CLARA: Hindi.

SALVI: Hindi?

CLARA: Huwag ka sanang magalit sa akin, Salvi. Pero hindi kita mahal. Oo, mahal, pero di bilang isang mangingibig. Huwag kang malungkot, hindi naman kasama yang pagmamahal na yan sa naging pagsasama natin. Ang akala ko'y pagnanasa lamang. Nagulat ka, Salvi... oo, matapos kitang kamuhian, pinagnasahan din kita. Pero ngayon? Ngayon, nauwi na ito sa isang pagkakaibigan. Oo, pagkakaibigan, dahil gano'n ang turing ko sa iyo, Salvi, maniwala ka o hindi. Isang dating kaaway, ang Señor Enemigo na sa tagal ng panahon ay naging Señor Amigo na rin. Patawarin mo ako kung nasaktan kita ...pero hindi ako sasama.

SALVI: Puñetang Venancio yan!

CLARA: Naku, naku, at nakuha mo pang magselos? Salvi... walang kinalaman si Venancio sa pasya ko.

SALVI: Mas bata siya, alam ko... at maaaring hindi niya pinapabayaan ang mga pangangailan ng katawan mo, pero hindi kayo magtatagal niyan. Hahanap-hanapin mo pa rin ang kakaibang pag-iibigan natin.

CLARA: Ang kakaibang pagkakaibigan natin...

SALVI: ... ganun na nga...

CLARA: Marahil. Hindi ko alam. Walang katiyakan, wika mo nga. Anong bale? Buhay ako at handang-handa sa kahit ano.

SALVI: Kung gayon, sumama ka na sa akin. Bagong buhay, Clara... tatalikuran ko ang pagka-obispo, tatalikuran ko ang lahat, magsasama tayo bilang mag-asawa. Marahil 'yon na ang kailangan ko... ang kailangan mo... asawa... asawang nakasanayan...

pinatawad... tinanggap nang buong-buo. Ako yon, Clara.

CLARA: Masarap isipin... Pero ayoko. Hindi mo ako naiintindihan, Salvi, Ang buong akala ko'y matalik tayong magkaibigan, pero hindi mo ako naiintindihan. Ang tunay na magkakaibigan ay gumagalang sa pangangailangan ng isa't isa, sa luho at kapritso, sa lahat –

SALVI: – Pati na sa pagnanasa at kalibugan ng katawan!

CLARA: – Sa kalayaan, Salvi! Sa kalayaang matagal na pinaglaban at sa wakas ay nakamit! Noong dinala mo ako rito, anong akala mo? Na inilagay mo ako sa hawla? Marahil noong una. Pero hindi na ngayon. Malaya ako rito, Salvi. Maaring tumatanda, maaring di naiintindihan ng iba, maaring kinamumuhian o pinag-uusapan... walang bale sa akin. Malaya ako. Galangin mo yon, kaibigang Salvi. Ngayong gabi, hiningi mo ang aking kapatawaran at binigay ko . Ngayon, hinihiling ko, galangin mo ang aking kalayaan. Hinding-hindi ko ito ipagpapalit sa kahit ano.

SALVI: Tatanda kang mag-isa, Clara. Hindi ka ba natatakot?

CLARA: Habang buhay na akong nag-iisa. Ano ang ilan pang taon?

SALVI: Paalam kung ganon.

Biglang maluluha si Suor Clara, na parang may naalala.

SALVI: Naluha ka? Sasama ka na sa akin?

Dali-daling papahirin ni Suor Clara ang luha sa kanyang mga mata. Ngingiti siya.

CLARA: Hindi... may naalala lang ako. Noong gabing nagpaalam si Ibarra sa akin... duguan siya, sa azotea. Noong sinabi ko sa kanya kung sino ang aking tunay na ama... noong ipinagtapat ko sa kanya ang lahat ng ginawa ko para mailigtas siya... humingi rin siya ng tawad sa akin, tulad ng paghingi mo ng tawad. Naalala ko ngayon. Napaka-hiwaga, hindi ba? Lahat kayo humihingi ng tawad at saka aalis. Ako ang naiiwan. Buhay...

SALVI: At malaya.

CLARA: At malaya. Huwag na tayong magsisihan, Salvi. Sa huling pagkakataon, magpaalaman tayo... walang galit, walang hinanakit... buhay at nagpapatuloy. Paalam , kaibigan Salvi.

Lalapit si Salvi kay Suo Clara.

Marahang hahagkan ito sa pisngi at sa labi, habang nagwiwika.

SALVI: No has muerto. Hindi ka namatay.

CLARA: No... renaces con las flores en cada primavera... Mabubuhay ako, kasama ang mga bulaklak, tuwing tagsibol! Tuwing tagsibol sa bayan mo, alalahanin mo ako.

Kukunin ni Suor Clara ang kapa ni Salvi at iaabot ito sa kanya.

SALVI: Adios, Suor Clara.

CLARA: Adios, Señor Obispo... Señor Enemigo... kaibigan... adios Salvi....

Muling hahagkan ni Salvi ang kamay ni Suor Clara. Matapos ang ilang saglit, pilit na babawiin ni Suor Clara ang kanyang kamay.

Ibabalot ni Salvi sa katawan ang kapang itim at tuluyang aalis.

CLARA: – Adios, Crisostomo Ibarra... adios, Amang Damaso... adios, Kapitan Tiago... sa lahat sa inyo, adios...

Nag-iisa na si Suor Clara. Hahablutin niya ang turban sa kanyang ulo. Lulugay ang kanyang kulay abong buhok.

Maririnig sa di kalayuan ang pag-awit ng mga madre ng Martines, habang tuluyang nagdidilim ang entablado.

- TELON -